

# Ang Kambal na Kahayagan



Ruhi Institute





Aklat 4

# Ang Kambal na Kahayagan

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng dinesenyo ng Ruhi Institute. Ang mga aklat ay nilalayong gamitin bilang pangunahing serye ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at mga nasa hustong gulang sa paglilingkod sa kanilang mga pamayanan. Ang Ruhi Institute ay bumubuo rin ng isang pangkat ng mga kursong nagsasanga mula sa ikatlong aklat sa serye para sa pagsasanay ng mga guro ng Bahá'í na mga klase para sa mga bata, at gayundin ng isa pang pangkat mula sa Aklat 5 para sa pagbabangon ng mga animator ng mga junior youth group. Ang mga ito ay nakatala rin sa listahan sa ibaba. Dapat banggitin na maaaring magkaroon ng pagbabago ang listahan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang bagong mga pamagat ay maidaragdag kapag ang ilang mga elemento ng kurikulum na binubuo ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong nagsasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong nagsasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| | *Lumalawak na Saklaw: Ang pangalawang kursong nagsasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Materyal na Yaman* |
| Aklat 12 | *Pamilya at Pamayanan* |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | *Sumasali sa Talakayang Bayan* |

Copyright © 2007, 2022 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 2.1.1.PE published in March 2022
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Las Manifestaciones Gemelas*
Copyright © 1987, 1997, 2021 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-958-53332-2-2

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to the National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

National Spiritual Assembly of the Bahá'ís of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Paranaque City, Philippines
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Mga Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor .......................... v

Ang Kadakilaan ng Araw na Ito ........................... 1

Ang Buhay ng Báb ............................................ 17

Ang Buhay ni Bahá’u’lláh .................................. 73

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Sa panahong umabot na ang mga kalahok dito, sa ikaapat na kursong inihahandog ng Ruhi Institute, malinaw na nakasulong na sila sa landas ng paglilingkod na ibinubukas ng pangunahing serye nito. Anupaman ang kanilang pinanggalingan nang pumasok sila sa Aklat 1, sa ngayon ay nakatalaga na sila sa larawang-isip ng indibidwal at sama-samang pagbabago na inilalarawan sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh. Alinsunod sa layuning ito, sinimulan na nilang buuin ang kaugaliang basahin ang Kaniyang mga salita sa araw-araw at kumukuha ng espiritwal na sustansiya, kapuwa mula sa mga pagtitipon upang manalangin at sa mga sandali ng tahimik na paglilimi, sa mga dalangin at mga payong ipinahayag Niya. Natututo na silang makipag-usap sa mga kaibigan at mga kakilala tungkol sa mga simulaing espiritwal na sinabi Niya at dumadalaw na sila sa mga tahanan sa kanilang nayon o kapitbahayan upang talakayin ang mga katuruang dinala Niya upang muling itatag ang daigdig. Ang mga ilan ay nagtuturo na ng mga klase para sa espiritwal na edukasyon ng mga bata. Sa yugtong ito sa landas ng paglilingkod, kung gayon, ay handa na sila—sa katunayan, ay sabik na—upang malaman ang higit pa tungkol sa buhay Niya, na ang Kaniyang mga katuruan ay nagkaroon ng napakalakas sa impluwensiya sa kanila, at upang magtamo ng higit na malalim na pagpapahalaga sa mga kalagayan ng kasaysayan sa panahon ng kapanganakan at unti-unting pamumukadkad ng Kaniyang Rebelasyon. Ang tatlong yunit na bumubuo sa Aklat 4 ay naglalayong magbigay sa mga kalahok ng ganoong pagkakataon.

Ang buhay ng isang Kahayagan ng Diyos, mangyari pa, ay lubos na naiiba doon sa ibang mga tao, at ang Kaniyang kadakilaan ay hindi mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral lamang sa mga pangyayaring naganap sa palibot Niya. Sa mga taon kung kailan nabubuhay Siya sa lupa, ang Kaniyang hindi karaniwang mga kapangyarihan ay lumalaganap sa buong planeta, nagsasanhi ng napakalaking pagbabago sa realidad ng lahat ng nilikhang bagay at ibinubunsod ang sangkatauhan tungo sa panibagong yugto ng pag-unlad. Bagaman sa panlabas na mga mata, ang buhay Niya ay waring punong-puno ng mga kahirapan, nakikita ng mga matang espiritwal sa bawat pangyayari ang mga palatandaan ng Kaniyang kaluwalhatian at kamahalan. Upang ihanda ang mga kalahok para sa pag-aaral ng mga talambuhay nina Báb at Bahá'u'lláh, na tinatalakay sa pangalawa at pangatlong mga yunit ayon sa pagkakabanggit, sa unang yunit ay hinihiling sa kanilang pag-isipan ang kahalagahan ng Araw kung kailan tayo ay nabubuhay, isang Araw na sumaksi sa pagdating ng dalawang Kahayagan ng Diyos.

Ang yunit ay medyo maikli. Binubuo ito ng ilang mga sipi mula sa mga kasulatang Bahá'í na nagsasabi tungkol sa kadakilaan ng Araw ng ito, at kasama ang ilang payak na mga pagsasanay. Nang magkasama, tutulutan nitong magawa ng mga kalahok ang nilay-nilayin, hindi lamang ang likas na katangian ng sandaling ito sa kasaysayan, kung kailan ang kaisahan ng sangkatauhan sa wakas ay maaari nang maganap, bagkus ay gayundin ang mga tungkuling ipinapataw ng kaalamang ito sa bawat isa sa atin. Dapat mabatid ng yaong mga naglilingkod bilang mga tutor ng Aklat 4 na ipinapalagay na taglay na ng mga kalahok ang isang pangunahing pag-unawa sa ilang mga konseptong batayan ng Pananampalataya, na natamo nila kapuwa mula sa kanilang pag-aaral ng naunang mga kurso at sa kanilang pakikilahok sa

pamumuhay ng kanilang pamayanan. Na tinutukoy ng lahat ng mga aklat ng mga nakaraang relihiyon ang ipinangakong Araw ng Diyos kung kailan ang kapayapaan at katarungan ay maitatatag sa lupa, na itinaas ni Bahá'u'lláh ang bandila ng kapayapaang pandaigdig at tinawagan ang sangkatauhan upang tanggapin ang saligang kaisahan nito, na ibinaling Niya ang pansin ng pamayanan ng Kaniyang mga tagasunod sa layunin ng isang bagong kaayusang pandaigidg—ang mga ito ang ilan sa mga konseptong pinagsasaligan ng talakayan sa yunit ng "Ang Kadakilaan ng Araw na Ito."

Itinatala ng kasunod na dalawang yunit ang mga pangyayaring nagbunsod sa Pananampalataya mula sa itinadhanang gabing iyon noong 1844 nang ipahayag ng Báb ang Kaniyang Misyon, hanggang sa madaling araw pagkalipas ng halos limampung taon, nang pumanaw ang espiritu ni Bahá'u'lláh mula rito sa makalupang larangan ng buhay. Itong pagsasaysay ayon sa panahon, lalo na sa pangatlong yunit tungkol sa buhay ni Bahá'u'lláh, ay pinupunuan ng mga sipi mula sa mga Kasulatan, na nagbibigay-liwanag sa ilang mga temang espiritwal na nauugnay sa katauhan ng Kahayagan. Ang ilan sa mga siping ito ay sinusundan ng mga pagsasanay; ang mga iba naman ay humihingi lamang ng pag-ulit sa pagbasa at personal na paglilimi. Samantalang nanaisin ng tutor na titiyaking magtatamo ang mga kalahok ng masusi at masistemang kaalaman ukol sa mga buhay ng Báb at ni Bahá'u'lláh habang pinag-aaralan nila ang mga yunit, ang lubos na mahalaga ay ang mahihimalay nilang napakalalim na mga katotohanang espiritwal mula sa mga pangyayaring inilalarawan.

Sa paghahandang akayin ang isang grupo sa pangalawa at pangatlong yunit, kung gayon, dapat bigyan ng tutor ng maingat na pag-iisip ang tinatalakay na mga temang espiritwal. Kabilang sa mga ito, halimbawa, ay na naihahayag ang bawat banal na Tanglaw sa daigdig ng sangkatauhan hindi sang-ayon sa sarili Niyang pagpipili, bagkus ay alinsunod sa Kalooban ng Diyos, at ipinagkaloob sa Kaniya ang likas na kaalaman; na ang mga unang kumilala sa Kaniyang Katayuan ay tinatawagang maghandog ng mga gawa ng matinding kagitingan, mga gawang sasaksi sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Kaniyang Pananampalataya; na tinatanggap Niyang tiisin ang isang buhay ng pagdurusa upang magabayan ang sangkatauhan tungo sa katotohanan at upang maipabatid sa mga nilikha ng Diyos ang Kaniyang Kalooban at layunin; at, na walang kapangyarihan sa lupa, gaanuman kalakas, ang magtatagumpay sa pagsupil sa Kaniyang impluwensiya o sa paghadlang sa Kaniya mula sa pagtupad sa Misyong ipinagkatiwala sa Kaniya. Kaugnay nito, ang isang mahalagang konseptong tinatalakay sa pangatlong yunit ay ang krisis at tagumpay. Ang isang pag-unawa sa konseptong ito—na ang bawat krisis sa Kapakanan ng Diyos ay nagsisilbing ilabas ang isang panibagonog sukat ng kapangyarihang likas nitong taglay—ay napakahalaga para sa lahat ng mga tumatahak sa landas ng paglilingkod, hindi lamang upang mapahalagahan nila ang kasaysayan ng Pananampalataya bagkus gayundin ay upang makatulong sila sa patuloy nitong pamumukadkad sa sarili nilang mga kapitbahayan at mga nayon, isang prosesong laging dumadaan sa isang serye ng mga krisis at mga tagumpay.

Ang pagninilay-nilay sa mga temang katulad nito ay makatutulong sa mga kalahok upang mabatid sa mga pangyayaring nauugnay sa mga buhay ng Báb at ni Bahá'u'lláh ang alab ng Kanilang pag-ibig sa sangkatauhan at ang napakadakilang katangian ng Kanilang magkasunod na mga Misyon. Magsisilbi itong ilapit ang kanilang mga puso sa mga Kahayagan ng Diyos at gawing matatag ang kanilang mga yapak sa landas ng paglilingkod sa Kaniyang Kapakanan. Pahuhusayin din nito ang kanilang kakayahang makipag-usap sa mga iba tungkol sa katauhan ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang Rebelasyon, isang kakayahang sinimulan nilang paunlarin mula sa pag-aaral nila ng kasaysayan ng Kaniyang buhay sa Aklat 2. Sapagkat ang kakayahang ibahagi ang kasaysayan ng Kaniyang buhay at ang buhay ng Kaniyang Tagapauna

sa paraang makatitimo sa puso ng tagapakinig ay nababatay, nang higit sa lahat, sa isang pag-unawa sa kahalagahang espiritwal ng mga pangyayaring ikinukuwento. Mangyari pa, kailangan din ng maraming pagsasanay, at dapat tiyakin ng tutor na mabigyan ang mga kalahok ng sapat na pagkakataong ikuwento sa isa't isa ang mga pangyayari mula sa mga buhay ng Kambal na Kahayagan. Maaari pa ngang magawa ng ilang mga kalahok na isama ang kanilang mga pinag-aaralan sa mga usapang nagaganap sa mga kaibigan at mga kapitbahay bilang bahagi ng serye ng mga pagdalaw sa kanilang mga tahanan. Upang matulungan sila sa ganoon at sa iba pang mga pagkakataon, ang isang buklet ng mga drowing na may maikling mga paliwanag ay isinama sa bawat isa ng dalawang yunit ng kasaysayan. Ang mga buklet na ito ay maaaring kopyahin, ayon sa pangangailangan, o maaari ding i-download mula sa pampublikong website ng Ruhi Institute.

Mahalagang banggitin dito, na ang mga pangyayaring nauugnay sa mga buhay ng Kambal na Kahayagan ay itinala sa mga yunit sang-ayon sa petsang Gregorian kung kailan iyon ay naganap. Sa ngayon, ang mga anibersaryo ng pinakamahalagang mga pangyayari ay ipinangingilin sa petsang Bahá'í ng mga ito, alinsunod sa mga itinakda sa kalendaryong Badí' at ang katumbas nitong petsang Gregorian ay maaaring mag-iba sa bawat taon. Hindi na kailangang talakayin pa ng tutor ang bagay na ito sa mga miyembro ng grupo; unti-unti itong magiging malinaw sa kanila habang nakikilahok sila sa pangingilin ng mga Banal na Araw sa kanilang pamayanan. Sa katunayan, sa ganoong mga pagkakataon at sa iba pang sama-samang mga gawain, ang mga pangyayari mula sa mga buhay ng mga Kahayagan at ang unang mga araw ng Pananampalataya ay madalas na isinasaysay, at ito ay magbibigay sa mga kalahok ng higit pang malalim na pag-unawa sa mga kalagayan sa kasaysayan na nagbigay ng panimulang pagbunsod sa mga prosesong isinusulong nila sa ngayon sa kanilang nayon o kapitbahayan.



# Ang Kadakilaan ng Araw na Ito

## Layunin

Upang magtamo ng malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng Araw na ito at sa pangakong taglay nito para sa sangkatauhan

## BAHAGI 1

Pinagpala tayong nabubuhay tayo sa isang bukod-tanging panahon sa kasaysayan ng sangkatauhan—isang panahong sinimulan ng dalawang Kahayagan ng Diyos, si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang Tagapagbalita, ang Báb, na Sila ay dumating upang muling gawing bago ang lahat ng nilikhang bagay. Mapagmamasdan natin sa pamamagitan ng sarili nating mga mata kung paano binabago ang lipunan ng mga puwersang pinawalan Nila, kung paano ang isang lumang daigdig ay naglalaho at ang isang panibago ay naitatatag bilang kapalit nito. Mangyari pa, totoong ang paglaho ng lumang kaayusan ay may kasabay na pagdurusang di-maisaysay. Hindi nating maiwasan ang maapektuhan at lubos na malungkot sa pagkawasak at pagdurusang nagaganap sa ganoong kalawak na antas. Subalit hindi tayo nagagapi, sapagkat batid nating ang daigdig ay patuloy na sumusulong patungo sa maluwalhating kabihasnang nasa larawang-isip ni Bahá'u'lláh.

Ito ang Araw ng Diyos. Ang mabuhay sa Araw ng Diyos ay isang biyayang walang katumbas; gayundin ay ipinahihiwatig nito ang mabigat na mga pananagutan. Upang mapahalagahan kung gaano kalaki ang biyayang ito at upang mabisa nating matupad ang ating mga tungkulin, kailangang madalas nating pag-isipan ang kahalagahan at kadakilaan ng Araw na ito, upang higit at higit pang tumaas ang ating kabatiran sa layunin ng Diyos para sa sangkatauhan. Ang layunin ng yunit na ito, na hindi gaanong mahaba, ay upang maging bihasa kayo sa ilang mga sipi mula sa mga kasulatang Bahá'í na tumutukoy sa kahalagahan ng panahon kung kailan tayo ay nabubuhay. Bago pag-aralan ang mga siping ito at nilay-nilayin ang kahulugan nito, maaaring makatulong sa inyo ang tukuyin, kasama ng iba pang mga miyembro ng inyong grupo, ang ilan sa mga tagumpay na nais ng Diyos na makamtan ng sangkatauhan para sa kasalukuyan. Ang pagkakaisa ng lahat ng mga sambayanan ng daigdig sa iisang pandaigdigang pamilya, tulad ng ating nalalaman, ay isa sa mga layuning makakamit sa panahong ito. Ano ang ilan pa sa mga iba?

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

## BAHAGI 2

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Tunay na sinasabi Ko, ito ang Araw na makikita ng sangkatauhan ang Mukha, at maririnig ang Tinig ng Siyang Ipinangako. Ang Tawag ng Diyos ay itinaas na, at ang liwanag ng Kaniyang mukha ay sumikat sa mga tao. Tungkulin ng bawat tao ang burahin ang bahid ng bawat salitang walang katuturan mula sa tableta ng kaniyang puso, at tumingin, nang may bukas at walang-kinikilingang kaisipan, sa**

**mga palatandaan ng Kaniyang Kahayagan, sa mga katibayan ng Kaniyang Misyon, at sa mga tanda ng Kaniyang kaluwalhatian."[1]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Sa Araw na ito, makikita natin ang ____________________ , at maririnig ang ____________________ , ng Siyang Ipinangako.

   b. Ang ___________________________ ay itinaas na, at ang ________________ ng Kaniyang ____________________________ ay sumisikat sa atin.

   c. Tungkulin natin ang burahin ang _________________ ng bawat ________________ ________________________ mula sa ating _______________ at tumingin, nang may ____________________ at ____________________________________ kaisipan, sa ________________________ ng Kaniyang Kahayagan, sa ____________________ ng Kaniyang Misyon, at sa _________________ ng Kaniyang kaluwalhatian.

2. Alin sa sumusunod ang mga kaisipang nakapipigil sa mga tao mula sa pagkilala sa katotohanan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh?

   _____ "Ang relihiyon ng aking mga magulang ay sapat na sa akin."

   _____ "Ang sangkatauhan ay nangangailangan ng espiritwal na tagsibol."

   _____ "Ang relihiyon ay mabuti para sa kanilang mga nangangailangan nito."

   _____ "Ang relihiyon ay sanhi lamang ng pag-aaway, kung gayon ay dapat nang alisin na ito."

   _____ "Sa abot ng aking pag-unawa, ang lahat ng relihiyon ay halos magkapareho lamang, kung gayon ay walang pagkakaiba kung saan ka man kasapi."

   _____ "Itinakwil na ng Diyos ang sangkatauhan."

   _____ "Ang lahat ng bagay ay kailangang baguhin, kasama na ang relihiyon."

   _____ "Pinatutunayan ng agham na walang Diyos. Lahat ng ating mga suliranin ay malulutas kung gagamitin natin ang kapangyarihan ng katwiran."

   _____ "Ayaw kong italaga ang aking sarili sa alinmang relihiyon."

   _____ "Hindi ko kailangan ng relihiyon upang maging espiritwal."

   _____ "Dapat hayaan ang bawat indibidwal na makilala ang Diyos sa sarili niyang paraan. Bakit pa natin kailangan ang Kahayagan?"

   _____ "Nasa atin na ang mga Santong Kasulatan ng sarili nating relihiyon. Hindi na kailangan pa ang isang bagong Kahayagan."

3. Alin sa mga sumusunod ang mga palatandaan ng kaluwalhatian ni Bahá'u'lláh?

   _____ Ang kahusayan ng Kaniyang pananalita

   _____ Ang tumatagos na kapangyarihan ng Kaniyang salita

______ Ang pagbabagong nagaganap sa mga puso ng yaong mga nauugnay sa Kaniyang mga Kasulatan

______ Ang impluwensiya ng Kaniyang mga katuruan sa mga kaisipan at mga kilos ng mga tao

______ Ang impluwensiya ng Kaniyang mga katuruan sa pinatutunguhan ng kasaysayan

______ Ang kadakilaan ng Kaniyang larawang-isip para sa kinabukasan ng sangkatauhan

______ Ang mga paghihirap at pagdurusang tinanggap Niya alang-alang sa sangkatauhan

______ Ang Kaniyang paghahari sa kabila ng pag-uusig ng mga makapangyarihan sa daigdig

______ Ang kapangyarihan ng Kaniyang mga katuruan upang pagkaisahin ang mga tao mula sa bawat relihiyon at pinanggalingan

______ Ang patuloy na paglaki ng pamayanan ng Kaniyang mga tagasunod

______ Ang kapangyarihan ng Kaniyang Kasunduan upang mapagtagumpayan ang bawat balakid at upang panatilihin ang pagkakaisa ng Kaniyang Kapakanan

______ Ang karingalan ng Kaniyang Kaayusang Pampangasiwaan

______ Ang paraan ng pagsulong ng daigdig patungo sa Kaniyang larawang-isip

## BAHAGI 3

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Tunay na dakila ang Araw na ito! Ang mga parunggit na ginawa dito sa lahat ng banal na mga Kasulatan bilang Araw ng Diyos ay sumasaksi sa kadakilaan nito. Ang kaluluwa ng bawat Propeta ng Diyos, ng bawat Banal na Tagapamalita, ay nauhaw para sa kamangha-manghang Araw na ito. Ang lahat ng magkakaibang mga kamag-anakan ng daigdig, gayundin, ay nanabik na makamtan ito. Agad nang maihayag ang Bituing-araw ng Kaniyang Rebelasyon sa kalangitan ng Kalooban ng Diyos, ang lahat, liban lamang sa mga minabuting gabayan ng Diyos, ay natagpuang hindi makakibo at pabaya."**[2]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Tunay na ______________________ ang Araw na ito! Ang mga parunggit na ginawa dito sa lahat ng ____________________________________________ bilang ________________________ ay sumasaksi sa __________________________ nito.

   b. Ang kaluluwa ng bawat ______________________ ng Diyos, ng bawat __________ ________________________ , ay ________________ para sa _________________ Araw na ito.

c. Ang lahat ng ____________________________________ ng daigdig, gayundin, ay _____________________ na ___________________ ito.

d. Agad nang ______________________ ang Bituing-araw ng Kaniyang Rebelasyon, ang lahat, liban lamang sa mga ___________________________________________ ng ______________ , ay natagpuang _________________ at __________________ .

2. Mula sa sipi sa itaas, malinaw na ang Araw na ito ay ang araw ng katuparan. Ipinangako ng lahat ng mga Propeta at mga Sugo ng Diyos ang pagdating ng isang Araw kung kailan ay maitatatag sa lupa ang kapayapaan at pagkakasundo. Tinutukoy ni Bahá'u'lláh sa sipi yaong mga, bagaman sabik na hinihintay ang pagdating ng ipinangakong Araw, ay hindi Siya tinanggap nang ipahayag Niya ang pagdating niyon. Maraming sipi ang nagugunita kapag iniisip ang isang kaluluwang kumikilala kay Bahá'u'lláh. Punuan ang bawat patlang sa ibaba gamit ang angkop na salita: pagkagising, katiyakan, kamalayan, pagtitiwala, pag-asa.

a. Ang pagbabagong kalagayan mula sa pagkatulog tungo sa __________________

b. Ang pagbabagong kalagayan mula sa kapabayaan tungo sa __________________

c. Ang pagbabagong kalagayan mula sa kalungkutan tungo sa _________________

d. Ang pagbabagong kalagayan mula sa paghihinala tungo sa __________________

e. Ang pagbabagong kalagayan mula sa pag-aalinlangan tungo sa ______________

3. Ano sa inyong palagay ang nagbubukas ng isang puso sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh?

## BAHAGI 4

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ito ang Araw na ibinuhos sa mga tao ang pinakamabuting kagandahang loob ng Diyos, ang Araw na inilalin sa lahat ng nilikhang bagay ang Kaniyang napakalaking biyaya. Tungkulin ng lahat ng sambayanan ng daigdig ang pagkasunduin ang kanilang mga hidwaan, at sa lubos na pagkakaisa at kapayapaan, ay manahan sa ilalim ng lilim ng Puno ng Kaniyang pangangalaga at mapagmahal na kagandahang-loob. Nararapat sa kanila ang mangapit, sa Araw na ito, sa anumang makatutulong sa pagdadakila ng kanilang mga katayuan, at sa pagtataguyod ng kanilang pinakamabuting kapakanan."**[3]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Sa Araw na ito, ang pinakamabuting __________________________ ng Diyos ay _______________ sa sangkatauhan.

b. Sa Araw na ito, ang napakalaking ________________________ ng Diyos ay ______________________ sa lahat ng nilikhang bagay.

c. Dapat _________________ ng lahat ng mga sambayanan ng daigdig ang kanilang mga __________________ , at sa lubos na ___________________________ at ________________ , ay manahan sa ilalim ng lilim ng _________________ ng Kaniyang ___________________ at _________________________________ .

d. Dapat mangapit ang mga sambayanan ng daigdig sa anumang makatutulong sa _________________________ sa kanilang mga ________________________, at sa _________________________ ng kanilang _______________________________ .

2. Ano ang ilan sa mga “pinakamabuting kagandahang loob” na ipinagkaloob ng Diyos sa sangkatauhan sa Araw na ito? ___________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng salitang “makatutulong” sa sipi? ______________________

______________________________________________________________________

4. Gumawa ng listahan ng mga bagay na iyong magagawa upang maitaguyod ang pinakamabuting kapakanan ng sangkatauhan: _______________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 5

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ito ang Araw na ang Karagatan ng pagpapala ng Diyos ay inihayag sa mga tao, ang Araw na ang Bituing-Araw ng Kaniyang mapagmahal na kagandahang-loob ay nagsabog sa kanila ng ningning nito, ang Araw na ang mga ulap ng Kaniyang masaganang pagpapala ay lumililim sa buong sangkatauhan. Ngayon na ang panahon upang pagalakin at panariwain ang nalulungkot sa pamamagitan ng nagbibigay-siglang simoy ng pagmamahal at pakikisama, at ng nabubuhay na tubig ng pakikipagkaibigan at pagkakawanggawa."**[4]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Sa Araw na ito, ang karagatan ng ______________________________ ng Diyos ay ________________________ sa sangkatauhan.

   b. Sa Araw na ito, Ang Bituing-Araw ng Kaniyang _____________________________ ay ______________ ng _________________________ nito sa sangkatauhan.

   c. Sa Araw na ito, ang mga ulap ng Kaniyang _________________________________ ay _______________ sa buong sangkatauhan.

   d. _________________ na ang panahon upang ________________________ at _______________________ ang nalulungkot sa pamamagitan ng nagbibigay-siglang simoy ng _________________ at _________________________ , at ng nabubuhay na tubig ng ____________________ at ___________________ .

2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapagalak at nagpapasigla sa isang sambayanan?

   ______ Pagtatamo ng pagkakataong magkaroon ng edukasyon

   ______ Pagtataas ng kakayahang makipagsanggunian

   ______ Kinahahabagan

   ______ Nakikinabang mula sa pagsulong ng agham

   ______ Hinihikayat na suportahan ang isa o iba pang partido pulutika o pangkat

   ______ Binabasa at ibinabahagi ang Salita ng Diyos

   ______ Nakukumbinsing utangin ang mga bagay na hindi kinakailangan

   ______ Pagtataglay ng higit na mataas na kamalayan sa kahalagahan ng pananalangin

   ______ Pagtanggap ng paghimok para sa kanilang mga pagsisikap

   ______ Pagtataglay ng kakayahang maiharap ang mga hinaing nang mahusay at matatas sa mga awtoridad sa mga paraang legal

   ______ Pakikilahok sa mga kilusang protesta

   ______ Pag-inom ng alak upang malimot ang mga suliranin

______ Pagtamasa ng mga kapakinabangan ng sistema ng pangangalaga sa kalusugan

______ Pagkakaroon ng malapit na nightclub kung saan pwedeng magkaroon ng katuwaan

______ Pagkilala sa Kahayagan ng Diyos para sa araw na ito

______ Inaasahan ang kapangyarihan ng banal na tulong

## BAHAGI 6

Sinasabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ang paninimbang ng daigdig ay nagulo sa pamamagitan ng nakayayanig na kapangyarihan nitong pinakadakila, nitong bagong Pandaigdig na Kaayusan. Ang maayos na pamumuhay ng sangkatauhan ay biglang nabago sa pamamagitan nitong bukod-tangi, nitong kahanga-hangang Sistema—na ang katulad nito ay hindi pa kailanman nasaksihan ng mata ng tao.**

**"Itubog ang inyong mga sarili sa karagatan ng Aking mga salita, upang matastas ninyo ang mga lihim nito, at matuklasan ang lahat ng mga perlas ng karunungang natatago sa mga kailaliman nito. Mag-ingat na kayo ay hindi mag-ulik-ulik sa inyong matibay na pasiyang tanggapin ang katotohanan ng Kapakanang ito—isang Kapakanang sa pamamagitan nito ang mga natatagong lakas ng kapangyarihan ng Diyos ay nabunyag, at ang Kaniyang naghaharing kapangyarihan ay naitatag."**[5]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang ______________________ ng daigdig ay ________________ sa pamamagitan ng nakayayanig na ______________________ nitong pinakadakila, nitong _________________________________________________.

   b. Ang _________________________________ ng sangkatauhan ay ____________ _______________ sa pamamagitan nitong _________________, nitong kahanga-hangang _______________ .

   c. Dapat nating _________________ ang ating mga sarili sa ________________ ng Kaniyang mga salita, upang ________________ natin ang mga ________________ nito, at _____________________ ang lahat ng mga perlas ng _________________ natatago sa mga kailaliman nito.

   d. Hindi tayo dapat _____________________ sa ating ______________________ tanggapin ang ____________________ ng Kapakanang ito.

e. Ito ay isang Kapakanang sa pamamagitan nito ang ______________________ ng ________________ ng Diyos ay ____________________, at ang Kaniyang ___________________ ay naitatag.

2. Ano ang kahulugan ng salitang "paninimbang"? _________________________

_____________________________________________

3. Ano ang gumulo sa paninimbang ng daigdig? ___________________________

_____________________________________________

4. Ano ang ilang mga palatandaang nawala na ang paninimbang ng daigdig? ______

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

5. Ano ang ilang mga palatandaang biglang nabago ang pamumuhay ng sangkatauhan?

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

6. Ano ang "kahanga-hangang Sistema" na tinutukoy ni Bahá'u'lláh?_____________

_____________________________________________

7. Paano natin itutubog ang ating mga sarili sa karagatan ng mga salita ni Bahá'u'lláh?

_____________________________________________

_____________________________________________

8. Ano ang epekto sa ating mga kaisipan kapag itinutubog natin ang ating mga sarili sa karagatan ng Kaniyang mga salita? ___________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

_____________________________________________

9. Ano ang epekto sa ating mga kilos kapag itinutubog natin ang ating mga sarili sa karagatan ng Kaniyang mga salita? ____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

10. Saan nagmumula ang espiritwal na lakas na kinakailangan nating upang magpunyagi para sa pagtatatag ng Kaayusang Pandaigdig ni Bahá'u'lláh? ____________________

____________________

11. Ano ang kahulugan ng salitang "mag-ulik-ulik"? ____________________

____________________

12. Ano ang epekto sa ating espiritwal na lakas kapag nag-ulik-ulik tayo sa pagtanggap sa katotohanan ng Kaniyang Kapakanan sa lubos na kabuuan nito? ____________________

____________________

____________________

____________________

____________________

## BAHAGI 7

Ang sumusunod na mga salita ay sinasabi sa atin ni 'Abdu'l-Bahá:

**"O kayong mga minamahal ng Panginoon! Ang araw na ito ay ang araw ng pagbubuklod, ang araw ng pagtitipon ng buong sangkatauhan. "Tunay na mahal ng Diyos yaong mga, tulad ng isang buong pader, ay nakikibaka para sa Kaniyang Kapakanan, sa magkakadikit na mga hanay!" Masdan na sinabi Niyang "sa magkakadikit na mga hanay"—ibig sabihin ay siksik na siksik, ang isa ay nakakabit sa katabi nito, ang bawat isa ay sinusuportahan ang kaniyang mga kasama. Ang makibaka, na sinasabi sa banal na bersikulo, sa pinakadakilang dispensasyong ito, ay hindi nangangahulugang sumugod taglay ang espada at sibat, ang salapang at tumutuhog na pana—bagkus ay nasasandatahan ng dalisay na layunin, ng matuwid na mga pakay, ng mga payong nakatutulong at mabisa, ng makadiyos na mga katangian, ng mga gawaing nakalulugod sa Lubos na Makapangyarihan, ng mga katangian ng langit. Nangangahulugan ito ng edukasyon para sa buong sangkatauhan, pamamatnubay para sa lahat ng tao, ang pagpapalaganap sa malayo at malawak ng matamis na mga samyo ng espiritu, ng pamamahayag ng mga patunay ng Diyos, ng paglalahad ng mga katwirang kapani-paniwala at banal, ng pagtutupad ng kawanggawang mga kilos."[6]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Sinasabi sa atin ni ‘Abdu’l-Bahá na ang araw na ito ay ang araw ng ____________________ , ang araw ng ________________________ ng buong ________________________ .

b. Ipinaliliwanag Niya na __________________ ng Diyos yaong mga, tulad ng isang buong _________________________ , ay ________________________ para sa Kaniyang Kapakanan, sa ___________________________________________ .

c. Ang nasa “magkakadikit na mga hanay”, ipinaliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá, ay nangangahulugang _______________ na _______________, ang isa ay _________________ sa katabi nito, ang bawat isa ______________________ ang kaniyang mga kasama.

d. Ang nakikibaka sa paglilingkod sa Kapakanan, dito sa pinakadakilang __________________ , sinabi Niya sa atin, ay hindi nangangahulugang sumugod taglay ang ____________ at _______________ , ang ___________________ at _____________________________—bagkus ay _______________________ ng _______________________ , ng ______________________________ , ng ____________________________________________ , ng _________________ ___________ , ng _________________________________________________ , ng __________________________________________________________ .

e. Gayundin, ang nakikibaka sa dispensasyong ito ay nangangahulugan ng ______________________ para sa buong sangkatauhan, ____________________ para sa lahat ng tao, ang __________________ sa malayo at malawak ng _____________________ ng _______________ , ng ______________________ ng mga _________________ ng Diyos, ng __________________________ ng ______________________________________________________________ , ng _____________ ng _________________________________________ .

2. Ito ang araw ng pagkakaisa ng sangkatauhan. Upang mapahalagahan ang mga gawaing hinaharap natin, isipin ang di-mabilang na mga paghahati-hating naghihiwalay ng mga tao sa isa’t isa. Gumawa ng listahan ng pinakamaraming naiisip ninyo.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

3. Anong kapangyarihan ang makapagbubuklod sa lahat nitong mga paghahati-hati?__

___________________________________________________________________

4. Ano ang uri ng pakikibaka na ating isinasagawa? ____________________________

___________________________________________________________________

5. Alin sa mga sumusunod ang mga sandatang ginagamit sa pakikibakang ito?

_____ Dalisay na hangarin
_____ Makadiyos na mga katangian
_____ Matwid na mga layunin
_____ Pagnanasa sa pamumuno
_____ Kapalaluan at pagmamataas
_____ Pagnanasa sa katarungan
_____ Pagpapalagay na tama ang sarili
_____ Mga baril
_____ Mga patalim
_____ Kapangyarihan ng Salita ng Diyos
_____ Kaluguran sa sarili
_____ Pagmamalabis sa sarili
_____ Poot
_____ Pagiging bukas-palad
_____ Ang kapangyarihan ng dasal
_____ Kapuri-puring mga gawa
_____ Pag-ibig sa Diyos
_____ Pag-ibig sa sangkatauhan
_____ Pagtitiwala sa Diyos
_____ Nakatutulong at mabisang payo
_____ Kapangyarihan ng pagkakaisa
_____ Salapi
_____ Pananalig
_____ Pagpapakumbaba

6. Marapat bang sikaping manaig sa mga iba upang maitatag ang katarungan?_______

7. Alin sa mga sumusunod ang kumakatawan sa mga bagay na ginagawa natin kapag abala tayo sa espiritwal na pakikibaka upang pagkaisahin ang sangkatauhan?

______ Itinataguyod ang edukasyon

______ Pilitin ang mga iba na gawin ang gusto natin

______ Ituro ang Kapakanan ng Diyos

______ Ipahayag ang Kapakanan ng Diyos

______ Maghati-hati sa mga pangkat-pangkat sang-ayon sa sarili nating kapakanan

______ Ipaglaban ang mga kapakanan ng grupong kinabibilangan natin

______ Gumawa ng kawanggawa

______ Maglahad ng kapani-paniwalang mga katwiran ukol sa katotohanan ng Rebelasyon ni Bahá'u'lláh

______ Itubog ang ating mga sarili sa karagatan ng Kaniyang mga salita

______ Siilin ang mahina at ang api

______ Magdasal nang maalab

______ Agawin nang marahas ang pag-aari ng mga tao

______ Magpayaman sa pamamagitan ng pagnanakaw sa mga iba

## BAHAGI 8

Ang higit na mataas na kamalayan sa kadakilaan ng Araw ng ito ay lumilikha sa ating lahat ng hangarin upang magbangon, upang magturo, upang maglingkod, at upang gumawa ng mga pagpapakasakit. Upang hindi mawaglit sa isipan ang mahigpit na pangangailangan sa pagtutupad natin sa mga gawain ng paglilingkod sa Kapakanan, isaulo ang sumusunod na sipi mula sa isang liham na isinulat ng Guardian:

> **"Walang oras ang maaaring aksayahin. Walang puwang ang natitira para sa pag-aatubili. Napakarami ang mga nagugutom para sa Tinapay ng Buhay. Ang entablado ay handa na. Ang matibay at d i-magbabagong Pangako ay ibinigay na. Ang mismong Plano ng Diyos ay kumikilos na. Ito ay lumalakas ang buwelo sa bawat araw na lumilipas. Ang mga kapangyarihan ng langit at lupa ay mahiwagang tumutulong sa pagsasagawa nito. Ang ganitong pagkakataon ay hindi na mapapalitan. Hayaang bumangon ang nagdududa at patunayan sa kaniyang sarili ang katotohanan ng ganitong mga pahayag. Ang magsikap, ang magpursige, ay ang tumiyak sa pangwakas at lubos na tagumpay."**[7]

## MGA REPERENSIYA


1. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), VII, par. 1, p. 10.

2. Ibid., VII, par. 2, mp. 10–11.

3. Ibid., IV, par. 1, p. 5.

4. Ibid., V, par. 1, p. 6.

5. Ibid., LXX, par. 1–2, p. 154.

6. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 207.2, mp. 359–60.

7. Mula sa liham ng ika-28 ng Enero 1939, inilathala sa *This Decisive Hour: Messages from Shoghi Effendi to the North American Bahá'ís, 1932–1946* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2002), p. 28.



# Ang Buhay ng Báb

## Layunin

Upang magtamo ng pagpapahalaga sa bisa ng maikli at madulang Ministeryo ng Báb at upang matutunang isaysay ang Kaniyang talambuhay

# BAHAGI 1

Ang Dispensasyon ng Báb ay nagsimula noong 1844 at nagtagal lamang ng siyam na taon. Ang pangunahing layunin nito ay upang ihanda ang daan para sa Rebelasyon ni Bahá'u'lláh. Bagaman maikli lamang ang panahon ng Ministeryo ng Báb, ang mga puwersang pinawalan ng Kaniyang Rebelasyon ay napakatindi, na ang epekto ng mga iyon ay madarama ng daan-daang mga salinlahi ng hinaharap.

Ang Báb, na ang Kaniyang pangalan ay Siyyid 'Alí-Muḥammad, ay ipinanganak noong ika-20 ng Oktubre 1819 sa Shíráz, isang lungsod sa dakong timog na Iran, na kilala din bilang Persiya. Ang karamihan ng tao sa Persiya ay nabibilang sa isang bahagi ng Islám na naghihintay sa pagdating ng Isang ipinangako ng Diyos na tinaguriang ang Qá'im. Ang taguring "Qá'im" ay nangangahulugang "Siyang Nagbabangon".

Ang Báb ay nagbuhat sa isang marangal na pamilyang galing sa angkan ni Muḥammad, ang Propeta ng Islám. Ang Kaniyang ama ay sumakabilang-buhay na noong Siya ay musmos pa lamang, at Siya ay pinalaki ng Kaniyang amain sa ina. Ang Báb ay nagtataglay ng likas na karunungan at hindi nangangailangan ng magtuturo sa Kaniya, subalit sa pagsunod sa kagustuhan ng Kaniyang amain, Siya ay pumasok sa paaralan sa murang gulang. Gayumpaman, hindi nagtagal ay nakilala ng Kaniyang guro ang napakalaking kakayahan ng Báb at natantong wala siyang maituturo sa bukod-tanging batang iyon. Isinalaysay niya ang sumusunod na kuwento tungkol sa mga araw ng pag-aaral ng Báb:

> "Isang araw hiniling ko sa Báb na bigkasin Niya ang pambungad na mga kataga sa Qur'án… Siya ay nag-atubili, sumasamo na hanggang hindi sinasabi sa Kaniya ang kahulugan ng mga katagang iyon, hindi Niya tatangkaing bigkasin ito. Nagpanggap akong hindi ko nalalaman ang kahulugan ng mga ito. 'Alam ko kung ano ang kahulugan ng mga katagang ito,' sagot ng aking tinuturuan; 'sa pahintulot mo, ipaliliwanag Ko ang mga ito.' Siya ay nagsalita nang may ganoong kaalaman at kahusayan na ako ay tunay na namangha…. Ang katamisan ng Kaniyang pananalita ay nananatili pa rin sa aking alaala. Naramdaman ko na dapat kong ibalik Siya sa Kaniyang amain at ibigay sa kaniyang mga kamay ang Ipinagkatiwala na inihabilin niya sa aking pangangalaga. Ipinasiya kong sabihin sa kaniya ang aking nararamdamang hindi ako karapat-dapat magturo sa gayong kahanga-hangang bata. Natagpuan ko ang Kaniyang amain na nag-iisa sa kaniyang tanggapan. 'Ibinabalik ko Siya sa iyo,' ang sabi ko, 'at ipinagkakatiwala ko Siya sa iyong maingat na pangangalaga. Hindi Siya dapat pakitunguhan nang tulad sa isang pangkaraniwang bata lamang, sapagkat sa Kaniya ay naaaninaw ko ang mga katunayan noong mahiwagang kapangyarihan, na ang Rebelasyon lamang ng Qá'im ang maaaring makapaghayag. Tungkulin mong palibutan Siya ng iyong ganap na pagmamahal at pagkakandili. Alagaan Siya sa iyong tahanan, sapagkat, sa katunayan, hindi Siya nangangailangan ng mga gurong tulad ko.' Mabalasik na pinagalitan ang Báb ng Kaniyang amain. 'Nakalimutan Mo na ba ang aking mga utos?' sinabi niya. 'Hindi ba pinayuhan kitang sundin Mo ang halimbawa ng Iyong mga kamag-aral, na maging tahimik, at makinig nang mapitagan sa bawat katagang isasambit ng Iyong guro?' Matapos na makuha ang pangako na Kaniyang buong katapatang susundin ang mga utos niya, inatasan niya ang Báb na bumalik sa Kaniyang paaralan. Ngunit ang kaluluwa ng batang iyon, gayumpaman, ay hindi mapigilan ng mahigpit na mga bilin ng Kaniyang amain. Walang pagsupil ang maaaring makapigil sa daloy ng Kaniyang likas na kaalaman. Araw-araw Siya ay

nagpatuloy na nagpakita ng gayong katangi-tanging mga katibayan ng isang higit pa sa makataong karunungan na wala akong lakas na ilarawan.'"[1]

Sa wakas ang Báb ay pinahintulutang umalis sa paaralan. Siya ay nagsimulang magtrabaho sa Kaniyang amain bilang isang mangangalakal sa Bú<u>sh</u>ihr, isang lungsod sa timog-kanluran ng <u>Sh</u>íráz. Sa panahong ito ang Báb ay nag-asawa. Siya at ang Kaniyang kabiyak ay nagkaroon ng isang anak na lalaki na pinangalanang Aḥmad, na namatay noong sanggol pa lamang, isang taon bago ipahayag ng Báb na Siya ang ipinangakong Qá'im.

Bilang isang kabataan, ang Báb ay nagpakita ng mga palatandaan ng kapangyarihan at kadakilaang hindi mapapantayan ng sinuman. Ang namumukod na mga katangiang magtatangi sa Kaniya sa kabuuan ng Kaniyang mabilis at kalunos-lunos na Ministeryo ay naging hayag na. Tinutukoy Siya ng Guardian bilang "ang malumanay, ang batang-bata pa, at kaakit-akit na katauhan ng Báb, na walang-kapantay sa Kaniyang kababaang-loob, na panatag sa Kaniyang kahinahunan, na nakabibighani sa Kaniyang pananalita". Hindi mailalarawan nang sapat sa sumusunod na mga bahagi ang mga naganap sa Kaniyang buhay. Gayumpaman, itong maikling kasaysayan ay maaaring magparikit sa ating mga puso ng apoy ng pag-ibig na pinagningas Niya sa mga puso ng libu-libo sa Persiya at lampas pa.

1. Ano ang pangalan ng Báb? ______________________________

2. Saan ipinanganak ang Báb at anong petsa? ______________________________

______________________________

3. Ano ang kahulugan ng taguring "Qá'im"? ______________________________

4. Kanino tinutunton ng pamilya ng Báb ang kanilang angkan? ______________________________

______________________________

5. Sino ang nagpalaki sa Báb pagkatapos yumao ang Kaniyang ama? ______________________________

______________________________

6. Ano ang kahulugan ng pahayag na pinagkalooban ng Diyos ang Báb ng likas na karunungan? ______________________________

______________________________

7. Ano ang inisip ng guro ng Báb nang matuklasan niya ang Kaniyang napakalaking kakayahan? ______________________________

______________________________

8. Ano ang kahulugan ng pariralang "higit pa sa makataong karunungan"? ______________________________

______________________________

9. Ano ang ginawa ng Báb pagkatapos Niyang umalis sa paaralan?________________

________________________________________________________________

10. Anong mga salita ang ginamit ng Guardian sa pagtukoy sa Báb?________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

11. Isulat sa sarili ninyong mga salita, ang kuwento ng mga araw ng pag-aaral ng Báb, sang-ayon sa isinalaysay ng Kaniyang guro.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

## BAHAGI 2

Bago pa ipahayag ng Báb ang Kaniyang Misyon, batid na ng ilang tao sa iba't ibang bahagi ng daigdig sa kaibuturan ng kanilang mga puso na malapit nang mamitak ang isang bagong Araw ng Diyos. Kabilang sa kanila ay si Siyyid Káẓim, isang napakabuting taong naninirahan sa lungsod ng Kabilá sa 'Iráq. Si Siyyid Káẓim ay maraming tinuturuan, at itinalaga niya ang kaniyang buhay sa paghahanda sa kanila sa matagal nang hinihintay na pagdating ng Qá'im. Paulit-ulit niyang sinabi sa kanila na pagkamatay niya ay dapat nilang lisanin ang kanilang mga tahanan, at taglay ang mga pusong malaya sa lahat ng makalupang pagnanasa, ay humayo sila upang hanapin ang ipinangakong Pinakamamahal.

Nang yumao na si Siyyid Káẓim, ang napakahusay niyang tagasunod, si Mullá Ḥusayn, ay ginugol ang apatnapung araw sa pagdarasal at pagmumuni-muni, at sa panahong iyon ay lubos na binuksan niya ang kaniyang puso sa inspirasyon ng Diyos. Pagkatapos ay nilisan niya ang 'Iráq nang may dalawang kasama at nagsimula ng kaniyang paghahanap. Una siyang nagtungo sa Bú<u>sh</u>ihr. Subalit hindi siya nagtagal doon, sapagkat waring may hindi mapigilang humihila sa kaniya patungong hilaga, tungo sa <u>Sh</u>íráz. Habang papalapit siya sa lungsod, sinabihan niya ang dalawa niyang kasama na pumunta sa isang tanging moske at hintayin siya doon.

Ilang oras bago magtakipsilim sa araw na iyon, sa labas lamang ng bukana ng <u>Sh</u>íráz, nakaharap niya ang isang Kabataang malugod na bumati sa kaniya at inanyayahan siya sa Kaniyang tahanan upang mamahinga pagkalipas ng kaniyang mahaba at mahirap na paglalakbay. Si Mullá Ḥusayn ay lubhang humanga sa malumanay subalit nakapagpapasunod na gawi ng pananalita nitong bukod-tanging Kabataan. Sumama siya sa Kaniya, at hindi nagtagal ay dumating sila sa pintuan ng isang karaniwang bahay. Pumasok sila at pumanhik sa isang silid sa pangalawang palapag. Nagpakuha ang magiliw na Tagapag-anyaya ng banga ng tubig upang mahugasan ng Kaniyang panauhin ang alikabok mula sa kaniyang paglalakbay. Pagkatapos, Siya mismo ang naghanda ng tsaa at ibinigay ito kay Mullá Ḥusayn. Nang matapos itong mga tanda ng magiliw na pagtanggap, Siya ay nagsimulang magsalita. Ang mga detalye nitong makasaysayang usapan ay isinalaysay sa kalaunan ni Mullá Ḥusayn:

> "May isang oras pagkalubog ng araw nang ang aking kabataang Tagapag-anyaya ay nagsimulang makipag-usap sa akin. 'Sino, pagkatapos ni Siyyid Kaẓim,' tanong Niya sa akin, 'ang iyong kinikilala bilang tagapagmana ng kaniyang tungkulin at iyong pinuno?' 'Sa oras ng kaniyang kamatayan,' tugon ko, 'aming yumaong guro ay mariing iginigiit ang bilin sa amin na iwanan ang aming tahanan, magtungo sa lahat ng dako, upang hanapin ang ipinangakong Minamahal. Nang naaalinsunod, ako ay naglakbay sa Persiya, nagbangon upang tuparin ang kaniyang habilin, at ako hanggang ngayon ay abala sa aking paghahanap,' 'Ang guro mo ba,' dagdag na tanong Niya, 'ay nagbigay sa inyo ng anumang madetalyeng mga palatandaan tungkol sa mga katangian Niya na ipinangako?' 'Oo,' tugon ko, 'Siya ay mula sa dalisay na lipi, mula sa marangal na angkan, at inapo ni Fáṭimih. Tungkol sa gulang Niya, Siya ay mahigit na dalawampu at kulang sa tatlumpu. Siya ay pinagkalooban ng likas na karunungan. Siya ay may katamtamang taas, hindi nagsisigarilyo, at walang kapansanan sa katawan.' Pansamantalang tumigil Siya at pagkatapos, nang may mataginting na tinig ay nagpahayag: 'Masdan, lahat ng mga palatandaang iyon ay nakikita sa Akin!' Pagkatapos ay ipinaliwanag Niya ang bawat nabanggit na palatandaan nang isa-isa, at kapani-paniwalang pinatotohanan Niya na ang bawat isa at ang lahat ay tumutukoy sa Kaniyang pagkatao."[2]

Nang gabing iyon, pinatunayan ng Báb kay Mullá Ḥusayn, sa pamamagitan ng maliwanag at hindi mapag-aalinlanganang mga katibayan, na Siya nga ang ipinangakong Qá'im. Ipinahayag Niya, sa kamangha-manghang tulin, ang unang bahagi ng Kaniyang paliwanag sa Súrih ni Jose, na isang mahalagang kabanata ng Qur'án. Pagkatapos ay sinabi Niya kay Mullá Ḥusayn ang ganitong mga salita:

> "O ikaw na unang nanampalataya sa Akin! Sa katunayan ay sinasabi Ko, Ako ang Báb, ang Pinto ng Diyos, at ikaw ay ang Bábu'l-Báb, ang pinto sa Pintong iyon. Labingwalong kaluluwa, sa simula, nang bukal sa kanilang kalooban at sa kanilang sariling kusa, ang dapat na tumanggap sa Akin at kilalanin ang katotohanan ng Aking

Rebelasyon. Nang hindi nabigyan ng babala at nang hindi inaanyayahan, bawat isa sa kanila ay nararapat na magsaliksik upang matagpuan Ako. At kapag ang kanilang bilang ay nabuo na, isa sa kanila ang pipiliin upang samahan Ako sa Aking peregrinasyon sa Mecca at Medina. Doon ay Aking ipahahayag ang Kalatas ng Diyos sa Sharíf ng Mecca. Pagkatapos ay babalik Ako sa Kúfih, kung saan muli, sa moske ng banal na lungsod na iyon, ay Aking ipahahayag ang Kaniyang Kapakanan. Tungkulin mo na huwag isiwalat, sa iyong mga kasamahan o sa sinumang kaluluwa, ang iyong nakita at narinig."[3]

Pinuspos nitong maluwalhating Rebelasyon ang kaluluwa ni Mullá Ḥusayn ng sigla at kaligayahan, ng pagkasindak at pagkamangha. "Anong hina at kawalang-kakayahan, anong lumbay at pagkaumid ang naramdaman ko noong una!" sa kalaunan ay sinabi niya. "Noon ay hindi ako makasulat o makalakad, lubhang nangangatal ang aking mga kamay at paa. Ngayon, gayumpaman, ang kaalaman ng Rebelasyon Niya ay pinag-alab ang aking katauhan. Naramdaman kong nagtataglay ako ng ganoong katapangan at kapangyarihan, na kung ang daigdig at ang lahat ng mga sambayanan at mga hari nito ay magbabangon laban sa akin, ako, nang nag-iisa at walang takot, ay lalabanan ang kanilang paglusob. Ang santinakpan ay waring isang dakot na alabok lamang sa aking kamay. Sa pakiwari ko ay ako ang Tinig ni Gabriel na nagkatawang-tao, nananawagan sa sangkatauhan na: 'Gumising, sapagkat, masdan, ang Liwanag ng umaga ay sumikat na. Magbangon, sapagkat ang Kapakanan Niya ay ipinahayag na. Ang pinto ng pagpapala Niya ay bukas na bukas; pumasok doon, O mga tao ng daigdig! Sapagkat Siyang ipinangako sa inyo ay dumating na!'"[4]

Ang Pagpapahayag ng Báb ay naganap noong gabi ng ika-23 ng Mayo 1844. Siya ay dalawampu't limang taong gulang. Pagkalipas ng maraming dekada, sa okasyon ng anibersaryo ng Pagpapahayag ng Báb, sinabi ni 'Abdu'l-Bahá sa isang grupo ng mga mananampalataya ang sumusunod na mga salita:

**"Ngayon ay ika-23 ng Mayo, ang anibersaryo ng kalatas at ng Pagpapahayag ng Báb. Ito ay isang pinagpalang araw at ang pagbubukang liwayway ng pagpapahayag, dahil ang paglitaw ng Báb ay ang unang liwanag ng tunay na umaga, . . . ito ay isang pinagpalang araw, ang simula ng makalangit na biyaya, ang simula ng banal na kaningningan. Sa araw na ito noong 1844 ang Báb ay isinugo upang ibalita at ipahayag ang Kaharian ng Diyos, ipinatatalastas ang magandang balita ng pagdating ni Bahá'u'lláh at napagtitiisan ang paglaban ng buong bansa ng Persiya."**[5]

1. Ano ang sinabi ni Siyyid Káẓim na dapat gawin ng kaniyang mga tinuturuan kapag namatay na siya? ______________________________

______________________________

______________________________

2. Ano ang ginawa ni Mullá Ḥusayn nang yumao na si Siyyid Káẓim? ______________

______________________________

______________________________

3. Paano nalaman ng Báb na nakarating na si Mullá Ḥusayn sa Shíráz?______________
______________________________________________________________________________

4. Ano ang mga itinanong ng Báb kay Mullá Ḥusayn pagkarating nila sa Kaniyang tahanan? ____________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

5. Anong mga palatandaan ang ibinigay ni Siyyid Káẓim sa kaniyang mga tinuturuan ukol sa katauhan ng Qá'im?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

6. Kaninong anak si Fáṭimih, at ano ang ibig sabihin ng pagiging "inapo" niya? ______
______________________________________________________________________________

7. Taglay ba ng Báb ang mga katangiang hinahanap ni Mullá Ḥusayn?______________
______________________________________________________________________________

8. Ano ang kahulugan ng taguring "ang Báb"? ____________________________________
______________________________________________________________________________

9. Anong taguri ang ibinigay ng Báb kay Mullá Ḥusayn?__________________________
______________________________________________________________________________

10. Ano ang kahulugan ng taguring ito? ____________________________________________
______________________________________________________________________________

11. Ano ang kinailangang mangyari bago lantarang ipahayag ng Báb ang Kaniyang Kapakanan? ________________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

12. Isulat sa inyong sariling mga salita kung ano ang sinabi ni Mullá Ḥusayn tungkol sa di-malilimot na gabing iyon nang makilala niya ang ipinangakong Qá'im.

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________

13. Kailan naganap ang Pagpapahayag ng Báb? ____________________

________________________________________________

14. Ilan taong gulang ang Báb nang maganap ang Kaniyang Pagpapahayag? ______

________________________________________________

## BAHAGI 3

Pagkatapos ni Mullá Ḥusayn, labimpitong ibang indibidwal ang naghanap at sariling natagpuan ng bawat isa ang minimithi ng kanilang puso, ang Báb. Ginabayan ng Diyos ang bawat isa upang makilala ang katotohanan ng Rebelasyong bagong-silang, ang ilan sa mga pangitain o mga panaginip, ang ilan sa dasal, at ang iba sa panahon ng pagmumuni-muni. Lahat liban sa isa sa pinagpalang mga kaluluwang ito ay nakarating sa kinaroroonan ng Báb si Shíráz. Ang isang hindi Siya nakatagpo ay isang babaeng makata, na napakatalino at likas na mahusay, na tinaguriang Ṭáhirih. Nalaman niya ang tungkol sa Báb sa isang panaginip, kinilala Siya bilang ang ipinangakong Qá'im, at naging isang magiting na tagapagtaguyod ng Kaniyang Kapakanan. Ang ikalabingwalong tao na sumama sa hanay ng Kaniyang mga tagasunod ay isang kabataang dalawampu't dalawang taong gulang, na nagngangalang Quddús. Bagaman bata pa, si Quddús ay may ulirang pagkatao; ilan lamang ang makapapantay sa kaniya sa lakas-loob at pananalig. Ipinahayag ng Báb itong unang mga mananampalataya, kasama si Mullá Ḥusayn, na labingwalong "Mga Titik ng Nabubuhay".

Hindi nagtagal pagkatapos mabuo ang bilang ng mga Titik ng Nabubuhay, tinawag ng Báb si Mullá Ḥusayn sa Kaniya at ibinigay ang sumusunod na mga tagubilin: "Ang mga araw ng ating pagsasama ay malapit nang magtapos. Ang Aking Kasunduan sa iyo ay natupad na ngayon. Bigkisan ang mga balakang ng pagsisikap, at magbangon upang palaganapin ang Aking Kapakanan. Huwag mawalan ng pag-asa sa tanawin ng kasamaan at kalupitan ng

salinlahing ito, sapagkat tiyak na tutulungan ka ng Panginoon ng Kasunduan. Sa katunayan ikaw ay palilibutan Niya ng Kaniyang mapagmahal na pangangalaga, at aakayin ka mula sa isang tagumpay hanggang sa susunod na tagumpay. Katulad ng ulap na nag-uulan ng mga pagpapala nito sa daigdig, tahakin ang lupain mula sa isang dulo hanggang sa kabilang dulo, at paulanin sa mga tao nito ang mga pagpapalang minarapat ipagkaloob sa iyo ng Lubos na Makapangyarihan, mula sa Kaniyang habag…. Sa peregrinasyong ito, na hindi magtatagal ay Aming sisimulan, pinili Namin si Quddús upang Aming makasama. Iiwanan ka Namin upang harapin ang paglusob ng isang mabangis at di-mapipigilang kaaway. Gayumpaman, magtiwala na isang di-mailarawang luwalhati ang ipagkakaloob sa iyo. Sa iyong paglalakbay, tahakin ang landas patungo sa hilaga, at dalawin ang Iṣfahán, Káshán, Qum, at Ṭihrán. Sumamo sa lubos na makapangyarihang Maykapal na buong pagpapalang tulungan ka Niya upang makarating ka, sa punong-lungsod na iyon, sa luklukan ng tunay na paghahari, at upang makapasok sa mansiyon ng Minamahal. Isang lihim ang natatago sa lungsod na iyon. Kapag naihayag na, gagawin nitong paraiso ang daigdig. Ang Aking pag-asa ay harinawang ikaw ay makibahagi sa pagpapala nito at makilala ang kariktan nito."[6]

Matapos bigyan si Mullá Ḥusayn ng mga tagubiling magtungo sa Ṭihrán, tinawag ng Báb ang ibang mga Titik ng Nabubuhay sa Kaniyang harapan at binigyan ang bawat isa ng tanging misyon. Sa Kaniyang mga salita ng pagpapaalam, tinawagan Niya silang isaisantabi ang bawat makalupang hangarin at humayo sa malayo't malawak upang ipahayag ang Kaniyang Kapakanan. Sinabi Niya sa kanila:

> **"O Aking minamahal na mga kaibigan! Kayo ang mga may taglay ng pangalan ng Diyos sa Araw na ito. Kayo ay pinili bilang mga sisidlan ng Kaniyang hiwaga. Tungkulin ng bawat isa sa inyo na ipakita ang mga katangian ng Diyos, at maging halimbawa ng mga palatandaan ng Kaniyang pagkamakatarungan, ng Kaniyang kapangyarihan at kaluwalhatian, sa pamamagitan ng inyong mga gawa at salita. Ang mga pinakabahagi ng inyong katawan ay dapat sumaksi sa kataasan ng inyong layunin, sa karangalan ng inyong buhay, sa katotohanan ng inyong pananalig, at sa mataas na katangian ng inyong matapat na pagmamahal. Sapagkat, tunay na Aking sinasabi, ito ang Araw na binanggit ng Diyos sa Aklat Niya: 'Sa araw na iyon ay lalagyan Namin ng takip ang kanilang mga bibig, ngunit ang kanilang mga kamay ay magsasalita sa Amin, at ang kanilang mga paa ay sasaksi sa mga bagay na nagawa na nila.' Nilay-nilayin ang mga salita ni Jesus na Kaniyang sinabi sa Kaniyang mga disipulo, nang sila ay Kaniyang atasan na upang palaganapin ang Kapakanan ng Diyos. Sa mga pananalitang tulad nito, inatasan Niya silang magbangon at tuparin ang kanilang misyon. 'Kayo ay tulad ng apoy sa kadiliman ng gabi na sinindihan sa tuktok ng bundok. Hayaang ang inyong liwanag ay magningning sa harap ng mga mata ng tao. Ganiyan dapat ang kadalisayan ng inyong kilos at ang uri ng inyong pagkawalay sa lahat liban sa Diyos, na sa pamamagitan ninyo ang mga tao ng daigdig ay makilala at lalong mapalapit sa makalangit na Ama na siyang Bukal ng kadalisayan at pagpapala. Sapagkat wala pang nakakita sa Ama na nasa langit. Kayo na kaniyang mga espiritwal na anak ay dapat na maging halimbawa ng Kaniyang katangian, at saksi sa Kaniyang kaluwalhatian sa pamamagitan ng inyong mga gawa. Kayo ang asin ng daigdig, ngunit kung ang asin ay nawalan na ng lasa, saan pa ito ipang-aasin? Ganiyan dapat ang antas ng inyong pagkawalay sa mga makalupang bagay, na saanmang lungsod kayo magtungo upang ipahayag at ituro ang Kapakanan ng Diyos, hindi kayo maghihintay ng pagkain o gantimpala mula sa mga tao nito. Hindi lamang iyon, sa paglisan ninyo sa lungsod na iyon, dapat**

**niniyong pagpagin ang alikabok mula sa inyong mga paa. Tulad ng pagpasok ninyo roon nang dalisay at malinis, gayundin kayo dapat lilisan sa lungsod na iyon. Sapagkat tunay na Aking sinasabi, ang makalangit na Ama ay laging kasama ninyo at nagbabantay sa inyo. Kung kayo ay magiging tapat sa Kaniya, tiyak na Kaniyang ibibigay sa inyong mga kamay ang lahat ng kayamanan ng lupa, at gagawin kayong dakila nang higit pa sa lahat ng mga pinuno at hari ng daigdig.' O Aking mga Titik! Tunay na sinasabi Ko, lubhang malawak ang kaluwalhatian ng Araw na ito kaysa sa mga araw ng mga naunang Apostoles. Hindi lamang iyon, di-masukat ang kaibahan! Kayo ang mga saksi ng Bukang-liwayway ng ipinangakong Araw ng Diyos. Kayo ang nakalagok mula sa mahiwagang kalis ng Kaniyang Rebelasyon. Bigkisan ang mga balakang ng pagsisikap, at isaisip ang mga kataga ng Diyos na ipinahayag sa Kaniyang Aklat. Masdan, ang Panginoon na inyong Diyos ay dumating na, at kasama Niya ang isang pangkat ng Kaniyang mga anghel na nakatanghal sa Kaniyang harapan! Linisin sa inyong mga puso ang mga makalupang hangarin, at hayaang ang mala-anghel na mga katangian ang inyong palamuti. Sikaping sa pamamagitan ng inyong mga gawa ay maging saksi kayo sa mga katagang ito ng Diyos, at mag-ingat na sa inyong 'pagtalikod,' maaari Niyang 'palitan kayo ng ibang mga tao,' na 'hindi ninyo katulad,' at kukunin nila sa inyo ang Kaharian ng Diyos. Ang mga araw na ipinapalagay na sapat na ang pagsamba nang walang kasamang gawa ay lumipas na. Dumating na ang panahong ang pinakadalisay na layunin na kinakatigan lamang ng mga gawaing walang-batik ang kadalisayan ang makaaakyat sa trono ng Pinakamataas at maaaring matanggap Niya. 'Ang mabuting salita ay pumapailanglang sa Kaniya, at ang mabuting gawa ay pararangalan sa harapan Niya.' Kayo ang mga hamak na binanggit ng Diyos sa Kaniyang Aklat: 'At ninais Naming ipakita ang pagtangkilik doon sa mga ginawang hamak sa ibabaw ng lupa, at gawin silang mga espiritwal na pinuno sa mga tao, at gawin silang tagapagmana Namin.' Kayo ay tinawag sa katayuang ito; matatamo lamang ninyo ito kung babangon kayo upang yurakan ng inyong mga paa ang bawat makalupang hangarin, at sikaping maging yaong 'mga marangal na tagapaglingkod Niya na hindi nagsasalita hanggang hindi pa Siya nakapagsasalita, at yaong ginagawa ang utos Niya.' Kayo ang unang mga Titik na nilikha mula sa Panimulang Tuldok, ang unang mga Batis na nagmula sa Bukal ng Rebelasyong ito. Sumamo sa Panginoon na inyong Diyos na itulot na walang makalupang pagkakaabalahan, walang makamundong pagmamahal, walang panandaliang mga gawain, ang makababatik sa kadalisayan, o papaitin ang katamisan, ng pagpapalang iyon na dumadaloy sa pamamagitan ninyo. Inihahanda Ko kayo para sa pagdating ng isang makapangyarihang Araw. Gamitin ang inyong sukdulang pagsisikap upang, sa darating na daigdig, Ako na ngayon ay nag-uutos sa inyo, ay magdiriwang sa inyong mga gawa at magagalak sa inyong mga natamo sa harapan ng mahabaging luklukan ng Diyos. Ang lihim ng Araw na darating ay natatago ngayon. Hindi ito maisisiwalat o matataya. Ang bagong silang na sanggol sa Araw na iyon ay mahihigitan ang pinakamarunong at pinakapipitagang tao ng panahong ito, at ang pinakahamak at pinakamangmang sa panahong iyon ay malalampasan ang pag-unawa ng pinakamarunong at pinakasanay na mga teologo ng panahong ito. Kumalat sa buong kahabaan at kalawakan ng lupaing ito, at nang may matatag na mga paa at nang may banal na mga puso, ihanda ang landas para sa Kaniyang pagdating. Huwag alumanahin ang inyong mga kahinaan at karupukan, ipako ang inyong paningin sa di-malulupig na kapangyarihan ng Panginoon, ang inyong Diyos, ang**

**Lubos na Makapangyarihan. Hindi ba Siya, noong nakalipas na mga Araw, ay nagawang pagwagiin si Abraham sa mga hukbo ni Nimrod, sa kabila ng tila ay kawalang-kakayahan Niya? Hindi ba nagawa Niyang malupig ni Moises, na ang tungkod lamang ang kasama Niya, ang Paraon at ang kaniyang maraming mga kasama? Hindi ba Siya ang nagtatag ng kapangyarihan ni Jesus, kahit Siya ay mahirap at hamak sa mga mata ng tao, sa ibabaw ng pinagsama-samang lakas ng mga Hudyo? Hindi ba ipinasakop Niya ang mga hindi sibilisado at mababangis na mga tribo ng Arabia sa banal at nakapagbabagong pagdisiplina ni Muḥammad, ang Propeta Niya? Magbangon sa pangalan Niya, ilagay ang ganap ninyong pagtitiwala sa Kaniya, at manalig sa pangwakas na pagwawagi."**[7]

1. Anong taguri ang ibinigay ng Báb sa unang mga mananampalatayang kumilala sa Kaniya bilang ipinangakong Qá'im? ____________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Ilan ang mga Titik ng Nabubuhay? ____________________________________________

   ______________________________________________________________________

3. Sino ang unang kumilala sa Báb? ____________________________________________

   ______________________________________________________________________

4. Sino ang huling Titik ng Nabubuhay? ____________________________________________

   ______________________________________________________________________

5. Paano ginabayan ang mga Titik ng Nabubuhay upang makilala ang katotohanan ng Rebelasyon ng Diyos? ____________________________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

6. Alin sa mga Titik ng Nabubuhay ang hindi nakatagpo ang Báb? ________________

   ______________________________________________________________________

7. Hindi nagtagal pagkatapos mabuo ang bilang ng mga Titik ng Nabubuhay, tinawag ng Báb si Mullá Ḥusayn sa Kaniya at ibinigay ang sumusunod na mga tagubilin: "Ang mga araw ng ating __________________ ay ________________ nang ________ . Ang Aking ____________ sa iyo ay ______________ na ngayon. ____________ ang mga balakang ng ____________ , at ____________ upang palaganapin ang Aking __________ . Huwag mawalan ng ____________ sa ________ ng ________________ at ____________ ng ____________ ito, sapagkat ________ na ____________ ka ng ____________________. Sa katunayan, ikaw ay

__________________ Niya ng Kaniyang mapagmahal ____________________, at aakayin ka mula sa isang _______________ hanggang sa susunod na _______________ . Katulad ng _____________ na nag-uulan ng mga pagpapala nito sa daigdig, __________________ ang lupain mula sa isang dulo hanggang sa kabilang dulo, at _______________ sa mga tao nito ang mga ______________ minarapat ipagkaloob sa iyo ng ________________________ , mula sa Kaniyang habag."

8. Sino ang pinili ng Báb na sumama sa Kaniya sa peregrinasyon? _________________

_________________________________________________________________________

9. Saan Niya inatasang pumunta si Mullá Ḥusayn?_______________________________

_________________________________________________________________________

_________________________________________________________________________

10. Ano ang Kaniyang pag-asa para kay Mullá Ḥusayn? ___________________________

_________________________________________________________________________

_________________________________________________________________________

11. Maaarig nanaisin ninyong isaulo ang bahagi man lamang ng talumpati ng Báb sa mga Titik ng Nabubuhay.

## BAHAGI 4

Noong Oktubre 1844 ang Báb, kasama si Quddús, ay nagsimula ng peregrinasyon sa Mecca at Medina. Ang dalawang lungsod na ito, na nasa Saudi Arabia, ay itinuturing na banal ng mga tagasunod ng Islám. Ang Báb at ang Kaniyang kasama ay sumakay ng barko sa Bú<u>sh</u>ihr, na dinala sila palibot sa Tangway ng Arabia, at dumating malapit sa Mecca pagkalipas ng dalawang buwan. Habang nasa Mecca, sumulat ang Báb ng liham sa <u>Sh</u>aríf, ang pinuno ng lungsod at ang tagapangalaga ng banal na dambana nito. Sa liham na iyon, malinaw na ipinaliwanag Niya ang Kaniyang Misyon at tinawagan ang <u>Sh</u>aríf na tanggapin ang Kaniyang Kapakanan. Subalit ang <u>Sh</u>aríf, na abala nang panahong iyon sa kaniyang mga gawain, ay hindi tumugon sa banal na Mensahe. Mula sa Mecca, naglakbay ang Báb kasama si Quddús patungo sa Medina, kung saan ang mga labi ng Propetang Muḥammad ay nakadambana. Pagkatapos dalawin ang banal na lungsod na iyon, nagbarko sila pabalik sa Persiya. Dumaong sila sa Bú<u>sh</u>ihr, at inatasan ng Báb si Quddú na magtuloy sa <u>Sh</u>íráz:

> "Ang mga araw ng iyong pagsama sa Akin ay malapit nang magwakas. Ang oras ng paghihiwalay ay dumating na, isang paghihiwalay na walang darating na muling pagkikita liban sa Kaharian ng Diyos . . . Sa mga lansangan ng <u>Sh</u>íráz, mga paghamak ay ibubunton sa iyo at ang pinakamasakit na pinsala ay ipalalasap sa iyong katawan. Mabubuhay ka sa kabila ng kalait-lait na gawi ng iyong mga kalaban, at matatamo mong makita Siya na tanging pakay ng ating pagsamba at pagmamahal. Sa Kaniyang harapan ay malilimot mo ang lahat ng pinsala at kahihiyan na darating sa iyo. Ang mga

hukbo ng Di-nakikita ay magmamadali upang tumulong sa iyo, at ipahahayag sa buong daigdig ang iyong kagitingan at kaluwalhatian. Mapapasaiyo ang di-mailarawang kagalakan sa pagtungga sa kopa ng pagmamartir alang-alang sa Kaniya. Ako rin ay yayapak sa landas ng pagpapakasakit, at sasama sa iyo sa kaharian ng kawalang-hanggan."[8]

1. Kailan nagsimula ang Báb ng Kaniyang peregrinasyon? ______________________

______________________________________________________________

2. Sa anong mga lungsod nagtungo ang Báb sa Kaniyang peregrinasyon?___________

______________________________________________________________

3. Sino ang Kaniyang sinulatan sa Mecca? ____________________________

______________________________________________________________

4. Bakit banal na lungsod ang Medina para sa mga Muslim? ___________________

______________________________________________________________

5. Sa puwang sa ibaba, isulat sa inyong sariling mga salita ang sinabi ng Báb kay Quddus nang makabalik na sila sa Bú<u>sh</u>ihr.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

6. Sino ang ipinangako ng Báb kay Quddús na kaniyang makahaharap? ____________

______________________________________________________________

## BAHAGI 5

Sa Shíráz nagsimula si Quddús na ibahagi nang buong alab ang Mensahe ng Báb. Subalit hindi naglaon ay nasuong siya sa oposisyon ng mga pari ng Islam at ng gobernador ng lalawigan, na iniutos ang pagdakip kay Quddús at ng dalawa niyang kasama. Ang gobernador ay isang malupit at masamang tao, at iniutos niyang parusahan sila sa harap ng madla. Ang kanilang mga balbas ay sinunog, at ang kanilang mga ilong ay tinuhog, kung saan ipinasok ang isang tali, at sa ganitong kahiya-hiyang kalagayan ay ipinarada sila sa mga lansangan. "Ito ay magiging isang maliwanag na aral sa mga tao ng Shíráz," ang utos ng gobernador, "upang malaman ang kaparusan sa erehiya."[9] Pagkatapos magdusa ng gayong mga paghamak, si Quddús at ang kaniyang mga kasama ay pinalayas mula sa lungsod, at binalaang bibitayin sila kung magtatangka pa silang bumalik. Sa gayon nakamtan nitong magiting na mga kaluluwa ang karangalan ng pagiging unang mga humarap sa pag-uusig sa Persiya alang-alang sa kanilang bagong Pananampalataya.  Tinukoy ni 'Abdu'l-Bahá ang libu-libong sumunod na pinahirapan sa landas ng kanilang Minamahal, ang Báb, sa ganitong mga salita:

> **"… dumanas sila ng pinakamalubhang paghihirap at kakila-kilabot na mga pagdurusa. Napaglabanan nila ang mga pagsubok nang may kahanga-hangang lakas at sukdulang kagitingan. Libu-libo ang itinapon sa bilangguan, pinarusahan, inusig at minartir. Nilooban at winasak ang kanilang mga tahanan, kinamkam ang kanilang mga ari-arian. Ganap na maluwag sa kaloobang inialay nila ang kanilang mga buhay at nanatiling matatag sa kanilang pananalig hanggang sa huli. Ang kahanga-hangang mga kaluluwang iyon ay mga ilawan ng Diyos, ang mga bituin ng kabanalan na maluwalhating nagliliwanag mula sa walang-hanggang sugpungang-guhit ng kalooban ng Diyos."**[10]

Pagkatapos iutos ang lubhang walang katarungang kaparusahan kay Quddús at sa kaniyang mga kasama, ibinaling ng gobernador ang kaniyang poot sa Báb. Pinapunta niya ang kaniyang mga kawal na nangangabayo sa Búshihr upang dakpin Siya at dalhin Siya nang nakatanikala sa Shíráz. Samantala, nilisan naman ng Báb ang Búshihr patungong Shíráz nang nakakabayo. Sa kaparangan, sa pagitan nitong dalawang lungsod ay nagpanagpo Siya at ang mga kawal na nangangabayo. Paglipas ng mahabang panahon, isinalaysay ng pinuno ng mga kawal ang kuwento ng pagtatagpong iyon:

> "Nang lapitan namin siya, bumati siya sa amin at tinanong kung saan kami patungo. Naisip kong higit na mabuting ilihim ko sa kaniya ang katotohanan, at tumugon na inutusan kami ng gobernador ng Fárs na magsagawa ng ilang pagsisiyasat sa pook na iyon. Siya ay nakangiting nagsalita: 'Ipinadala kayo ng gobernador upang dakpin Ako. Narito Ako; gawin ang nais ninyo sa Akin. Sa pagpunta rito upang tagpuin kayo, Aking pinaikli ang layo ng inyong paglalakbay, at ginawang higit na madali para sa inyo na makita Ako.' Ako ay nagulat sa kaniyang mga sinabi at namangha sa katapatan at tuwirang pagsasalita niya. Ngunit hindi ko maipaliwanag ang kaniyang pagiging handang ipailalim ang kaniyang sarili, sa sarili niyang kagustuhan, sa malupit na pagpaparusa ng mga pinuno ng pamahalaan, at isuong sa panganib ang kaniyang sariling buhay at kaligtasan. Tinangka kong huwag siyang pansinin, at naghahanda nang umalis, nang lumapit siya sa akin at nagsabi ng: 'Isinusumpa ko sa pagkamakatarungan Niya na naglalang sa tao, na nagtangi sa kaniya sa lahat ng Kaniyang nilalang, at ginawa ang kaniyang puso na maging luklukan ng Kaniyang kaharian at karunungan, na sa buong buhay Ko ay wala Akong binigkas na salita kundi ang katotohanan, at wala nang iba pang adhikain kundi ang kabutihan at pag-unlad ng

Aking kapwa-tao. Winalang-halaga Ko ang Aking sariling kaginhawahan at iniwasang maging dahilan ng sakit o lumbay sa sinuman. Alam Kong hinahanap mo Ako. Akin nang minabuti na ibigay ang Aking sarili sa iyong mga kamay, kaysa magdanas ka at ang iyong mga kasamahan ng hindi kinakailangang pagkaabala dahil sa Akin.' Ang mga katagang ito ay lubhang nakaantig sa akin. Ako ay likas na napababa sa aking kabayo, at hinagkan ang kaniyang estribo at nagsalita ng ganitong mga kataga: 'O ilaw ng mga mata ng Propeta ng Diyos! Nakikiusap ako sa iyo, sa ngalan Niyang lumalang sa iyo at nagkaloob sa iyo ng ganiyang kataasan at kapangyarihan, na ipagkaloob ang aking kahilingan at tugunin ang aking panalangin. Sumasamo ako sa iyo na tumakas sa pook na ito at lumayo sa harapan ng mukha ng walang-habag at kasuklam-suklam na gobernador ng lalawigang ito. Nangangamba ako sa kaniyang mga balak laban sa iyo; naghihimagsik akong isipin ang maging kasangkapan sa kaniyang napakasamang mga panukala laban sa isang ganap na walang-sala at dakilang inapo ng Propeta ng Diyos….' Sa aking taimtim na pagsamo ibinigay niya ang tugong ito: 'Harinawang gantihan ng Panginoon na iyong Diyos ang iyong kadakilaan at marangal na hangarin. Wala ni isa man ang nakaaalam sa hiwaga ng Aking Kapakanan; wala ni isa man ang makatatarok sa mga lihim nito. Hindi Ko kailanman tatalikuran ang kagustuhan ng Diyos. Siya lamang ang Aking tiyak na Muog, ang Aking Tagatangkilik, at ang Aking Kanlungan. Hanggang hindi pa dumarating ang Aking huling oras, walang sinuman ang mangangahas na sumalakay sa Akin, walang sinuman ang makapipigil sa balak ng Lubos na Makapangyarihan. At kung ang oras Ko ay dumating na, napakatindi ang Aking magiging kaligayahan na lumagok sa kopa ng pagmamartir alang-alang sa pangalan Niya! Narito Ako; dalhin Ako sa mga kamay ng iyong panginoon. Huwag matakot, sapagkat walang sinuman ang sisisi sa iyo.' Yumuko ako sa aking pagsang-ayon at tinupad ang kaniyang naisin."[11]

Agad na ipinagpatuloy ng Báb ang kaniyang paglalakbay patungo sa Shíráz. Malaya at walang tanikala, Siya ay nasa unahan ng mga kawal, na magalang na sumusunod sa Kaniya. Pagdating sa Shíráz, ang Báb ay dinala sa harap ng gobernador, na pinakitunguhan Siya sa kahiya-hiyang kalupitan. Lantaran niyang kinagalitan at binatikos ang Báb. Pagkatapos ay pinalaya niya Siya sa ilalim ng pangangalaga ng Kaniyang amain. Bagaman ang Báb ay pinahintulutang umuwi sa Kaniyang tahanan, hindi lubos ang Kaniyang kalayaan. Ang mga miyembro lamang ng Kaniyang pamilya at ang ilan pang iba ang pinahintulutang makipagkita sa Kaniya. Subalit, sa kabila ng mga pagtatangka ng gobernador at ng klero na wakasan ang Kaniyang impluwensiya, ang bilang ng Kaniyang mga tagasunod ay mabilis na dumami.

Ang balita ng napakahalagang Pagpapahayag ng Báb ay lumaganap nang malawakan na ipinasiya ng Hari ng Persiya na ipadala sa Shíráz ang isa sa kaniyang dalubhasa, na lubos na pinagkakatiwalaan at marunong, upang siyasatin ang kalagayan. Isang panauhin sa tahanan ng gobernador mismo, ang paham na ito ay nakapanayam ang Báb sa tatlong pagkakataon. Buo ang kalooban niyang pabulaanan ang mga katwiran ng Báb, subalit sa bawat pagkikita siya ay lalong napahanga sa Kaniyang kaalaman, kahusayang magsalita, at karunungan. Sa pangatlong pakikipagkita, si Vaḥíd—ang pangalan kung saan nakilala ang paham na ito—ay lubusan nang naniniwala sa banal na Katayuan ng Kabataan. Sa kalaunan ay ipinaliwanag ni Vaḥíd na, sa kaniyang mga pakikipanayam sa Báb, nadama niyang siya ay "kasing hamak ng alikabok sa ilalim ng Kaniyang mga paa". Agad siyang nagpadala ng nasusulat na ulat sa korte ng hari at nilisan ang Shíráz sang-ayon sa utos ng Báb. Mula sa araw na iyon, itinalaga niya ang kaniyang mga lakas sa pagtataguyod ng Kaniyang Kapakanan at sa wakas ay inialay niya ang kaniyang buhay sa landas ng kaniyang Minamahal.

Sa paglaki ng kabantugan at katanyagan ng Báb, lumaki din ang poot ng gobernador. Muli niyang iniutos ang pagdakip sa Kaniya. Sa pagkakataong ito, binabalak ng Gobernador na bitayin na ang Báb, at nagpapunta siya ng isang opisyal ng pulis upang dakpin Siya mula sa tahanan ng Kaniyang amain sa kalagitnaan ng gabi. Subalit, sa mismong gabing iyon, kumalat ang isang salot sa Shíráz at ang buong lungsod ay nagkagulo sa takot. Sa loob lamang ng ilang oras, mahigit na isang daang tao ang namatay sa nakakikilabot na sakit. Ang mga sigaw ng hinagpis at dalamhati ay maririnig sa mga lansangan, at tulirong nagsisitakas ang mga mamamayan ng lungsod. Hindi nakatitiyak kung ano ang dapat niyang gawin, dinala ng opisyal ng pulis ang Báb sa sarili niyang tahanan. Nabagabag siyang malaman na ang sarili niyang anak na lalaki ay naghihingalo na dahil sa salot. Sa kawalan ng pag-asa, nagpatirapa siya as paanan ng Báb at humingi ng kapatawaran. Nang kahima-himalang gumaling ang kaniyang anak, nakilala ng opisyal ang Kamay ng Diyos sa biglang paglitaw ng salot at nakiusap siya sa gobernador na palayain ang Báb. Ang gobernador, sa pangangamba para sa mga buhay ng kaniyang pamilya at ng mga iba pa, ay sumang-ayon sa kundisyong lilisanin ng Báb ang Shíráz.

Noong taglagas ng 1846 ang Báb ay nagtungo sa Iṣfáhán, isang lungsod sa hilaga ng Shíráz. Sa pamamaalam sa Kaniyang amain, sinabi Niya sa kaniyang: “Muli Kitang makatatagpo sa kabundukan ng Ádhirbáyján, kung saan mula roon ikaw ay papupuntahin Ko upang makamtan ang trono ng pagmamartir. Ako Mismo ay susunod sa iyo, kasama ng isa sa Aking tapat na alagad, at magsasama tayo sa kaharian ng walang-hanggan.”[12]

1. Ano ang ginawa ni Quddús nang dumating siya sa Shíráz? ____________________

______________________________________________________________________

2. Sino ang lumaban kay Quddús nang magsimula na siya sa pagbabahagi ng Mensahe ng Báb sa Shíráz? ______________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng salitang “klero”? _________________________________

______________________________________________________________________

4. Anong mga salita ang naglalarawan sa pagkatao ng gobernador ng Shíráz? _______

______________________________________________________________________

5. Anong parusa ang iniutos ng gobernador para kay Quddús at sa kaniyang dalawang kasama? ________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Ano ang ibig sabihin ng salitang “erehiya”? ________________________________

______________________________________________________________________

7. Matapos palayasin si Quddús at ang kaniyang dalawang kasama mula sa Shíráz, ano ang iniutos ng gobernador sa kaniyang mga kawal? ____________________________
______________________________________________________________________

8. Ano ang ginagawa ng Báb nang masalubong Siya ng mga kawal?________________
______________________________________________________________________

9. Sinabi ng Báb sa pinuno ng mga kawal na pinapunta upang dakpin Siya, "__________________ kayo ng _____________ upang _________________ Ako. _____________ Ako; gawin ang ________ ninyo sa __________________ . Sa pagpunta rito upang _____________ kayo, Aking ___________________ ang ___________________ ng inyong ______________ , at ginawang higit na _________________ para sa inyo na _____________ Ako." Tinangka ng pinuno na huwag pansinin ang Báb at naghahanda nang umalis, nang sinabi ng Báb na: ". . . _________________ Ko ang Aking sariling _____________ at iniwasang maging _________________ ng ____________ o ______________ sa _________________. Akin nang minabuti na ____________ ang Aking sarili sa iyong _______________, kaysa __________________________ ka at ang iyong mga ____________________________ ng hindi ______________________________________________________ dahil sa Akin."

10. Paano pinawi ng Báb ang poot ng mga kawal? ________________________________
______________________________________________________________________

11. Sa anong paraan dumating ang Báb sa Shíráz? ________________________________
______________________________________________________________________

12. Anong mga hakbang ang ginawa ng gobernador laban sa Báb? __________________
______________________________________________________________________

13. Sa mga buwan na sumunod, ano ang naging epekto ng mga pagsisikap ng gobernador at ng klero upang wakasan ang Kaniyang impluwensiya? _______________________
______________________________________________________________________

14. Sino si Vaḥíd? ____________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

15. Paano tumugon ang gobernador sa tumataas na kabantugan ng Báb? ____________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

16. Sa wakas ano ang naging dahilan upang palayain ng gobernador ang Báb at pahintulutan Siyang umalis sa Shíráz? ____________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

17. Saan nagtungo ang Báb nang umalis Siya sa Shíráz? _______________________

18. Kailan Niya ginawa ang paglalakbay na ito?______________________________

19. Ano ang sinabi ng Báb sa Kaniyang amain nang magpaalam Siya sa kaniya?______

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

20. Magparis-paris sa iba pang miyembro ng inyong grupo at magpalitan kayo ng inyong kaparis sa pagsasaysay sa isa't isa ng kuwento ng pagtatagpo ng nangangabayong mga kawal at ng Báb sa kaparangan sa pagitan ng Búshihr at Shíráz.

## BAHAGI 6

Nang malapit na ang Báb sa lungsod ng Iṣfáhán, sumulat Siya ng liham sa gobernador ng lalawigang iyon na hinihiling sa kaniyang ituro ang lugar na maaari Niyang tirahan. Ang gobernador na ito, na dalisay ang puso at makatarungan, ay lubusang naantig sa paggalang at estilo ng liham ng Báb na inatasan niya ang pinakamataas na opisyal ng relihiyon sa lalawigan na patuluyin ang Báb sa kaniyang tahanan at bigyan Siya ng marubdob at mapagbiyayang pagtanggap.

Sa pagtigil ng Báb sa Iṣfáhán, araw-araw dumarating ang dagsa-dagsang mga tao upang makita Siya at makinig sa Kaniyang mga salita. Subalit ang lumalaki Niyang impluwensiya ay pumukaw sa inggit ng klerong lokal, na nangangambang mawala ang matagal na nilang tinatanganang katayuan ng kapangyarihan at awtoridad. Nagsimula silang magkalat ng mga tsismis laban sa Báb, sa pag-asang mapukaw ang paghihinala laban sa Kaniya. Nang hindi ito nagtagumpay, bumuo sila ng plano upang patayin Siya. Nang malaman ng gobernador ang mga balak ng klero, inanyayahan niya ang Báb na tumuloy sa sarili niyang tahanan. Doon, sa mga oras na ginugol sa pakikipag-usap sa Báb, unti-unting naunawaan ng gobernador ang kadakilaan ng Kaniyang Rebelasyon. Isang araw, habang magkasama sila ng Báb na nakaupo sa hardin ng kaniyang tahanan, sinabi ng gobernador sa Kaniya ang ganitong mga salita:

“Ang makapangyarihang Tagapagbigay ay nagkaloob sa akin ng malaking kayamanan. Hindi ko alam kung paano gamitin sa pinakamabuting paraan ang mga ito. Ngayong ako ay inakay na tanggapin, sa tulong ng Diyos, ang Rebelasyong ito, maalab na hangarin kong ihandog ang lahat ng aking mga pag-aari sa ikauunlad ng kapakanan nito at palaganapin ang kabantugan nito. Aking binabalak na magtungo, sa pahintulot Mo, sa Ṭihrán, at gawin ang lahat ng aking makakaya upang paanibin sa Kapakanang ito ang hari, na matatag at hindi mabubuwag ang tiwala sa akin.”[13]

Sa ganitong pagdaloy ng pagmamahal at katapatan, tumugon ang Báb:

“Harinawang gantihan ka ng Diyos sa iyong dakilang mga balak. Para sa Akin, ang napakataas na layunin ay higit na mahalaga kaysa sa mismong gawa. Datapuwat ang iyo at Aking mga araw ay nabibilang na; ang mga iyon ay napakaikli upang Aking masaksikhan, at upang pahintulutan kang matupad, ang kaganapan ng iyong mga inaasam. Hindi sa pamamagitan ng mga paraan ng iyong minimithing hinagap, na tutuparin ng makapangyarihang Maykapal ang tagumpay ng Kaniyang Pananampalataya. Sa pamamagitan ng mga mahirap at ng mga hamak sa lupaing ito, sa pamamagitan ng dugo na kanilang padadanakin sa Kaniyang landas, na titiyakin ng makapangyarihang Hari ang pagpapanatili at pagpapatatag ng saligan ng Kaniyang Kapakanan. Ang Diyos ding iyon, sa darating na daigdig, ay ipuputong sa iyong ulo ang korona ng walang-kamatayang kaluwalhatian, at labis-labis na ipagkakaloob sa iyo ang Kaniyang di-matayang pagpapala. Ang panahon ng iyong makalupang buhay ay may natitira pang tatlong buwan at siyam na araw, na pagkatapos nito, nang may pananalig at pagtitika, ikaw ay magmamadaling tutungo sa iyong walang-hanggang tahanan.”[14]

Pagkalipas ng tatlong buwan at siyam na araw yumao ang gobernador ng Iṣfáhán, sang-ayon sa propesiya ng Báb. Ilang araw pagkalipas ng kaniyang kamatayan, ang humalili sa kaniya ay nagpadala ng mensahe sa hari sa Ṭihrán, itinatanong kung ano ang dapat niyang gawin sa Báb. Iniutos ng hari sa kaniya na dalhin ang Báb nang nakabalatkayo sa punong-lungsod, kung saan nilayon niyang makipagkita sa Kaniya. Sa gayon, kasama ng nangangabayong mga kawal, sinimulan ng Báb ang Kaniyang paglalakbay patungong Ṭihrán.

1. Sino ang sinulatan ng Báb nang malapit na Siya sa lungsod ng Iṣfáhán? __________

______________________________________________________________________

2. Anong mga salita ang naglalarawan sa pagkatao ng gobernador ng Iṣfáhán? _______

______________________________________________________________________

3. Ano ang iniutos ng gobernador sa pinakamataas na opisyal ng relihiyon sa lalawigan?

______________________________________________________________________

4. Ano ang pumukaw sa inggit ng klero ng Iṣfáhán? ____________________________

______________________________________________________________________

5. Ano ang pinangangambahan ng klerong mawawala sa kanila kapag hinayaang magpatuloy ang Báb sa pamamahayag ng Kaniyang Mensahe? ________________

________________________________________________________________________

6. Ano ang ginawa ng gobernador upang pangalagaan ang Báb mula sa mga pakana ng klero? ________________________________________________________________

________________________________________________________________________

7. Ano ang balak gawin ng gobernador para sa Kapakanan ng Báb? ________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

8. Paano tumugon ang Báb sa balak ng gobernador? ____________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

9. Anong napakalalim na katotohanan tungkol sa pagsulong ng Kapakanan ng Diyos ang ibinahagi ng Báb sa Kaniyang pagtugon sa gobernador? _______________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

10. Anong mga utos ang ibinigay ng hari sa humalili sa gobernador? ________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

## BAHAGI 7

Ang punong ministro ng Persiya noong panahong iyon ay isang taong sakim at walang kakayahan. Natakot siyang kung dumating ang Báb sa Ṭihrán at makapanayam ang hari, baka mawala sa kaniya ang kaniyang katayuan at kapangyarihan. Sa gayon, hinikayat niya ang hari upang baguhin ang kaniyang utos at ipadala ang Báb sa lalawigan ng Á<u>dh</u>irbáyján sa hilagang kanluran ng bansa.

Ang Báb ay inihatid ng mga kawal sa Tabríz, ang punong-lungsod ng lalawigan, noong Hunyo 1847 at dinala sa tahanang pinili bilang Kaniyang bilangguan. Ang isang pangkat ng mga kawal ay nakabantay sa pintuan ng tahanan. Walang pinahintulutang makipagkita sa

Kaniya liban sa dalawa sa Kaniyang mga tagasunod. Binalaan ang mga tao ng lungsod na ang sinumang magtangkang makipagkita sa Báb ay ibibilanggo at ang lahat ng kaniyang mga ari-arian ay sasamsamin.

Nanatili ang Báb sa Tabríz nang maikling panahon at pagkatapos ay inilipat sa kuta ng Máh-Kú, na nasa kabundukan ng Ádhirbáyján, malayo sa malaking mga lungsod at bayan. Ang punong ministro ay nag-akalang, sa pagkapatapon dito sa malayo at mapanglaw na sulok ng bansa, ang impluwensiya ng Báb ay mapapawi at ang Kaniyang Pananampalataya ay malilimot. Subalit hindi niya napagtantong, kapag nasindihan na ang lampara ng relihiyon ng Diyos, walang kamay ng tao ang makapapatay sa ningas nito. Sa pamamagitan ng Kaniyang karingalan at mapagmahal na kabaitan, mabilis na nakamit ng Báb ang paggalang at paghanga kapuwa ng opisyal na namamahala sa kuta at ng mga tao ng rehiyon.

Sa gayon, ang malupit na mga paghihigpit na ipinataw sa Báb ay unti-unting niluwagan at ang mga pinto ng kuta ay ibinukas sa Kaniyang mga tagasunod, na dumating sa patuloy na lumalaking mga bilang mula sa iba't ibang mga bahagi ng Persiya upang makita Siya. Sa panahon ng Kaniyang pagkabilanggo sa Máh-Kú, ipinahayag ng Báb ang Bayán sa wikang Persiyano, ang pinakamahalaga sa lahat ng Kaniyang mga Akda. Sa aklat na iyon, itinatag Niya ang mga batas ng Kaniyang Dispensasyon, malinaw at tahasang ipinahayag ang pagdating ng isa pang Rebelasyon, na higit na dakila kaysa doon sa Kaniya, at hinimok ang Kaniyang mga tagasunod na hanapin "Siyang ihahayag ng Diyos". Inilarawan ng isa sa naunang mga mananampalatayang nakatira sa Máh-Kú sa panahong iyon ang pagpapahayag ng Bayán sa wikang Persiyano sa ganitong mga salita:

> "Ang tinig ng Báb, habang idinidikta Niya ang mga turo at mga simulain ng Kaniyang Pananampalataya, ay maliwanag na naririnig noong mga naninirahan sa paanan ng bundok. Ang himig ng pagdalit Niya, ang indayog ng daloy ng mga bersikulong nagmumula sa mga labi Niya, ay naulinigan ng aming mga tainga at nanuot sa kaibuturan ng aming mga kaluluwa. Pinaalingawngaw ng bundok at lambak ang karingalan ng Kaniyang tinig. Ang aming mga puso ay sumikdo hanggang kaibuturan sa pag-akit ng Kaniyang pananalita."[15]

Nang malaman ng punong ministro na nakamtan na ng Báb ang pagmamahal at pagtatangkilik ng mga tao sa Máh-Kú at ang Kaniyang Pananampalataya ay patuloy na lumalaganap sa buong bansa, naglabas siya ng utos na ilipat ang Báb sa kuta ng Chihríq. Subalit, doon din, ang mga tao sa mga karatig-bayan at ang opisyal ng kuta ay nahalina ng kaakit-akit na pagkatao ng Báb. Kahit ang ilan sa pinakatanyag na mga klerigo sa rehiyon ay tumanggap sa bagong Pananampalataya at iniwan ang kanilang magandang mga tungkulin upang mapabilang sa Kaniyang mga tagasunod.

Nang nabalitaan ng punong ministro ang mga pangyayaring nagaganap sa Chihríq, naglabas siya ng utos na agad dalhin ang Báb sa Tabríz. Nagpatawag ng pagpupulong ng mga awtoridad ng relihiyon upang litisin ang Báb at upang tuklasin ang mabisang paraan ng pagwakas sa Kaniyang impluwensiya. Hulyo 1848 ang panahong iyon. Sa pagpupulong, sinikap ng klero at ng mga opisyal ng pamahalaaan na hamakin ang Báb, subalit nagapi sila ng Kaniyang karingalan. Nang itanong "Ano ang iyong inaangkin, at ano ang mensaheng iyong dinala?" sinabi Niya:

> **"Ako, Ako, Ako ang Siyang Ipinangako! Ako Yaong ang pangalan ay inyong tinatawag sa loob ng isang libong taon, na sa pagsambit Niyon kayo ay**

**nagbabangon, na ang pagdating Niya ay inasam ninyong masaksihan, at ang oras ng Kaniyang Rebelasyon ay ipinanalangin ninyo sa Diyos na madaliin. Tunay na sinasabi Ko, tungkulin ng mga sambayanan ng kapuwa Silangan at Kanluran na sumunod sa Aking salita at ipangako ang katapatan sa Aking katauhan."[16]**

Ilang araw pagkatapos ng pagpupulong na iyon, ibinalik ang Báb sa Chihríq. Inaasahan sana ng Kaniyang mga kaaway na sa pagdala sa Kaniya sa Tabríz ay mapipilit nila Siyang isuko ang Kaniyang Misyon. Subalit sa wakas ay ipinasiya nilang, habang nananatiling buhay ang Báb, hindi mapipigil ang Kaniyang lumalaking impluwensiya sa mga tao ng Persiya.

1. Anong mga salita ang naglalarawan sa pagkatao ng punong ministro ng Persiya noong panahong iyon? ______________________________
______________________________________________

2. Bakit natatakot ang punong ministro na makaharap ng hari ang Báb? ____________
______________________________________________

3. Ano ang ginawa ng punong ministro upang hindi magkita ang hari at ang Báb? ____
______________________________________________

4. Bakit binabantayan ng mga kawal ang pintuan ng bahay sa Tabríz kung saan tumira ang Báb? ______________________________
______________________________________________

5. Anong babala ang ibinigay sa mga tao ng lungsod? __________________________
______________________________________________
______________________________________________

6. Saan inilipat ang Báb pagkatapos ng Kaniyang maikling pagtigil sa Tabríz?________
______________________________________________

7. Ano ang inaakala ng punong ministro na mangyayari sa Kapakanan ng Báb kapag naikulong na Siya sa Máh-Kú? ______________________________
______________________________________________

8. Paano nagkamali ang pag-iisip ng punong ministro? __________________________
______________________________________________
______________________________________________

9. Paano nabuksan sa mga tagasunod ng Báb ang mga pinto ng Kaniyang bilangguan sa Máh-Kú?______________________________
______________________________________________

10. Anong mahalagang aklat ang ipinahayag ng Báb sa panahon ng Kaniyang pagkabilanggo sa kuta ng Máh-Kú?

11. Ano ang ilan sa mga tema ng Bayán sa wikang Persiyano?

12. Sa Bayán, sang-ayon sa paghimok ng Báb sa Kaniyang mga tagasunod, Sino ang dapat nilang hanapin?

13. Ano ang ginawa ng punong ministro nang mabalitaan niyang patuloy ang paglaganap ng Pananampalataya ng Báb?

14. Ano ang naging epekto sa Kapakanan ng Báb ng paglipat sa Kaniya sa Chihríq?

15. Ano ang inakala ng mga kaaway ng Báb na kanilang matutupad sa paglipat sa Báb mula sa Chihríq tungo sa Tabríz?

16. Ano ang mga itinanong sa Báb ng mga awtoridad sa paglilitis sa Kaniya?

17. Ano ang ipinahayag ng Báb bilang tugon sa kanilang mga katanungan?

## BAHAGI 8

Sa isang pagtukoy sa Báb, sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“At hinggil naman sa Báb—maging alay nawa sa Kaniya ang aking kaluluwa! — sa murang gulang, yaon ay sa ikadalawampu’t limang taon ng Kaniyang pinagpalang buhay, bumangon Siya upang ipahayag ang Kaniyang Kapakanan…. Habang nag-iisa ay isinabalikat Niya ang isang gawaing hindi halos magunita, sapagkat ang mga Persiyano ay kilala sa buong daigdig sa kanilang pagkapanatiko sa relihiyon. Ang mabunying Nilalang na ito ay bumangon nang taglay ang gayong kapangyarihan na nayanig ang mga haligi ng mga batas ng relihiyon, mga kaugalian, mga mabuting asal, moralidad, at mga kinagawian sa Persiya, at nagpatupad ng bagong batas, pananampalataya, at relihiyon. Bagaman ang mga dakilang tao ng Estado, ang karamihan ng mga tao, at ang mga pinuno ng relihiyon ay nagsibangon lahat upang sugpuin at patayin Siya, mag-isa Siyang nakatagal laban sa kanila at pinakilos ang buong Persiya. Napakaraming mga pari, mga namumuno, at gayundin ang mga nananahan sa bansang iyon, ay buong giliw at ligayang inialay ang kanilang mga buhay sa Kaniyang landas at nagmadali patungo sa larangan ng pagkamartir!**
>
> **“Ang pamahalaan, ang bansa, ang klero, at ang tanyag na mga tao ay nagsumikap na subhan ang Kaniyang ilaw, ngunit nang walang saysay. Sa wakas ay sumikat ang Kaniyang buwan, kuminang ang Kaniyang bituin, matibay na naitatag ang Kaniyang mga saligan, at bumaha ng liwanag ang Kaniyang sugpungang-guhit. Sinanay Niya ang malaking kawan ng mga tao sa pamamagitan ng banal na edukasyon at nagkaroon ng kamangha-manghang impluwensiya sa mga kaisipan, mga kaugalian, moralidad, at mabuting asal ng mga Persiyano. Ipinahayag Niya ang magandang balita ng kahayagan ng Araw ni Bahá sa lahat ng Kaniyang mga tagasunod at inihanda sila para sa pananalig at katiyakan.**
>
> **“Ang paghahayag ng gayong kahanga-hangang mga tanda at dakilang mga pagsisikap, ang mga impluwensiya niyon sa pag-iisip at sa mga kaisipan ng mga tao, ang pagtatag ng mga saligan ng pag-unlad, at ang pagsasapuwesto ng paunang mga pangangailangan para sa tagumpay at kaginhawahan, na nagawa ng isang batang mangangalakal, ang bumubuo ng pinakamalaking katibayan na Siya ay isang ganap na Tagapagturo—isang katotohanang hindi mag-aatubiling paniwalaan ng makatarungang tao.”[17]**

Hinihimok kayong maghanda at magbahagi ng isang maikling talumpati tungkol sa buhay ng Báb batay sa mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá sa itaas at sa kasaysayang napag-aralan na ninyo hanggang sa yugtong ito.

## BAHAGI 9

Noong taong 1850, ang bagong punong ministro ng Persiya, na kasing uhaw sa dugo ng nauna sa kaniya, ay iniutos ang pagbitay sa Báb. Muling dinala ang Báb mula sa Chihríq patungo sa Tabríz, kung saan ikinulong Siya sa isang seldang katabi ng liwasang-bayan na magiging tagpo ng Kaniyang pagmamartir.

Habang dinadala ang Báb sa selda, isang kabataan ang nagpumilit makadaan sa nagsisiksikang mga tao at isinubsub ang kaniyang sarili sa paanan ng Báb. "Huwag akong palayuin sa Iyo, O Panginoon," ang samo ng kabataan. Nagmakaawa siya sa Báb na pahintulutan siyang sumusod sa Kaniya kahit saan pa Siya magtungo. "Magbangon," ang tugon ng Báb, "at umasang ikaw ay sasama sa Akin. Bukas masasaksihan mo ang itinadhana ng Diyos."[18] Ang binata ay agad na dinakip, kasama ng kaniyang dalawang kasamahan, at ikinulong sa selda ng Báb at ng Kaniyang kalihim. Itong kabataang lalaki ay nakilala bilang si Anís.

Narinig ni Anís ang tungkol sa bagong Mensahe mula sa Báb Mismo noong una Niyang maikling pagtigil sa Tabríz—ito ay sa kabila ng mahigpit na mga pagbabawal na ipinataw, noong panahong iyon, sa Kaniyang pakikipag-ugnay sa mga nananahan sa lungsod. Lubhang napakalakas ng pag-alab ng apoy ng pag-ibig sa Diyos sa puso ni Anís na ang kaniyang tanging hangarin ay maialay ang kaniyang sarili sa kaniyang bagong Pananampalataya. Subalit nabahala ang kaniyang amang panguman sa kilos ng kaniyang anak, at hinigpitan ang kalayaan ng pagkilos ni Anís at inilagay siya sa ilalim ng mahigpit na pagbabantay sa kanilang tahanan. Doon ay iginugol ni Anís ang ilang linggo sa pagdarasal at pagmumuni-muni, sumasamo sa Diyos na pahintulutan siyang muling makapiling ang kaniyang Minamahal. Isang araw, habang buhos na buhos ang loob sa panalangin, nagkaroon siya ng bukod-tanging pangitain. Nakita niya ang Báb na nakatayo sa harapan niya at tinatawag siya. Nagpatirapa si Anís sa Kaniyang paanan. "Magsaya," sinabi ng Báb sa kaniya, "ang oras ay nalalapit, sa lungsod ding ito, na Ako ay ibibitin sa harap ng mata ng maraming tao at magiging isang biktima ng apoy ng kaaway. Wala Akong pipiliin liban sa iyo upang makihati sa Akin sa kalis ng pagmamartir. Manalig na ang pangakong ito na Aking ibinigay sa iyo ay matutupad."[19] At mula noon si Anís ay nagsimulang maghintay nang matiyaga, sa kabatirang nalalapit na ang araw na muling makakapiling niya ang kaniyang Minamahal. Ngayon, sa wakas, ay nakamtan na niya ang minimithi ng kaniyang puso.

Nang gabing iyon ang Báb ay nagniningning sa kagalakan. Nakipag-usap Siya nang buong kasiyahan kina Anís at sa tatlong iba pang tapat na mga tagasunod na kasama Niya sa selda ng Kaniyang piitan. "Bukas," sinabi Niya sa kanila "ay ang araw ng Aking pagmamartir. Sana may isa sa inyo ang magbabangon, at nang sarili niyang mga kamay ay wakasan ang Aking buhay." Wala sa kanila ang makaisip na kitilin ang ganoong kahalagang buhay, at sila ay nanatiling tahimik, habang ang mga luha ay tumutulo mula sa kanilang mga mata. Pagkatapos ay biglang tumayo si Anís at sinabing handa siyang sumunod sa anumang iutos ng Báb. "Ang kabataan ding ito, na nagbangon upang tuparin ang Aking kagustuhan," pahayag ng Báb, "ay dadanas ng pagmamartir kasama Ko. Siya ang Aking pipiliin upang makihati sa Akin sa koronang ito."[20]

Umagang-umaga kinabukasan, ika-9 ng Hulyo 1850, habang kinakausap ng Báb ang Kaniyang kalihim, nang biglang sumabad ang isang opisyal. "Hanggang hindi Ko nasasabi sa kaniya ang lahat ng mga bagay na Aking nais sabihin," sinabi ng Báb sa opisyal, "walang makalupang kapangyarihan ang maaaring magpatahimik sa Akin. Kung ang buong daigdig man ay masandatahan laban sa Akin, sila ay mawawalan ng kapangyarihang pigilan Ako sa pagtupad, hanggang sa huling kataga, sa Aking layunin."[21] Subalit hindi naunawaan ng opisyal ang kahulugan ng mga salita ng Báb. Hindi siya sumagot at inutusan ang kalihim na sumunod sa kaniya. Pagkatapos ay dinala ang Báb mula sa Kaniyang selda tungo sa mga tahanan ng tatlong klerong pinakamataas ang ranggo sa lungsod, na hindi nag-atubiling lagdaan ang utos para sa Kaniyang pagbitay.

Hindi naglaon ang umagang iyon nang ibalik ang Báb sa liwasang-bayan kung saan nagsisiksikan ang halos sampung libong tao upang saksihan ang pagbitay sa Kaniya. Ibinigay Siya sa mga kamay ni Sám Khán, ang komandante ng rehimyento ng mga sundalong inatasang bumitay sa Kaniya. Subalit hindi mapakali si Sám Khán. Sinakmal siya ng takot na baka ang kaniyang gagawin ay magdala ng poot ng Diyos sa kaniya. "Ako ay naniniwala sa Pananampalatayang Kristiyano," paliwanag niya sa Báb, "at hindi ako nag-iisip ng masama laban sa iyo. Kung ang iyong Kapakanan ay Kapakanan ng Katotohanan, tulutang mapalaya ko ang aking sarili sa tungkuling patuluin ang iyong dugo." "Sundin ang mga utos sa iyo," tugon ng Báb, "at kung ang iyong layunin ay tapat, tiyak na gagawin ng Lubos na Makapangyarihan na mailigtas ka sa iyong linggatong."[22]

Inutusan ni Sám Khán ang kaniyang mga kawal na magbaon ng pakong bakal sa pader at magtali ng dalawang lubid sa pakong iyon. Ibinitin ang Báb at si Anís mula sa mga lubid na iyon. Pagkatapos ang rehimyento ay umayos sa tatlong hanay, na ang bawat isa ay may dalawang daan at limampung sundalo. Sunod-sunod na nagpaputok ng mga riple ang bawat hanay. Nang mapawi ang usok mula sa pitong daan at limampung mga riple, nakita ng madlang namamangha ang isang tagpo na halos hindi nila mapaniwalaan. Si Anís ay nakatayo sa harapan nila nang buhay at hindi nasaktan, at ang Báb ay nawala sa kanilang paningin. Pinutol lamang ng mga bala ang mga lubid na kinabibitinan nila. Isang nagkakagulong paghahanap sa Báb ang isinagawa. Sa dakong huli natagpuan Siyang nakaupo sa Kaniyang selda at tinatapos ang nahintong pakikipag-usap Niya sa Kaniyang kalihim. "Natapos Ko na ang Aking pakikipag-usap," ang wika ng Báb. "Ngayon ay maipagpapatuloy na ninyo ang inyong balak."[23]

Nasindak sa nangyari, hindi pinahintulutan ni Sám Khán ang kaniyang mga kawal na saktan ang Báb at inutusan silang umalis sa liwasang-bayan. Pinatawag ang ibang rehimyento upang isagawa ang pagbitay. Muling ibinitin ang Báb at si Anís sa liwasang-bayan, at nagpaputok ang mga kawal. Sa pagkakataong ito natagpuan ng mga bala ang kanilang patatamaan. Ang mga katawan ng Báb at ni Anís ay nagkadurog-durog; subalit ang kanilang mga mukha ay nanatiling halos hindi nagalaw. Habang naghahanda ang rehimyento na magpaputok, binigkas ng Báb ang huling mga salitang ito sa nanonood na madla:

> **"O suwail na salinlahi! Kung naniwala kayo sa Akin, bawat isa sa inyo ay susunndan ang halimbawa ng kabataang ito, na ang katayuan ay higit na mataas sa karamihan sa inyo, at kusang loob na ipinagpakasakit ang kaniyang sarili sa Aking landas. Ang araw ay darating na makikilala ninyo Ako; sa araw na iyon Ako ay hindi na ninyo makakasama."[24]**

1. Sa aling lungsod minartir ang Báb? ________________________________

2. Sino ang nag-utos sa pagbitay ng Báb? ____________________________

   ________________________________________________________

3. Sa inyong sariling mga salita, isaysay kung paano ang kabataang si Anís ay minartir kasama ng Báb.

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

   ________________________________________________________

4. Bakit pinili si Anís ng Báb na makibahagi sa Kaniya ng korona ng pagmamartir? ___

5. Nang pinahinto ng opisyal ang Báb at ang Kaniyang kalihim noong umaga ng pagbitay sa Kaniya, sinabi ng Báb sa kaniyang: “Hanggang hindi Ko nasasabi sa kaniya ang __________ ng ________________ na ___________ Kong sabihin, walang _______________ kapangyarihan ang maaaring ________________ sa Akin.”

6. Ano ang pangalan ng komandante ng rehimyento na nag-utos sa pagsasagawa ng pagbitay sa Báb? ________________________________________

7. Ano ang hiniling ni Sám Khán sa Báb? ____________________________

8. Ano ang sinabi ng Báb kay Sám Khán na gawin niya? ________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

9. Ilang mga sundalo ang nagpaputok ng riple sa Báb at sa Kaniyang kasamang si Anís?

______________________________________________________________________

10. Ano ang nakita ng namanghang madla nang mapawi ang usok mula sa mga riple? ____

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

11. Ano ang ginagawa ng Báb noong Siya ay natagpuan? ________________________

______________________________________________________________________

12. Ano ang sinabi ng Báb nang matagpuan Siya sa kalaunan? ____________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

13. Anong petsa naganap ang pagmamartir sa Báb? _____________________________

14. Anong edad ang Báb sa oras ng Kaniyang pagmamartir? ______________________

15. Sa puwang sa ibaba, isulat ang huling mga salita ng Báb sa madlang nagtipon upang saksihan ang pagbitay sa Kaniya

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 10

Iminumungkahing iguhit ninyo sa mapa ang ruta ng Kaniyang mga paglalakbay at mga pagpapatapon. Habang ginagawa ninyo ito, sikaping alalahanin kung ano ang naganap sa bawat lugar at nilay-nilayin ang kahalagahan niyon.




## BAHAGI 11

Sa unit na ito, inyong natutunan ang buhay ng isa sa Kambal na Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito. Sa panahon ng Kaniyang maikling Ministeryo, lumikha ang Báb ng isang espiritwal na rebolusyon sa Persiya. Libu-libong mga dalisay na kaluluwa ang tumanggap ng Kaniyang Mensahe at nagsimulang ihanda ang kanilang mga sarili para sa pagdating ng Kahayagan ng Diyos na tinukoy ng Báb bilang "Siyang ihahayag ng Diyos". Batid ninyong sa tuwing ang isang Kahayagan ng Diyos ay lumilitaw sa lupa, yaong mga uhaw sa kapangyarihan at pamumuno ay nagbabangon laban sa Kaniya at sinisikap nilang subhan ang liwanag ng Kaniyang Rebelasyon. Sa kasong ito, ang Báb ay hindi lamang minartir ng mangmang na mga pinuno ng Persiya, bagkus ang libu-libo sa Kaniyang mga tagasunod ay pinapatay. Ang magiting na mga buhay nitong naunang mga Bábí, na idinilig sa puno ng bagong-silang na Rebelasyon ang sarili nilang dugo, ay ang magiging paksa ng inyong pag-aaral sa darating na mga taon. Ang mga katauhang katulad nila Mullá Ḥusayn, Quddús, Ṭáhirih, at Vaḥíd ay tiyak na magiging sanhi ng inspirasyon at lakas-loob sa inyong buong buhay habang patuloy ninyong natututunan ang bukod-tanging kasaysayan ng maagang mga taon ng Panahon ng Bahá'í. Para sa ngayon, makabubuti para sa atin ang nilay-nilayin ang isang pangunahing katanungan: Paano nangyari, sa loob ng napakaikling panahon, na lubusang nagbago ang buhay ng napakaraming libu-libong tao, at mula sa gayong populasyong nakalugmok sa pamahiin at inaalipin ng mga

pinunong balakyot, na nagbangon ang gayong mga kaluluwang banal upang isakatuparan ang mga gawain ng bukod-tanging kagitingan? Ang kasagutan ay matatagpuan lamang sa Katauhan ni ‘Alí-Muḥammad, ang Báb. Iminumungkahi, kung gayon, na inyong pag-aralan at nilay-nilayin ang ilang mga sipi mula sa mga kasulatan ni Bahá’u’lláh, ‘Abdu’l-Bahá, at ng Guardian tungkol sa Banal na Katauhang iyon.

Sa Kaniyang Habilin at Testamento, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“Ito ang saligan ng pananalig ng mga tao ni Bahá (maging alay nawa ang aking buhay para sa kanila). “Ang Kaniyang Kabanalan, Siya na Dakila (ang Báb) ay ang Kahayagan ng Pagkakaisa at Kaisahan ng Diyos at ang Tagapagbalita ng Napakatandang Kagandahan. Ang Kaniyang Kabanalan, ang Kagandahan ng Abhá (maging alay nawa ang aking buhay para sa Kaniyang matatag na mga kaibigan) ay ang Pinakadakilang Kahayagan at ang Pamimitak ng Kaniyang Pinakabanal na Diwa. Lahat ng iba ay mga tagapaglingkod Niya at sinusunod ang ipinag-uutos Niya.’”[25]**

Sa *Nagdaraan ang Diyos*, mababasa natin ang sumusunod na siping isinulat ng Guardian:

**“Ang Báb, ipinagbunyi ni Bahá’u’lláh bilang ang ‘Diwa ng mga Diwa,’ ang ‘Karagatan ng mga Karagatan,’ ang ‘Tuldok na palibot Niya ang mga realidad ng mga Propeta at mga Sugo ay umiikot,’ ‘na ginawa ng Diyos na magmula sa Kaniya ang kaalaman sa lahat ng naging at magiging,’ na ang Kaniyang ‘ranggo ay nakahihigit sa lahat ng mga Propeta,’ na ang Kaniyang ‘Rebelasyon ay nakahihigit sa pagkawatas at pag-unawa ng lahat ng kanilang mga hinirang,’ ay ibinigay ang Kaniyang Mensahe at tinupad ang Kaniyang misyon. Siya, sa mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá, ay ang ‘Umaga ng Katotohanan’ at ang ‘Tagapagbalita ng Pinakadakilang Liwanag,’ na ang Kaniyang pagsapit ay kapuwa nagtanda sa wakas ng ‘Panahon ng Propesiya’ at ang simula ng ‘Panahon ng Katuparan,’ ay magkasabay na pinawi sa pamamagitan ng Kaniyang Rebelasyon, ang mga lilim ng gabi na bumaba sa Kaniyang bansa, at ipinahayag ang napipintong pagsikat ng Walang-kahalintulad na Globong iyon na ang Kaniyang kaningningan ay babalot sa buong sangkatauhan. ”[26]**

Si Bahá’u’lláh Mismo ang nagpapaliwanag:

**“Na isang napakaikling panahon ang naghiwalay sa pinakamakapangyarihang Rebelasyong ito sa Aking sariling dating Kahayagan, ay isang lihim na walang sinuman ang makatutuklas at isang gayong hiwaga na walang isipan ang makaaarok.”[27]**

Sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá na:

**“Ang pagdating ng Báb ay kahalintulad ng bukang-liwayway, sapagkat taglay ng bukang-liwayway ang pangako ng araw. Ang bukang-liwayway ng Báb ay nagbigay ng pangako ng pagsikat ng Araw ng Katotohanan na babalot sa buong daigdig.”[28]**

## BAHAGI 12

Sa Kaniyang maikling buhay sa lupa bilang Kahayagan ng Diyos, ipinahayag ng Báb ang malaking bilang ng mga aklat at mga Tableta. Ngayong natapos na ninyo ang pag-aaral sa Kaniyang buhay, mahigpit na iminumungkahing isaulo ninyo ang dalawa sa Kaniyang mga dalangin sa ibaba:

> **"Mayroon bang Tagapag-alis ng mga kahirapan liban sa Diyos? Sabihin: Purihin ang Diyos! Siya ay Diyos! Lahat ay Kaniyang tagapaglingkod, at lahat ay sumusunod sa Kaniyang mga utos!"[29]**


> **"Sabihin: Ang Diyos ay sapat sa lahat ng bagay at higit sa anumang bagay, at walang anumang bagay sa langit o sa lupa ang makasasapat liban sa Diyos. Tunay, Siya sa Kaniyang Sarili ay ang Nakababatid, ang Nagpapanatili, ang Lubos na Makapangyarihan."[30]**

## BAHAGI 13

Sa ikatlong yunit ng Aklat 2, itinutok ninyo ang inyong mga pagsisikap na matuto kung paano makipag-usap tungkol sa ilang mga tema, lalo na sa yaong mga bago pa sa Pananampalataya, sa loob ng isang serye ng mga pagdalaw sa mga tahanan sa inyong pamayanan. Ngayong natapos na ninyo ang yunit na ito, maidaragdag na ninyo sa mga temang maaari ninyong talakayin ang talambuhay ng Báb. Kung gaano karaming detalye ang ibabahagi ninyo sa alinmang pagkakataon ay mababatay, mangyari pa, sa maraming mga bagay. Subalit, maging anupaman ang mga kalagayan, dapat kayong umasang maibahagi ang isang masaklaw na kasaysayan ng pangunahing mga pangyayari sa Kaniyang buhay bilang Tagapauna ni Bahá'u'lláh at Tagapamalita ng isang Bagong Panahon. Maaaring makatulong sa inyo sa ilang mga pagkakataon ang sumusunod na mga pahina.

# Ang Báb

*Ang Tagapagbalita ng isang Bagong Araw*




**Ang Báb ay ipinanganak noong ika-20 ng Oktubre 1819 sa Shíráz, isang lungsod sa dakong timog ng Iran. Siya ay musmos pa lamang nang sumakabilang-buhay ang Kaniyang ama.  Siya ay pinalaki ng Kaniyang amain sa ina, na siyang naglagay sa Kaniya sa paaralan sa murang gulang.**




**Mabilis na natuklasan ng guro ng Báb ang Kaniyang napakalaking kakayahan at natanto na wala na siyang maituturo sa hindi pangkaraniwang bata na iyon. Ang Báb ay pinagkalooban ng Diyos ng likas na karunungan.**



**Noong panahong iyon naghihintay ang mga tao ng Iran sa pagdating ng isang bagong Sugo ng Diyos. Ipinagdarasal nila na Siya ay maihahayag agad, at maghahatid Siya ng isang panahon ng kapayapaan at katarungan sa daigdig. Nilisan ng marami ang kanilang mga tahanan upang hanapin Siya na Ipinangako.**



**Noong gabi ng ika-23 ng Mayo 1844, isang lalaki ang dumating sa <u>Sh</u>íráz na naghahanap sa Kaniya na Ipinangako. Sinalubong siya ng Báb sa labas ng bukana ng lungsod at inanyayahan siya sa Kaniyang tahanan upang magpahinga pagkalipas ng kaniyang mahabang paglalakbay. Doon ay ipinahayag ng Báb na Siya na ang sabik na hinihintay ng mga tao .**



**Ang kahulugan ng salitang “báb” ay pinto. Ipinahayag ng Báb na hindi magtatagal may panibagong Sugo ng Diyos ang darating at pagkakaisahin Niya ang lahat ng mga tao ng daigdig sa iisang pamilya. Ang Báb ay naging tulad ng isang pinto na aakay sa sangkatauhan patungo sa isang bago at maluwalhating kinabukasan.**



**Ang bilang ng mga tagasunod ng Báb ay mabilis na lumaki. Sa buong Iran, sinimulan nilang palaganapin ang banal na mga turo na ipinahayag Niya.**



**Hindi nagtagal ang mga pinuno ng pamahalaan at ang klero, na natatakot na mawawala sa kanila ang kapangyarrihan, ay nagsibangon laban sa bagong Pananampalataya ng Diyos. Ibinilanggo nila ang Báb sa isang kuta sa isang liblib na bahagi ng bansa, na malayo sa Kaniyang mga tagasunod.**



**Dumanas ng napakalupit na pag-uusig ang mga tagasunod ng Báb. Sila ay sinalakay, binugbog, at itinapon sa bilangguan. Libu-libo sa kanila ang pinatay, subalit patuloy na lumaganap ang Kapakanan ng Diyos.**



**Sa taong 1850 ang Báb ay minartir. Sa utos ng pamahalaan, Siya ay ibinitin sa liwasang-bayan kasama ang isa sa Kaniyang mga tagasunod at binaril ng isang rehimyento ng mga sundalo. Ang Báb ay 31 taong gulang pa lamang.**



**Ibinuwis ng Báb ang Kaniyang buhay upang ihanda ang daan para sa pagdating ni Bahá'u'lláh, "Ang Luwalhati ng Diyos", na ang bandila ng Kaniyang Pananampalataya ay natatadhanang itaas sa bawat sulok ng daigdig.**

## MGA REPERENSIYA


1. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-Liwayway: Ang Salaysay ni Nabíl tungkol sa mga Unang Panahon ng Rebelasyong Bahá'í* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2018), mp. 73–74.

2. Ibid., mp. 54-55.

3. Ibid., mp. 61-63.

4. Ibid., mp. 63-64.

5. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-23 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 2, p. 196.

6. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, mp. 84–86.

7. Ang Báb, sinipi sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, mp. 91–94.

8. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 138.

9. Ibid., p. 146.

10. Mula sa isang talumpati ni 'Abdu'l-Bahá na ibinigay noong ika-23 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 2, p. 196.

11. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, mp. 144–45.

12. Ibid., p. 188.

13. Ibid., p. 200.

14. Ibid., p. 202.

15. Ibid., mp. 237-38.

16. Ang Báb, sinipi ni Shoghi Effendi, *Nagdaraan ang Diyos* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2019), p. 23-24; gayundin sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 300.

17. 'Abdu'l-Bahá, sa *Ilang Katanungang Sinagot* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), no. 8.1–3, mp. 42–44.

18. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 482.

19. Ibid., p. 293.

20. Ibid., p. 483.

21. Ibid., p. 484.

22. Ibid., mp. 485-487.

23. Ibid., mp. 488-489.

24. Ang Báb, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, p. 58; gayundin sa *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 489.

25. *Will and Testament of 'Abdu'l-Bahá* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1944, 2013 printing), p. 39.

26. *Nagdaraan ang Diyos*, p. 62.

27. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1991, 2012 printing), p. 124.

28. *Abdul Baha on Divine Philosophy* (Boston: The Tudor Press, 1918), mp. 51–52.

29. Ang Báb, sa *Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at 'Abdu'l-Bahá* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 1990), p. 13.

30. Ibid., mp. 13-14.

# Ang Buhay ni Bahá’u’lláh

## Layunin

Upang magtamo ng pagpapahalaga sa kalakihan ng
mga puwersang espiritwal na pinukaw ni Bahá’u’lláh
at upang matutunang isaysay ang Kaniyang talambuhay.

# BAHAGI 1

Si Bahá'u'lláh, na ang Kaniyang pangalan ay Mírzá Ḥusayn-'Alí, ay ipinanganak noong ika-12 ng Nobyembre 1817 sa Ṭihrán, ang kabisera ng Persiya. Ang Kaniyang ama, si Mírzá Buzurg, ay isang kagalang-galang na maharlikang may mataas na tungkulin sa korte ng hari ng Persiya. Mula pa sa murang gulang, nagpakita na si Bahá'u'lláh ng mga tanda ng kadakilaan at nagpamalas ng hindi pangkaraniwang kaalaman at karunungan. Hindi Siya nag-aral sa karaniwang paaralan at tinuruan lamang nang kaunti sa tahanan. Tungkol sa Kaniyang pagkabata, sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Ang Pinagpalang Kaganapan, si Bahá'u'lláh, ay nabibilang sa maharlikang angkan ng Persiya. Mula sa Kaniyang pinakamaagang pagkabata, natatangi Siya sa Kaniyang mga kamag-anak at kaibigan. Ang sabi nila, 'Hindi pangkaraniwan ang kakayahan ng batang ito.' Sa karunungan, talino at bilang pinagmumulan ng bagong kaalaman, Siya ay higit na nauuna kaysa sa Kaniyang edad at higit na mataas sa Kaniyang mga kapaligiran. Lahat ng nakakikilala sa Kaniya ay nagugulat sa Kaniyang maagang katalinuhan. Kinagawian nilang sabihin na, 'Ang batang ito ay hindi mabubuhay,' dahil sa paniniwala ng karamihan, na ang mga batang maagang umunlad ay hindi aabot sa hustong gulang."[1]**

Sa isang Tableta, si Bahá'u'lláh ang Mismong nagsalaysay ng isang kuwento mula sa Kaniyang pagkabata tungkol sa isang pagkakataon kung kailan dumalo Siya sa pagdiriwang ng kasal ng isa sa Kaniyang mga kuya sa Ṭihrán. Tulad ng kaugalian noong panahong iyon, idinaos ang isang malaking pagdiriwang na tumagal ng pitong araw at gabi. Sa huling araw, nagkaroon ng isang palabas ng mga manikang pinagagalaw, tungkol sa isang bantog na hari, bilang pang-aliw sa mga panauhin. Nakaupo si Bahá'u'lláh sa pangalawang palapag sa isang silid na nakatanaw sa liwasan kung saan may isang toldang itinayo bilang entablado para sa palabas.

Sinasabi Niya sa atin na nagsimula ang dula sa pagpasok ng ilang manikang ibinabalita ang pagdating ng hari. Lumabas ang ilan pang mga manika. Nagwawalis ang ilan, at ang iba ay nagwiwisik ng tubig bilang paghahanda sa pagdating ng hari. Ang tagapagtalastas ng bayan ay pumasok sa eksena at tinatawag ang mga taong magtipon upang pakinggan ang hari. Ilang pangkat ng mga manika ang lumitaw at nagpunta sa kani-kanilang mga lugar. Sa wakas, buong dingal na pumasok ang hari. Nakaputong ang korona sa kaniyang ulo, marahan at buong kamahalan siyang lumakad at umupo sa trono. Nagpaputok ng mga baril, tumunog ang mga trumpeta, at ang tolda ay napuno ng usok.

Nang mapawi na ang usok, ang hari, na nakaupo pa rin sa kaniyang trono, ay napapalibutan ng mga ministro, mga prinsipe, at mga opisyal ng bansa, na ang lahat ay nakatayo at nakatuon ang kanilang pansin sa kaniyang harapan. Sa sandaling iyon, iniharap ang isang magnanakaw sa hari, at iniutos niyang pugutan siya ng ulo. Agad na isinagawa ng punong-tagapagbitay ang kaniyang utos. Pagkatapos ng pagbitay, nakipag-usap ang hari sa kaniyang mga ministro at mga pinuno. Biglang dumating ang balitang nagsimula ang isang paghihimagsik sa isa sa mga hangganan ng kaharian. Agad na nagpapunta ng mga kawal upang sugpuin ang himagsikan. Pagkalipas ng ilang minuto, narinig mula sa likuran ang tunog ng kanyon, at itinalastas na nakikipaglaban ang mga kawal ng hari sa mga rebelde.

Nagpatuloy nang ganoon ang dula. Naging palaisipan kay Bahá'u'lláh ang kahulugan ng palabas. Nang matapos na ito at ibinaba na ang kurtina, nakita Niyang lumabas ang isang tao mula sa likuran ng tolda, na may nakaipit na kahon sa kaniyang braso. "Ano ang kahong

ito?" itinanong ni Bahá'u'lláh sa kaniya, "at anong klaseng palabas iyon?" "Ang lahat nitong marangyang palabas at itong masusing mga kahiligan," ang sagot niya, "ang hari, ang mga prinsipe, at ang mga ministro, ang kanilang karangyaan at kaluwalhatian, ang kanilang kapangyarihan at lakas, ang lahat ng iyong nakita, ay nakasilid na ngayon sa kahong ito."[2] Ang pahayag na ito ay nag-iwan ng malalim na bakas kay Bahá'u'lláh, at sa kalaunan ay sinabi Niya:

> **"Simula sa araw na iyon, ang lahat ng mga palamuti ng daigdig ay waring katulad ng palabas na iyon sa mga mata ng Kabataang ito. Ang mga iyon ay hindi kailanman naging, ni hindi kailanman magiging, matimbang o mahalaga, nang kahit na katumbas ng isang butil ng mustasa. . . .**
>
> **"Hindi magtatagal itong mga gayak na panlabas, itong mga kayamanang nakikita, itong mga karangyaang makalupa, itong mga hukbong nakahanay, itong mga kasuutang pinalamutian, itong mga kaluluwang mapagmataas at napakayabang, ang lahat ay isisilid sa libingan, nang tulad ng sa kahong iyon. Sa mga mata nilang mga nagtataglay ng malalim na pag-unawa, ang lahat nitong pag-aaway, salungatan, at kayabangan ay laging naging, at laging magiging, tulad ng laro at libangan ng mga bata."[3]**

Ang isa pang kuwentong nauugnay sa pagkabata ni Bahá'u'lláh ay tungkol sa isang panaginip ng Kaniyang ama, kung saan si Bahá'u'lláh ay waring

> "lumalangoy sa isang karagatang malawak at walang hanggan. Ang Kaniyang katawang nasa tubig ay kumikinang sa liwanag, na natatanglawan ang karagatan. Sa paligid ng ulo Niya, na maliwanag na nakikita sa ibabaw ng tubig, ay nakasabog sa lahat ng dako ang Kaniyang mahaba at napakaitim na buhok, na nakalutang nang buong rangya sa ibabaw ng mga alon. . . . isang malaking kawan ng mga isda ang nagtipon sa palibot Niya, ang bawat isa ay nakakapit sa dulo ng isang hibla. Nahahalina sa ningning ng Kaniyang mukha, sumusunod sila sa Kaniya saanmang dako Siya lumangoy. Napakalaki man ng kanilang bilang, at kahit anong higpit ng kanilang pagkapit sa Kaniyang buhok, wala ni isang hibla ang waring natanggal sa Kaniyang ulo, ni walang anumang pinsala ang naidulot sa Kaniyang katawan. Malaya at hindi napipigilan, lumalangoy Siya sa ibabaw ng tubig at sumusunod silang lahat sa Kaniya."[4]

Yamang napatanim sa isipan ang panaginip na ito, nagpatawag ang ama ni Bahá'u'lláh ng isang taong kilala sa kaniyang malalim na pag-unawa upang ipaliwanag ang kahulugan ng panaginip. Ang taong ito, na waring binigyang-sigla ng isang sulyap sa hinaharap na kaluwalhatian ni Bahá'u'lláh, ay sinabing:

> "Ang walang hanggang karagatan na nakita mo sa iyong panaginip ay walang iba kundi ang daigdig ng sangkatauhan. Nang walang katulong at nag-iisa, ang iyong anak ay magtatamo ng ganap na pangingibabaw rito. Saanman Niya nais makarating, Kaniyang patutunguhan iyon nang walang sagabal. Walang sinuman ang makapipigil sa Kaniyang pagsulong, walang sinuman ang makapipigil sa Kaniyang pag-unlad. Ang malaking kawan ng isda ay nangangahulugan ng kaguluhang gigisingin Niya sa mga sambayanan at mga kaanak ng daigdig. Magtitipon sila palibot Niya, at mangangapit sila sa Kaniya. Yamang nakatitiyak sa hindi nabibigong pangangalaga ng Lubos na Makapangyarihan, ang kaguluhang ito ay hindi kailanman makapipinsala sa Kaniyang

katauhan, ni hindi masusuong sa panganib ang Kaniyang kaligtasan dahil sa Kaniyang pag-iisa sa karagatan ng buhay."[5]

1. Ano ang pangalan ni Bahá'u'lláh? ______________________________

2. Anong petsa Siya ipinanganak? ______________________________

3. Saan Siya ipinanganak? ______________________________

4. Sa anong pangalan nakikilala ang Persiya sa ngayon? ______________________________

5. Ano ang pangalan ng ama ni Bahá'u'lláh? ______________________________

6. Ano ang tungkulin ng ama ni Bahá'u'lláh? ______________________________
______________________________

7. Anong mga palatandaan ang ipinakita ni Bahá'u'lláh noong Siya ay isang bata? ____
______________________________

8. Anong uri ng edukasyon ang tinanggap ni Bahá'u'lláh? ______________________________
______________________________

9. Ilarawan ang palabas ng manikang pinanood ni Bahá'u'lláh noong Siya ay isang bata.
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

10. Ano ang inisip ni Bahá'u'lláh nang malaman Niyang ang lahat ng nakita niya sa dula—ang hari, ang mga ministro, ang mga kawal, at ang trono—ang lahat ay iniligpit sa kahon? ______________________________
______________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

11. Sinabi ni Bahá'u'lláh na buhat sa araw nang nakita Niya ang hari, ang kaniyang mga ministro, ang mga kawal, at ang trono na iniligpit sa isang kahon: ". . . ang lahat ng mga ______________ ng ___________ ay waring katulad ng ________ na iyon sa mga ___________ ng ______________ ito. Ang mga iyon ay ___________ ______________ naging, ni hindi kailanman magiging, ___________________ o _____________ , nang kahit na katumbas ng isang _______ ng ___________ . . . . Hindi magtatagal itong mga _________________________________ , itong mga _______________________ , itong mga ________________________ , itong mga ____________________ , itong mga ________________________ , itong mga ____________________ at ____________________________ , ang lahat ay isisilid sa ______________ , nang tulad ng sa kahong iyon. Sa mga mata nilang mga nagtataglay ng ______________________ , ang lahat nitong ____________ , ___________________ at __________________ ay laging naging, at laging magiging, tulad ng _________ at ______________ ng mga _____________ ."

12. Isaysay sa sarili ninyong mga salita ang panaginip ni Mírzá Buzurg.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

13. Ano ang kahulugan ng karagatan sa panaginip? ___________________________

____________________________________________________________

14. Ano ang kahulugan ng malaking kawan ng mga isda na nakapalibot kay Bahá'u'lláh sa panaginip? ____________________________________________________

____________________________________________________________

15. Ano ang kahulugang malaya at hindi napipigilan ang paglangoy ni Bahá’u’lláh sa ibabaw ng tubig? ______________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 2

Ang mga Banal na Kahayagan ay may likas na kaalaman at hindi nangangailangang mag-aral sa mga paaralan at mga pamantasan. Sila ang mga Tagapagturo, hindi Sila ang tinuturuan. Sinasabi ni Bahá’u’lláh na:

> **“Ang Pinagkasalahang Ito ay hindi dumalo sa alinmang paaralan, ni hindi rin Siya dumadalo sa mga pagtatalo ng mga pantas. Saksi ang Aking buhay! Hindi sa sarili Kong pagkukusa na ipinahayag Ko ang Aking sarili, subalit ang Diyos, mula sa sarili Niyang pagpili, ay inihayag Ako.”[6]**

Kaugnay ng likas na kaalaman ni Bahá’u’lláh, sinasabi ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“Walang sinuman ang pumasok sa Kaniyang kinaroroonan na hindi nasindak sa Kaniyang kapangyarihan. Ang mga paham na lumapit sa Kaniya ay namangha sa Kaniyang kaalaman, subalit hindi Siya kailanman pumasok sa paaralan ni tinuruan ng tao. Ang Kaniyang mga kaibigan at ang Kaniyang pamilya ay sumasaksi lahat dito, subalit ang Kaniyang mga Turo ay ang kaluluwa ng panahong ito.**

> **“Ang araw ay nagmumula sa sarili nito at hindi ito kumukuha ng liwanag buhat sa ibang mga pinagmumulan. Ang mga Banal na Tagapagturo ay may likas na liwanag; Sila ay may kaalaman at pag-unawa sa lahat ng bagay sa sanlibutan; ang lahat ng iba sa daigdig ay tumatanggap ng liwanag mula sa Kanila at sa pamamagitan Nila ang mga sining at mga agham ay muling nagkakabuhay sa bawat panahon.”[7]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang araw ay nagmumula sa ______________ nito; hindi ito kumukuha ng ______________ buhat sa __________________________ .

   b. Ang mga banal na Tagapagturo ay may _____________________________ .

   c. Ang mga banal na Tagapagturo ay may _______________________________ at ______________________ sa lahat ng bagay sa sanlibutan.

   d. Mula sa mga banal na Tagapagturo ang lahat ng iba sa daigdig ay ___________________________ .

e. Sa pamamagitan ng mga banal na Tagapagturo, ang mga sining at mga agham ay ________________________________________ .

2. Kasama ang iba pang mga miyembro ng inyong grupo, talakayin ang kahulugan ng pariralang "likas na kaalaman" at kung paano naiiba ang likas na kaalaman sa natamong kaalaman.

3. Isaulo ang sipi sa itaas mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh.

## BAHAGI 3

Habang lumalaki si Bahá'u'lláh, ang mga tanda ng Kaniyang kadakilaan ay lalong naging hayag. Sa pagsapit Niya sa pagiging kabataan, naging bantog na Siya dahil sa Kaniyang matalas na talino, sa Kaniyang napakabuting pagkatao, sa Kaniyang kagandahang-loob at pagiging madamayin. May kakayahan Siyang lutasin ang pinakamahirap na mga suliranin at sagutin ang pinakamasalimuot at malalim na katanungan. Sa kabila ng Kaniyang hindi pangkaraniwang mga kapangyarihan, hindi Siya kailanman naghangad ng tungkulin o kabantugan. Nang sumakabilang-buhay ang Kaniyang ama, si Bahá'u'lláh ay inanyayahang sumunod sa kaniyang mga yapak at gampanan ang kaniyang tungkulin sa korte ng hari. Subalit tinanggihan Niya ito. Hindi Siya interesado sa mga titulo at mga parangal ng daigdig na ito. Ang Kaniyang interes ay nasa pagtatanggol ng mahirap at sa pangangalaga sa nangangailangan. Sa gulang ng labingwalo, ikinasal si Bahá'u'lláh kay Ásíyih Khánum at ang kanilang tahanan ay naging isang kanlungan para sa lahat. Walang sinuman ang pinagkaitan ng kanilang kagandahang-loob.

Dalawampu't pitong taong gulang si Bahá'u'lláh nang ipahayag ng Báb, noong ika-23 ng Mayo 1844, ang Kaniyang Misyon kay Mullá Ḥusayn sa Shíráz. Tatlong buwan lamang pagkalipas ng makasaysayang pangyayaring iyon nang tumanggap si Bahá'u'lláh ng isang pergamino mula sa Báb na naglalaman ng ilan sa Kaniyang mga Kasulatan. Agad Siyang sumaksi sa katotohanan ng Rebelasyon ng Báb at nagbangon upang itaguyod ang Kaniyang mga katuruan. Ang kuwento ng pagtanggap ni Bahá'u'lláh ng pergaminong iyon ay ang sumusunod.

Hindi nagtagal matapos hinirang ng Báb ang Kaniyang piniling mga disipulo, ang labingwalong Titik ng Nabubuhay, tinawag Niya sila sa Kaniyang kinaroroonan at inatasan silang humayo at ibahagi ang bagong Mensahe. Binigyan Niya ang bawat isa ng tanging gawain, itinalaga sa ilan sa kanila ang sarili nilang mga lalawigan bilang larangan ng kanilang mga pagpupunyagi. Mula rito sa labingwalong pinagpalang kaluluwa, si Quddús ang pinili upang sumama sa Kaniya sa Kaniyang peregrinasyon sa Mecca, kung saan ipapahayag Niya ang Kaniyang Misyon. Kay Mullá Ḥusayn, ang unang naniwala sa Kaniya, sinabi Niya ang mga salitang ito: "Huwag malumbay na hindi ikaw ang napili upang sumama sa Akin sa Aking peregrinasyon sa Ḥijáz. Sa halip ay Aking idadako ang iyong mga hakbang doon sa lungsod na iyon kung saan nadadambana ang isang Hiwaga ng gayong nangingibabaw na kabanalan na hindi mapapantayan ng Ḥijáz o ng Shíráz."[8] Binigyan Niya si Mullá Ḥusayn ng isang pergamino at inatasan siyang magtungo sa Ṭihrán. Sinabi Niyang sumamo siya sa Diyos upang matulungan siyang makilala ang karingalan ng lihim na natatago sa lungsod na iyon at makarating sa kinaroroonan ng Minamahal.

Nagsimula si Mullá Ḥusayn sa kaniyang misyon, at pagkatapos dumaan sa ilang mga lungsod ay dumating siya sa Ṭihrán. Doon siya ay nanirahan sa isa sa mga silid ng isang seminaryo. Ang isa sa una niyang ginawa ay ipahayag ang Mensahe ng Báb sa pinuno ng seminaryo, na buong pagmamataas na itinatwa ito. Subalit narinig ng isang kabataang mag-aaral ng seminaryo ang kanilang usapan at labis siyang naantig ng mga salita ng manlalakbay na ito. Ipinasiya niyang dalawin siya sa oras ng hatinggabi upang malaman ang higit pa tungkol sa Mensaheng ipinahayag niya nang buong sigla. Pinapasok ni Mullá Ḥusayn ang kabataan at kinausap siya nang buong paggalang at kabaitan. Sinabi niyang naunawaan na niya kung bakit siya nagpunta sa lugar na iyon. Buong paghamak na tinanggihan ng pinuno ng seminaryo ang Mensaheng dinala niya. "Umaasa ako," ang wika ni Mullá Ḥusayn, "na ang kaniyang tinuturuan, na hindi katulad ng kaniyang guro, ay makikilala ang katotohanan nito."[9]

Sa kanilang pag-uusap, tinanong ni Mullá Ḥusayn ang mag-aaral kung taga saan siya. Sumagot siyang galing siya sa distrito ng Núr, sa lalawigan ng Mázindarán. "Sabihin mo sa akin," itinanong ni Mullá Ḥusayn, "mula sa pamilya ng yumaong Mírzá Buzurg-i-Núri, may naging tanyag ba dahil sa kaniyang mabuting kaugalian, sa kaniyang halina, at mga kakayahan sa sining at talino, na nagpapatunay na magagawa niyang ipagpatuloy ang marangal na mga tradisyon ng dakilang angkan na iyon?"[10]

"Oo," tugon niya, "sa kaniyang mga anak na nabubuhay ngayon, itinangi ng isa ang Kaniyang sarili sa mga katangian ding iyon na ikinabantog ng Kaniyang ama. Sa pamamagitan ng Kaniyang banal na buhay, ng Kaniyang mataas na mga kakayahan, ng Kaniyang mapagkandiling pagmamahal at pagkamatulungin, pinatunayan Niyang Siya ay isang marangal na anak ng isang marangal na ama." "Ano ang Kaniyang trabaho?" itinanong ni Mullá Ḥusayn. "Inaalo Niya ang nalulumbay at pinakakain ang nagugutom." "Ano ang Kaniyang ranggo at katungkulan?" "Wala, liban sa kaibiganin ang dukha at ang dayuhan." "Ano ang Kaniyang pangalan?" "Ḥusayn-'Alí."[11]

Sa bawat sagot, si Mullá Ḥusayn ay lalong natuwa. "Paano Niya ginugugol ang Kaniyang oras?" karagdagan niyang itinanong. "Siya ay naglilibot sa kagubatan at nalulugod sa mga kagandahan ng kabukiran." "Ilang taon na Siya?" "Dalawampu't walo." Ang mukha ni Mullá Ḥusayn ay kumikinang sa kasiyahan at kaligayahan nang itanong niya sa kabataan: "Sa palagay ko ay madalas mo Siyang makita?" "Madalas akong dumalaw sa Kaniyang tahanan," tumugon siya. "Maaari mo bang ibigay sa Kaniyang mga kamay ang isang ipinagkatiwala sa akin?" "Ikaw ay ganap na makatitiyak," ang kaniyang tugon. Ibinigay ni Mullá Ḥusayn sa kaniya ang pergaminong nababalot ng tela at hiniling sa kaniyang ibigay ito kay Bahá'u'lláh kinabukasan sa oras ng bukang-liwayway. "Kung mamarapatin Niyang sagutin ako," idinagdag ni Mullá Ḥusayn, "mula sa iyong kagandahang-loob ay maaari mo bang sabihin sa akin ang Kaniyang tugon?"[12] Tinanggap ng mag-aaral ang pergamino, at sa bukang-liwayway ay bumangon upang tuparin ang kahilingan ni Mullá Ḥusayn.

Habang nalalapit siya sa bahay ni Bahá'u'llah, nakita niya ang Kaniyang kapatid na lalaki, si Mírzá Músá, na nakatayo sa bukana at ipinaliwanag niya sa kaniya ang dahilan ng kaniyang pagdalaw. Sinamahan ni Mírzá Músá ang kabataan sa harapan ni Bahá'u'lláh, at ang pergamino ay inilapag sa harap Niya. Pinaupo sila ni Bahá'u'lláh. Habang binubuklat ang pergamino, sinimulan Niyang basahin nang malakas ang ilang mga parapo nito. Isang pahina pa lamang ang nababasa Niya nang bumaling Siya sa Kaniyang kapatid at nagwikang : "Músá, ano ang masasabi mo? Tunay na sinasabi Ko, sinuman ang naniniwala sa Qur'án at kinikilalang nanggaling ito sa Maykapal, at gayumpaman ay mag-aatubili, nang kahit isang saglit, sa pagtanggap na pinagkalooban itong mga salitang tumitimo sa kaluluwa ng gayunding

kapangyarihang nagbibigay-buhay, ay tiyak na nagkakamali sa kaniyang paghatol at naliligaw nang malayo mula sa landas ng katarungan?”[13] Nang magpaalam na ang kabataan sa Kaniya, hiniling ni Bahá’u’lláh sa kaniya na ibigay kay Mullá Ḥusayn, bilang isang handog buhat sa Kaniya, ng isang balot ng asukal at isang kahon ng tsaa, at ipaabot sa kaniya ang Kaniyang pasasalamat at pagmamahal.

Tigib ng kaligayahan, ang kabataan ay bumangon at nagmadaling bumalik kay Mullá Ḥusayn. Ibinigay niya ang handog at pasabi ni Bahá’u’lláh. Hindi mailalarawan ng mga salita ang galak ni Mullá Ḥusayn sa pagtanggap nito. Tinanggap niya ang handog nang nakayuko ang ulo at buong alab na hinagkan ito. Pagkatapos ay niyakap niya ang kabataan, hinagkan ang kaniyang mga mata, at sinabing “Aking pinakamamahal na kaibigan! Nananalangin ako, na tulad ng pagpapaligaya mo sa aking puso, harinawang ipagkaloob sa iyo ng Diyos ang walang-hanggang kaligayahan at puspusin ang iyong puso ng walang kamatayang kasiyahan.”[14] Naging palaisipan sa kabataan ang mga kilos ni Mullá Ḥusayn. Nagtataka siya, ano kaya ang katangian ng bigkis na nagbubuklod sa dalawang kaluluwang ito? Ano kaya ang sanhi ng pagkakaibigan sa pagitan nila? Bakit nagpakita si Mullá Ḥusayn ng gayong kagalakan sa napakaliit na handog mula kay Bahá’u’lláh? Naharap ang kabataan sa isang hiwagang hindi niya malutas.

Pagkalipas ng ilang araw, tumungo si Mullá Ḥusayn sa Khurásán, isang lalawigan sa hilagang silangan ng Iran. Sa kaniyang pamamaalam sa kabataang mag-aaral ng Núr, sinabi niya sa kaniya: “Huwag sabihin sa kaninuman ang iyong narinig at nakita. Hayaang ito ay maging isang lihim na natatago sa iyong dibdib. Huwag sabihin ang Kaniyang pangalan, sapagkat silang mga nananaghili ay magbabangon upang pinsalain Siya. Sa mga sandali ng iyong pagmumuni-muni, manalangin kang pangalagaan Siya ng Lubos na Makapangyarihan, upang sa pamamagitan Niya ang api ay maitaas, ang mahirap ay mapayaman, at ang makasalanan ay mailigtas. Ang lihim ng mga bagay ay natatago mula sa ating mga mata. Atin ang tungkuling isigaw ang panawagan ng Bagong Araw at ipamahayag itong Banal na Kalatas sa lahat ng tao. Maraming kaluluwa sa lungsod na ito ang magpapadanak ng kanilang dugo sa landas na ito. Ang dugong iyon ang ididilig sa Puno ng Diyos, iyon ang magiging sanhi ng pagyabong niyon, at liliman niyon ang buong sangkatauhan.”[15]

1. Ano ang ginawa ng Báb pagkatapos ng paghirang sa labingwalong Titik ng Nabubuhay? ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Sino ang pinili ng Báb na sumama sa Kaniya sa peregrinasyon sa Mecca? ________

   ____________________________________________

3. Anong bansa ang tinutukoy ng Ḥijáz? ______________________________

4. Kay Mullá Ḥusayn, ang unang sumampalataya sa kaniya, sinabi ng Báb ang mga salitang ito: “Huwag ________________ na hindi ikaw ang napili upang sumama sa Akin sa Aking ____________________ sa __________. Sa halip ay Aking idadako ang iyong mga hakbang doon sa lungsod na iyon kung saan nadadambana ang isang _____________ ng gayong ________________ na kabanalan na hindi _________ ng ____________ o ng ___________.”

5. Ano ang ibinigay ng Báb kay Mullá Ḥusayn? ______________________________
______________________________________________________________________

6. Pagdating sa Ṭihrán, si Mullá Ḥusayn ay nanuluyan sa isang seminaryo. Paano tumugon ang pinuno ng paaralang iyon sa Mensahe ng Báb? __________________
______________________________________________________________________

7. Bakit ginabayan ng Diyos si Mullá Ḥusayn sa paaralang iyon? __________________
______________________________________________________________________

8. Taga saan ang mag-aaral na tumugon sa mensahe ng Báb? ____________________
______________________________________________________________________

9. Saan ang tahanan ng mga ninuno ni Bahá'u'lláh?______________________________

10. Sang-ayon sa ipinaliwanag ng mag-aaral mula sa Núr, sa pagtugon sa mga katanungan ni Mullá Ḥusayn:

   – Sa anong mga katangian nakilala ang ama ni Bahá'u'lláh? __________________
   ____________________________________________________________________

   – Ano ang trabaho ni Bahá'u'lláh?______________________________________
   ____________________________________________________________________

   – Ano ang Kaniyang ranggo at katungkulan?________________________________
   ____________________________________________________________________

   – Paano Niya ginugugol ang Kaniyang oras?________________________________
   ____________________________________________________________________

11. Ano ang hiniling ni Mullá Ḥusayn sa mag-aaral mula sa Núr? __________________
______________________________________________________________________

12. Pagkatapos basahin ang isang pahina ng pergaminong ipinadala ng Báb, sinabi ni Bahá'u'lláh: "Tunay na sinasabi Ko, sinuman ang naniniwala sa _______________ at kinikilalang ______________________________________________, at gayumpaman ay __________________, nang kahit isang _____________, sa pagtanggap na pinagkalooban itong mga _______________ tumitimo sa kaluluwa ng gayunding ___________________________, ay tiyak na _________________________ sa kaniyang _____________________ at ________________ naliligaw nang malayo mula sa landas ng _________________ ."

13. Paano tinanggap ni Mullá Ḥusayn ang handog mula kay Bahá’u’lláh? ____________

_______________________________________________________________

14. Ano ang naging palaisipan sa kabataang mag-aaral kaugnay ng kilos ni Mullá Ḥusayn sa pagtanggap ng handog? ____________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

15. Isaysay sa inyong sariling mga salita kung ano ang sinabi ni Mullá Ḥusayn sa mag-aaral mula sa Núr nang siya ay namaalam sa kaniya.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## BAHAGI 4

Tinutukoy ng Báb si Bahá’u’lláh bilang “Siyang ihahayag ng Diyos”. Ang mga Kasulatan ng Báb, kabilang ang Kaniyang Pinakabanal na Aklat, ay naglalaman ng hindi mabilang na mga pagtukoy na pumupuri sa Kaniya na Siyang ihahayag ng Diyos. Sa ibaba ay ang ilan lamang mga sipi mula sa mga Kasulatan ng Báb na magbibigay sa inyo ng isang sulyap sa Katayuan ni Bahá’u’lláh at ang ugnayan sa pagitan ng Kambal na Kahayagan.

> **“ At iyong alamin nang may katiyakan na ang kahulugan ng Paraiso ay ang pagkilala sa at pagpapasailalim sa Kaniya na Siyang ihahayag ng Diyos, at ang apoy ay ang pangkat ng gayong mga kaluluwang hindi magpapasailalim sa Kaniya ni hindi tinatanggap ang Kaniyang mabuting kasiyahan.”[16]**

> **“. . . linisin ang iyong tainga nang sa ganoon ay wala kang maririnig na binabanggit liban sa Diyos, at linisin ang iyong mata nang sa ganoon ay wala itong makikita**

**bukod sa Diyos, at ang iyong budhi nang sa ganoon ay wala itong mababatid liban sa Diyos, at ang iyong dila nang sa ganon ay wala itong ipahahayag liban sa Diyos, at ang iyong kamay nang sa ganoon ay wala itong isusulat liban sa mga salita ng Diyos, at ang iyong kaalaman nang sa ganoon ay wala itong mauunawaan liban sa Diyos, at ang iyong puso nang sa ganoon ay wala itong nanaisin liban sa Diyos, at sa gayunding paraan ay linisin ang lahat ng iyong mga gawain at iyong mga pinagkakaabalahan nang sa ganoon ikaw ay maalagaan sa paraiso ng wagas na pag-ibig, at nang sakaling marating ang kinaroroonan Niya na Siyang ihahayag ng Diyos, habang napapalamutian ng isang kadalisayang lubos Niyang minamahal, at maging malaya mula sa sinumang tumalikod sa Kaniya at hindi tumangkilik sa Kaniya."**[17]

**"Sabihin, sa katunayan, ang mabuting kasiyahan Niya na Siyang ihahayag ng Diyos ay ang mabuting kasiyahan ng Diyos, samantalang ang hindi kasiya-siya sa Kaniya na Siyang ihahayag ng Diyos ay walang iba kundi ang hindi kasiya-siya sa Diyos."**[18]

1. Sino ang tinutukoy ng "Siyang ihahayag ng Diyos"? ______________________

2. Hinihimok ng Báb ang Kaniyang mga tagasunod na ihanda ang kanilang mga sarili upang tanggapin sila sa harapan Niya na Siyang ihahayag ng Diyos. Ano ang sinabi Niyang dapat nilang gawin?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Pumili ng isa sa mga sipi sa itaas at isaulo ito.

## BAHAGI 5

Mula sa sandaling sumaksi si Bahá'u'lláh sa katotohanan ng Rebelasyon ng Báb, Siya ay nagbangon upang ipahayag ito. Ang unang paglalakbay na isinagawa Niya ay sa tahanan ng Kaniyang mga ninuno sa Núr, sa lalawigan ng Mázindarán. Doon ay pumunta Siya sa tahanan ng Kaniyang pamilya sa nayon ng Tákur.

Ang balita ng pagdating ni Bahá'u'lláh sa Tákur ay mabilis na kumalat sa buong rehiyon. Maraming lokal na mga opisyal at mataas na mga pinuno ang dumating upang batiin Siya, at makibalita rin tungkol sa hari, sa kaniyang korte, at sa mga pangyayari sa bansa. Ngunit walang sigla ang sagot ni Bahá'u'lláh sa kanilang mga katanungan. Agad Niyang binabago ang paksa at sa pinakamahusay na paraan ay magsisimulang ilahad ang Kalatas na ipinahayag ng

Báb. Ang Kaniyang mga salita at lubos na kapani-paniwala at ang Kaniyang mga katwiran ay napakatibay na ang lahat ay namamangha. Nagugulat ang mga nakaririnig sa Kaniya na ang isang taong nagtataglay ng Kaniyang mataas na katayuan ay magkakaroon ng matinding hilig sa mga bagay na kadalasan ay pinagkakaabalahan lamang ng klero at ng mga namumuno sa relihiyon. Ang Kaniyang kasigasigan at malalim na kaalaman ay mabilis na umakit sa malaking bilang ng mga tao sa Kapakanan ng Báb, kabilang ang maraming tanyag na mga tao at ng sarili Niyang mga kamag-anak. Walang sinumang humarap sa Kaniya ang nagawang mapaglabanan ang impluwensiya ng Kaniyang matamis na mga salita o mangahas na tumutol sa katotohanan ng Kaniyang mga pahayag, walang sinuman liban sa Kaniyang sariling amain.

Ginawa ng amaing ito ang lahat upang siraan si Bahá'u'lláh at ang katotohanan ng Kalatas na taglay Niya. Nang mabatid niyang hindi niya kayang gawin ito, nagtungo siya sa isang tanyag na klerigong Muslim upang humingi ng tulong sa kaniya. Isinumbong niyang dumating si Bahá'u'lláh sa Núr, at bagaman hindi Siya isang pari, Siya ay nangangaral tungkol sa mga bagay ng relihiyon. Binalaan niya ang klerigo na ang mga humaharap kay Bahá'u'lláh ay nabibighani sa Kaniya at nagagapi ng kapangyarihan ng Kaniyang mga salita. "Hindi ko alam kung siya ay isang salamangkero," sabi niya, "o kung may inihahalo siyang mahiwagang sangkap sa kaniyang tsaa, na nagiging biktima ng gayuma nito ang bawat taong makainom ng tsaang iyon."[19]

Sa kabatirang hindi siya kailanman magtatagumpay sa paghamon kay Bahá'u'lláh, hindi pinansin ng klerigo ang mga hiling ng amain. Subalit ang Kalatas ng Báb ay patuloy na lumaganap sa buong distrito tulad ng malaking sunog, at ang nangangambang mga tagasunod ng klerigo ay nagsimulang pilitin siyang gumawa ng hakbang. Sa wakas, ipinasiya niyang padalawin kay Bahá'u'lláh ang kaniyang dalawang pinakamahusay na mag-aaral at suriin ang likas na katangian ng Kalatas na pinalalaganap Niya. Ito ang kuwento ng naganap sa pagdating ng dalawang kinatawan sa harapan ni Bahá'u'lláh.

Nang mabalitaan nila sa kanilang pagdating sa Tákur na nagtungo si Bahá'u'lláh sa pahingahan Niya kapag taglamig, nagpasiya ang mga kinatawan ng klerigo na sundan Siya sa pook na iyon. Nang dumating sila, natagpuan nilang abala si Bahá'u'lláh sa pagpapahayag ng isang komentaryo sa isang kabanata ng Qur'án. Habang sila ay nakaupo at nakikinig, lubos silang napahanga sa kahusayan ng Kaniyang pagtatanghal at sa bukod-tanging paraan ng Kaniyang pananalita. Ang isang kinatawan, na hindi mapigilan ang kaniyang sarili, ay tumayo mula sa kaniyang upuan, ay patalikod na lumakad patungo sa likod ng silid, at nang may saloobin ng pamimitagan at pagpapasakop, ay tumayo nang tahimik sa tabi ng pinto. Nangangatal at habang tigmak ng luha ang mga mata, sinabi niya sa kaniyang kasama : "Wala akong lakas upang tanungin si Bahá'u'lláh. Ang mga tanong na binalak kong itanong sa Kaniya ay biglang naglaho sa aking isipan. Malaya kang ipagpatuloy ang iyong pagtatanong o bumalik nang nag-iisa sa ating guro at sabihin sa kaniya ang kalagayang sumapit sa akin. Sabihin sa kaniya na ako ay hindi na kailanman makababalik pa sa kaniya. Hindi ko na matatalikuran ang pintuang ito." Subalit ang isa pang kinatawan ay gayunding naantig ng mga salita ni Bahá'u'lláh at sinundan ang halimbawa ng kaniyang kaibigan. "Hindi ko na kinikilala ang aking guro," ang kaniyang tugon. "Sa sandaling ito, sumusumpa ako sa Diyos na itatalaga ko ang nahuhuling mga araw ng aking buhay sa paglilingkod kay Bahá'u'lláh, ang aking tunay at tanging Panginoon."[20]

Ang balita ng pagbabagong-loob ng dalawang kinatawan ng klerigo ay mabilis na kumalat sa mga tao ng Núr. Mga dignitaryo, mga opisyal ng pamahalaan, mga pinuno ng relihiyon, mga mangangalakal, at mga tagabukid ay nagdagsaan sa kinaroroonan ni

Bahá'u'lláh. Daan-daan ang sumailalim sa bandila ng Kapakanan ng Báb. Subalit maliban kay Bahá'u'lláh, walang nakaaalam na hindi magtatagal ang malupit na pag-uusig ay susunod, isang pag-uusig na bubunot hanggang sa pinakaugat ng marami sa mga bagong usbong at murang mga tanim na ito.

1. Ang ang ginawa ni Bahá'u'lláh pagkatapos Niyang sumaksi sa katotohanan ng Rebelasyon ng Báb? ____________________________________________
____________________________________________

2. Ano ang naging pagtanggap ng mga nananahan sa Núr? ____________________
____________________________________________

3. Bakit nagulat ang ilang mga tao sa paraan ng pagsagot ni Bahá'u'lláh sa kanilang mga tanong? ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

4. Ano ang ginawa ng amain ng Bahá'u'lláh nang magsimula Siyang ipahayag ang Kapakanan ng Báb? ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

5. Bakit hindi pinansin ng tanyag ng klerigo ang mga sumbong ng amain? __________
____________________________________________

6. Sa wakas, ano ang ipinasiyang gawin ng klerigo nang marahap siya sa pamimilit ng kaniyang mga tagasunod? ____________________________________________
____________________________________________

7. Isaysay sa inyong sariling mga salita ang kuwento ng dalawang kinatawan ng klerigo nang makarating na sila sa harapan ni Bahá'u'lláh

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

8. Ano ang naging epekto ng pagbabagong-loob nitong dalawang kinatawan sa pag-unlad ng Kapakanan ng Báb sa Núr?

## BAHAGI 6

Ang ginawa ni Bahá'u'lláh sa distrito ng Núr ay yaong hinihiling Niyang gawin natin—ang magbangon at itaguyod ang Kapakanan ng Diyos. Kung gayon, ating pag-aralan at nilay-nilayin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh, habang isinasaisip na pagkatapos Niyang tanggapin ang Rebelasyon ng Báb, ang Kaniyang unang ginawa ay ang magbangon at ibahagi ang Mensahe sa daan-daang mga kaluluwa.

> **"O manlalakbay sa landas ng Diyos! Kunin ang iyong bahagi mula sa karagatan ng Kaniyang biyaya, at huwag ipagkait sa iyong sarili ang mga bagay na natatago sa kailaliman nito. Mapabilang ka sa kanilang mga nakabahagi na sa mga kayamanan nito. Ang isang patak ng hamog mula sa karagatang ito, kung ipapatak sa lahat ng nasa kalangitan at kalupaan, ay makasasapat na upang payamanin sila sa kagandahang-loob ng Diyos, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong. Sa pamamagitan ng mga kamay ng pagkawalay, sumalok sa nagbibigay-buhay na mga tubig nito, at diligin sa pamamagitan niyon ang lahat ng nilikhang bagay, upang ang mga ito ay malinis nawa mula sa lahat ng mga hangganang likha ng tao at makalapit nawa sa makapangyarihang luklukan ng Diyos, itong banal at maningning na Pook.**
>
> **"Huwag magdalamhati kung mag-isa kang gumagawa nito. Hayaang maging sapat sa lahat ang Diyos para sa iyo. Matalik na makipagniig sa Kaniyang Espiritu, at**

**maging kabilang ka sa yaong nagpapasalamat. Ipahayag ang Kapakanan ng iyong Panginoon sa lahat ng mga nasa langit at nasa lupa. Sinuman ang tumugon sa iyong panawagan, ilahad sa kaniyang harap ang mga perlas ng karunungan ng Panginoon, ang iyong Diyos, na ibinaba sa iyo ng Kaniyang Espiritu, at maging kabilang ka sa yaong mga tunay na nananalig. At kung tatanggihan ng sinuman ang iyong handog, lumayo mula sa kaniya, at ilagay ang iyong pananalig at pagtitiwala sa Panginoon, ang iyong Diyos, ang Panginoon ng lahat ng daigdig."**[21]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Hihihiling ni Bahá'u'lláh sa atin na kunin ang ating bahagi ____________________

__________________________________________________ .

b. Dapat hindi natin ipagkait sa ating mga sarili ang ______________________________

_______________________________________________________ .

c. Ang isang patak ng hamog mula sa karagatan ng Kaniyang biyaya, kung ipapatak sa lahat ng nasa kalangitan at kalupaan, ay makasasapat na ____________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________ .

d. Hinihiling sa atin ang sumalok ____________________________________________ , at diligin ___________________________________________________________ .

e. Dapat ay hindi tayo magdalamhati kung ____________________________________

___________________________ .

f. Dapat tayong matalik na makipagniig _____________________________________ at maging ____________________________ .

g. Dapat nating ipahayag __________________________________________________

_________________________________________________________________ .

h. Kung tumugon ang sinuman sa ating panawagan, sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin na

_______________________________________________________________________

__________________________________________________________ .

i. Kung tanggihan tayo ng sinuman, dapat tayong ______________________________

_______________________________________________________________________

______________________________________________________________________ .

## BAHAGI 7

Ang Banal na Rebelasyon ay patuloy na umuunlad. Ipinahahayag ng Diyos ang Kaniyang Kalooban sa patuloy na umuunlad na mga yugto sa pamamagitan ng Kaniyang mga

Kahayagan, na Sila ay dumarating sa pana-panahon habang sumusulong ang sangkatauhan mula sa isang yugto patungo sa kasunod na yugto. Samantalang pinagtitibay ang ilang saligang mga katotohanan, ang bawat Kahayagan ay nagdadala ng panibagong pangkat ng mga batas at mga ordinansang naaangkop sa kakayahan ng sangkatauhan at pinawawalang-bisa ang mga ibang hindi na kinakailangan, na dinala ng Kahayagang nauna sa Kaniya. Subalit maaaring maging mahirap para sa mga tao ang iwan ang nakaraan, at madalas na kahit ang Kaniyang pinakamalapit na mga disipulo sa simula ay walang kakayahang unawain ang buong kahulugan ng Kaniyang Rebelasyon. Patuloy silang nangangapit sa pangrelihiyong mga kinagawian at kinaugaliang sinusunod ng mga salinlahi sa loob ng mga dantaon. Sa paglipas lamang ng panahon nila nauunawaang ang bagong Kahayagan ay nagbibigay ng bagong mga batas para sa kasunod na yugto sa ebolusyon ng sangkatauhan.

Ganito ang nangyari sa Rebelasyon ng Báb. Ang mga Muslim, na sa kanila dumating ang Báb, ay naniniwalang kahit isang "titik" mula sa mga katuruan ni Propetang Muḥammad ay hindi maaaring palitan hanggang sa katapusan ng daigdig. Dahil doon, unti-unti lamang pinahintulutan ng Báb na malaman ang kabuuan ng Kaniyang Mensahe. Sa unang mga taon ng Kaniyang Ministeryo, walang ginawang mga pagbabago sa mga batas ng Islám. Subalit, tulad ng inyong nalalaman, habang nakakulong sa kuta ng Máh-Kú, ipinahayag ng Báb ang isang panibagong pangkat ng mga batas sa Bayán sa wikang Persiyano. Dumating na ang panahon para sa Kaniyang mga tagasunod upang gumawa ng tiyak na paghihiwalay sa nakaraan at ipahayag ang Kaniyang tunay na Katayuan bilang isang Kahayagan ng Diyos. Ito ay ginawa sa Kumperensiya ng Bada<u>sh</u>t.

Ang Bada<u>sh</u>t ay isang nayong may kalayuan sa Ṭihrán sa bahaging hilagang-silangan ng bansa. Ang Kumperensiya ng Bada<u>sh</u>t ay naganap noong Hulyo 1848. Walumpu't isa sa pinakatanyag na mga tagasunod ng Báb ang nagtipon sa Kumperensiyang ito. Ang pangunahing mga kalahok ay sina Bahá'u'lláh, Quddús, at Ṭáhirih.

Bagaman si Bahá'u'lláh ay lubos nang iginagalang ng Kaniyang mga kapwa Bábí, na kinikilala ang Kaniyang kaalaman at karunungan at tumitingin sa Kaniya para sa patnubay, sa kumperensiya ang Kaniyang kadakilaan at kamahalan ay naihayag nang higit pa. Sa katunayan, ang Kaniyang ginampanan doon ay napakahalaga. Siya ang umupa sa mga hardin kung saan idinaos ang kumperensiya, at sa loob ng dalawampu't dalawang araw, ang lahat ng nagtipon doon ay nagtamasa ng bukas-palad na pag-estima bilang Kaniyang mga panauhin. Bawat araw si Bahá'u'lláh ay nagpahayag ng isang Tabletang babasahin sa harap ng buong natitipong grupo. Sa bawat isa ay nagkaloob Siya ng isang bagong pangalan. Ipinagkaloob Niya kay Ṭáhirih at Quddús ang mga taguri kung saan kinikilala sila sa kasaysayan. Ang taguring Ṭáhirih ay nangangahulugang "Siyang Dalisay" at ang Quddús ay nangangahulugang "Banal". Siya Mismo, mula sa panahong iyon, ay nakilala na sa pangalang Bahá. Sa kalaunan ang Báb ay magpapahayag ng tanging Tableta para sa bawat isa sa mga dumalo sa kumperensiya, kung saan ay isinulat Niya ang mga pangalang ipinagkaloob sa kanila sa pagkakataong iyon.

Isang araw si Bahá'u'lláh ay nanatili sa Kaniyang higaan dahil sa karamdaman, at ang lahat ay nagtipon sa Kaniyang harapan. Si Ṭáhirih, na itinuturing bilang pinakadiwa ng kadalisayan at kalinisang-puri, ay biglang humarap sa kanila nang walang lambong sa mukha, na sang-ayon sa mga paniniwala ng mga Muslim sa Iran, ay kailangang isuot ng lahat ng mga babae kapag nasa publiko. Sa pakiwari ng ilan sa naroroong mga Bábí ay binigyan niya ng malaking kahihiyan ang kaniyang sarili at ang kanilang bagong Pananampalataya. Si Quddús ay maliwanag na galit. Subalit si Ṭáhirih, nang hindi nayayanig at kumikinang sa kaligayahan, ay matatas na kinausap ang kaniyang mga kasama. Tinawagan niya silang humiwalay na sa

nakaraan—sa mga doktrinang pangrelihiyon nito, sa mga kaugalian at mga seremonya nito. Ang pagkatigatig sa pagitan ni Quddús at ni Ṭáhirih ay napawi nang namagitan si Bahá'u'lláh. Samantalang nilisan ng ilan sa mga tagasunod ng Báb ang Pananampalataya bunga ng pagpapahayag na ito, ang karamihan ay nanatiling matatag at napuspos ng panibagong sigla. Buong husay na ginamit ni Bahá'u'lláh ang pagkakataon upang ipagdiwang ang bukang-liwayway ng isang bagong Araw. Sa pamamagitan ng kaniyang matapang na kilos, pinatunog ni Ṭáhirih ang trumpetang nagpatalastas sa katapusan ng luma at sa simula ng bagong Pananampalataya.

Ang Kumperensiya ng Badasht ay naging tanda rin ng simula ng pinakamagulong yugto sa pag-unlad ng Pananampalatayang Bábí. Hindi nagtagal ang pag-uusig sa mga tagasunod nito ay hahantong sa panibagong mga antas ng kasidhian, at marami ang tatawagin sa pagmamartir. Ang kumperensiya ay waring naging isang pamamaalam, na mula roon sila ay humayo upang isagawa ang dakilang mga gawain ng kabayanihan, upang muling magsama-sama sa mga kahariang espiritwal sa kabilang buhay.

Ang mga dumalo sa kumperensiya ay magkasabay na umalis patungo sa Mázindarán. Subalit, nang huminto sila upang mamahinga sa labas ng isang nayon, sinalakay sila ng mga naninirahan doon, dahil hindi nila batid ang kanilang tunay na mga layunin. Napilitang tumakas ang mga Bábí at naghiwa-hiwalay patungo sa iba't ibang mga dako. Si Bahá'u'llá ay nagpatuloy sa Núr sa Mázindarán.

Ang balita tungkol sa Kumperensiya ng Badasht ay mabilis na nakarating sa Ṭihrán, at nalaman ng hari at ng kaniyang mga ministro ang mga pangyayaring naganap at ang ginampanan ni Bahá'u'lláh sa kumperensiya. Ang hari, na nanghihina na dahil sa karamdamang malapit nang kumitil sa kaniyang buhay, ay pinayuhan ng punong ministro na ipag-utos ang pagdakip kay Bahá'u'lláh. Sang-ayon doon, ipinadala ang utos sa isang opisyal ng Mázindarán, na inatasan siyang dakpin si Bahá'u'lláh at dalhin Siya sa punong-lungsod. Nataon namang dumating ang utos isang araw bago magdaos ang mismong opisyal na iyon ng isang salo-salo bilang parangal kay Bahá'u'lláh, na matapat niyang minamahal. Labis siyang nababagabag at pinili niyang huwag sabihin ito sa kaninuman. Kinabukasan, dumating ang balita sa Mázindarán na namatay na ang hari; ang utos ng pagdakip ay nawalang-saysay na.

1. Ano ang layunin ng Kumperensiya ng Badasht? ______________________________

   ______________________________________________________________________

2. Kailan naganap ang Kumerensiya ng Badasht? ______________________________

3. Ilang araw ito nagtagal? ______________________________________________

4. Ilang mga tagasunod ng Báb ang dumalo sa kumperensiya? ____________________

5. Sino ang pangunahing mga kalahok? ______________________________________

   ______________________________________________________________________

6. Sino ang pinakamahalagang Katauhan mula sa mga dumalo? ____________________

7. Ano ang kahulugan ng taguring “Ṭáhirih”? ________________________________

8. Ano ang kahulugan ng taguring “Quddús”? ________________________________

9. Sa inyong sariling mga salita, isalaysay ang mga pangyayaring naganap sa kumperensiya sa araw na nagpakita si Ṭáhirih nang walang lambong sa mukha.

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

10. Ano ang inihudyat ng matapang na ginawa ni Ṭáhirih sa kumperensiya? __________

___________________________________________________________________

11. Ano ang ginawa ng pamahalaan nang natanggap nito ang balita tungkol sa pagtitipon sa Badasht? ___________________________________________

12. Ipaliwanag kung ano ang nangyari pagkatapos ilabas ng pamahalaan ang utos para dakpin si Bahá’u’lláh.

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

## BAHAGI 8

Ang Kumperensiya ng Badasht ang nagtanda sa paghubad sa luma at sa pagtanggap sa bago. Ang sumusunod na sipi mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá ay naglalarawan kung paano, sa tuwi-tuwina sa pagdaan ng panahon, ang relihiyon ng Diyos ay dapat baguhin. Nilay-nilayin ang kahulugan ng sipi kaugnay ng inyong pinag-aralan tungkol sa Kumperensiya ng Badasht.

> **“Mula sa binhi ng realidad ang relihiyon ay tumubo upang maging isang punong sinibulan ng mga dahon at mga sanga, mga bulaklak at bunga. Paglipas ng ilang panahon ang punong ito ay dumating sa kalagayan ng pagkabulok. Ang mga dahon at bulaklak ay nalanta at nawala; ang puno ay dinapuan ng sakit at nawalan ng bunga. Hindi makatwirang mangapit pa ang tao sa matandang puno, sinasabing ang mga sigla ng buhay nito ay hindi pa humihina, na ang mga bunga nito ay hindi mapapantayan, na ang buhay nito ay walang-hanggan. Ang binhi ng realidad ay kailangang muling itanim sa mga puso ng tao upang ang isang bagong puno ay tumubo mula roon at ang panibagong mga banal na bunga ay muling pananariwain ang daigdig. Sa pamamagitan nito ang mga bansa at mga sambayanang sa ngayong magkakaiba ang relihiyon ay magkakaisa, ang mga panggagaya ay iiwanan, at ang isang pandaigdigang kapatiran sa mismong realidad ay maitatatag. Ang digmaan at labanan ng sangkatauhan ay titigil; lahat ay magkakasundo bilang mga tagapaglingkod ng Diyos. Sapagkat lahat ay nasa kanlungan ng lilim ng puno ng Kaniyang pangangalaga at awa. Ang Diyos ay mabait sa lahat. Siya ang tagapagkaloob ng biyaya sa lahat nang magkakatulad, tulad ng ipinahayag ni Hesukristo na ang Diyos ay ‘nagpapadala ng ulan sa makatarungan at sa hindi makatarungan’—alalaon baga, ang awa ng Diyos ay pangkalahatan. Ang buong sangkatauhan ay nasa ilalim ng pangangalaga ng Kaniyang pag-ibig at biyaya, at sa lahat ay itinuturo Niya ang landas ng pamamatnubay at pag-unlad. ”**[22]

## BAHAGI 9

Si Náṣiri’d-Dín Sháh, ang haring umupo sa trono noong 1848, ay higit na malupit kaysa sa kaniyang ama, ang naunang hari. Mula sa simula ng kaniyang panunungkulan, ang pag-uusig sa mga Bábí ay labis na dumami. Ang Báb Mismo ay minartir noong Hulyo 1850 sa Tabríz. Ang Kaniyang inaaping mga tagasunod, na nasaksihan ang kalunos-lunos na kamatayan ng libo-libo nilang kapwa mananampalataya, ang nangungulila ngayon sa Pinakamamahal ng kanilang mga puso. Sa kanilang mga kaisipan, sinisisi ng marami ang hari dahil sa mga kalupitang ibinunton sa kanila sa loob ng nakaraang mga taon. Subalit sa kabila ng ganitong mga damdamin, nagpatuloy sila sa pagiging mga tagapaghangad ng kabutihan ng pamahalaan at ng sambayanan. Ang kanilang mga lakas ay nakatuon sa pagpapalaganap ng bagong pananampalataya sa kapangyarihan ng mabuting mga gawa at kapani-paniwalang mga katwiran. Subalit ang isang maliit na grupo, bunga ng udyok ng napakatinding galit, ay nag-iisip-isip ng mapanganib na mga kuro-kuro. Sa kalagayan ng kawalang pag-asa, inakala ng ilang mga luku-lukong ito na mababago nila ang kalagayan ng pamayanang Bábí sa pamamagitan ng pagsalakay sa pinakaugat ng paniniil. Nagsimula silang magsabwatan upang patayin ang hari.

Ang mga layunin ng grupo ay sinabi kay Bahá'u'lláh ng isa sa mga pinuno nito. Pinayuhan siya ni Bahá'u'lláh sa pinakamalinaw na mga salita na dapat nilang ihinto ang kanilang mga balak. Binalaan Niya silang ang ganitong kilos ay maghahatid ng panibagong mga kapahamakan sa mga tagasunod ng Báb na namimighati na. Ngunit ang mga nagsasabwatan ay nasa gayong kalagayan ng pagkamuhi, at ang apoy ng paghihiganti ay naglalagablab nang napakasidhi sa kanilang mga puso, na kahit pa ang mga payo ni Bahá'u'lláh ay hindi nakapigil sa kanila. Ipinagpatuloy nila ang pagsasagawa ng isang kilos na magpakailanman ay magiging dungis sa mga pahina ng kasaysayang Bábí, na liban dito ay napapalamutihan lamang ng mga gawaing wagas, hindi makasarili, at magiting.

Noong ika-15 ng Agosto 1852, lumabas ang hari sa kaniyang tahanang para sa tag-init, na malapit sa Ṭihrán, para sa kaniyang pangangabayo sa umaga. Ang kaniyang pansariling mga tanod ay nauuna sa kaniya nang ilang mga hakbang. Tahimik ang kapaligiran; waring mabuti ang lahat. Sa sandaling iyon na gumulat sa lahat, ang isang kabataang lalaki sa tabing-daan, na nagkukunwaring isang nanonood na may kahilingang ihaharap sa hari, ay nagtangkang patayin siya. Napakahangal nitong magiging mamatay-tao sana, na ang baril na kaniyang ginamit ay nagpapaputok lamang ng mga perdigones, na ganap na hindi sapat sa layuning ibinabalak. Ang hari ay nagalusan lamang, ngunit ang poot na nilikha ng pagtatangka sa kaniyang buhay ay nagbigay sa mga kaaway ng Pananampalataya ng isang pagkakataong pukawin ang mga tao upang magsagawa ng hindi mailarawang mga kalupitan laban sa mga Bábí.

Itong kabataang sawimpalad ay agad na pinatay; ang kaniyang bangkay ay itinali sa buntot ng isang buriko at kinaladkad hanggang sa Ṭihrán, kung saan hinati ito sa dalawang bahagi at ibinitin upang makita ng madla. Binuhusan ng kumukulong tingga ang lalamunan ng kaniyang kasabwat—ito ay pagkatapos lamang siyang pahirapan nang walang-awa, subalit hindi niya isinuko ang mga pangalan ng kahit sinuman sa kaniyang mga kaibigan. Ang kaniyang kasama ay hinubaran at ibinaun ang umaapoy na mga kandila sa mga butas na inukit sa kaniyang kalamnan, at ipinarada sa harap ng madlang sinisigawan at minumura siya.

Ang sumunod ay hindi mailalarawan ng mga salita. Ang pamahalaan, ang klero, at ang kanilang mangmang na mga tagapagtaguyod ay nagbangon upang lipulin ang mga Bábí. Ang mga pinto ng lungsod ay isinara, at walang sinuman ang pinahintulutang umalis nang hindi sinisiyasat. Hinalughog ang bawat tahanan sa paghahanap sa mga Bábí, sila ay dinakip, at pinatay sa kalupitang labis na nakaririmarim upang isaysay pa sa mga pahinang ito.

Sa araw ng pagtatangka sa buhay ng hari, si Bahá'u'lláh ay panauhin ng lalaking kapatid ng punong ministro sa isang nayong malapit sa Ṭihrán. Ang balita ng sakuna ay mabilis na umabot sa Kaniya, at pinayuhan Siyang magtago hanggang lumipas ang bagyo. Isinisi ng ina ng hari kay Bahá'u'lláh ang pagtatangka sa buhay ng kaniyang anak, at iginigiit ang pagdakip sa Kaniya. Gayumpaman si Bahá'u'lláh ay hindi pumayag na magtago; sa halip, kinabukasan ay sumakay Siya sa Kaniyang kabayo at tumungo sa punong-tanggapan ng hari. Ang hari at ang kaniyang korte ay namangha nang malaman ang paglapit ni Bahá'u'lláh. Paano magagawa ng isang taong pinagbintangan ng ganitong nakapanghihilakbot na krimen, sa halip na tumakas ay susuong nang may buong tiwala sa panganib ? Kaagad na iniutos ng hari ang pagdakip kay Bahá'u'lláh. Ang mga pagsisikap ng ilan sa Kaniyang mga kaibigan upang ihanap Siya ng kanlungan sa tahanan ng Punong Ministro ay nabigo. Dinakip Siya sa nayon ng Shimírán, humigit-kumulang 30 kilometro mula sa punong-lungsod, at nilagyan ng mga tanikala.

Nang naglalakad at nakabilad sa matinding sinag ng araw sa kalagitnaan ng tag-init, dinala si Bahá'u'lláh mula sa Shimírán hanggang sa Ṭihrán. Ang mga tao, na sinabihang kalaban Siya ng kanilang hari, ay sumisigaw ng mga pag-alipusta sa Kaniya sa kabuuan ng daanan. Ang kuwento ng matandang babaeng nagnanais na hagisan Siya ng bato ay naglalarawan sa kabaliwan ng mga tao nang araw na iyon at ipinakikita ang pag-ibig na nasa Kaniyang puso habang hinaharap Niya ang pinakamalubhang sakuna.

Si Bahá'u'lláh ay malapit na sa bartolina kung saan Siya ay ikukulong nang ang isang matanda at mahinang babaeng may dalang bato sa kaniyang kamay ay nagpupumilit na makaraan sa mga tao. Sa kaniyang mukha ay masisilayan ang anyo ng pagtitika at panatisismong bihirang mapukaw sa matandang babaeng katulad niya. Nanginginig sa galit ang kaniyang buong katawan. Humakbang siya nang pasulong at itinaas ang kaniyang kamay, sa paghahandang ipukol ang kaniyang bato. "Nakikiusap ako sa inyo," ang hiling niya habang hinahabol ang mga nagdadala kay Bahá'u'lláh sa bartolina, "na bigyan ako ng pagkakataong ipukol ang aking bato sa kaniyang mukha!" "Huwag biguin ang babaeng ito," ang mga salita ni Bahá'u'lláh sa kaniyang mga tanod, nang makita Niya ang pagmamadali ng babae sa paghabol sa kaniya. "Huwag ipagkait yaong sa palagay niya ay isang kapuri-puring gawa sa paningin ng Diyos."[23]

1. Ano ang pangalan ng haring umupo sa trono ng Persiya noong 1848? ____________

_____________________________________________________________________________

2. Ano ang naging epekto ng pag-upo sa trono ni Náṣiri'd-Dín Sháh sa pakikitungo sa mga Bábí?_____________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

3. Ano ang karaniwang damdamin ng mga Bábí pagkaraan ng pagmamartir ng Báb? _

_____________________________________________________________________________

4. Ano ang kalagayan ng isipan ng grupong nagpasiyang patayin ang hari? __________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

5. Ano ang sinabi ni Bahá'u'llá sa pinuno ng grupo nang malaman Niya ang kanilang layunin? _______________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

6. Anong petsa naganap ang pagtatangka sa buhay ng hari? _______________________

7. Ano ang naging kapalaran ng mga nagtangkang patayin ang hari? _______________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

8. Ano ang mga ibinunga sa pamayanang Bábí ng pagtatangka sa buhay ng hari?

9. Nasaan si Bahá'u'lláh nang mabalitaan Niya ang pagtatangka sa buhay ng hari?

10. Ano ang ginawa ni Bahá'u'lláh nang mabalitaan Niya ang itinangkang pagpatay?

11. Saang nayon dinakip si Bahá'u'lláh?

12. Yamang si Bahá'u'lláh ay hindi naman walang-kakayahan sa harap ng Kaniyang mga kalaban, sa inyong palagay bakit Siya pumayag na madakip habang batid ang panganib na Kaniyang susuungin?

13. Sa anong kalagayan dinala si Bahá'u'lláh mula sa Shimírán hanggang Ṭihrán?

14. Sa inyong sariling mga salita, isaysay ang kuwento ng matandang babaeng nagnanais ipukol ang bato kay Bahá'u'lláh habang dinadala Siya ng Kaniyang mga tanod sa bartolina. Ano ang ipinakikita ng kuwentong ito?

## BAHAGI 10

Sa Kaniyang buong buhay, si Bahá'u'lláh ay napaligiran ng mga kaaway na nagnanasang saktan Siya. Ngunit kailanman ay hindi Niya sinikap itago ang Kaniyang sarili; kailanman ay hindi Niya sinikap ikubli ang Kaniyang sarili. Sa kabaliktaran, sa lahat ng panahon Siya ay naging lantad sa paningin ng mga tao, at tiniis Niya nang buong kahinahunan at katiwasayan ang mga pananalakay ng mga lumalaban sa Kaniya. Bagaman disidido silang subhan ang Kaniyang liwanag, hindi nila ito nagawa, at sa bawat araw ang Kaniyang karingalan ay higit pang nagningning.

> **"Ni sa isang saglit ay hindi itinago ng Pinagkasalahang ito ang Kaniyang Sarili. Sa halip sa lahat ng panahon Siya ay nanatiling matatag at lantad sa mga mata ng lahat ng tao. Kailanman ay hindi Kami umurong, ni hindi Kami kailanman magtatangkang tumakas. Sa katotohanan ang mga taong hangal ang tumakas mula sa Aming harapan… Purihin ang Diyos! Ang Kapakanang ang Tagapagdala ay ang Pinagkasalahang ito ay kasintaas ng langit at nagniningning nang kasinliwanag ng araw. Ang pagtatago ay hindi makalalapit sa katayuang ito, ni wala ring pagkakataon para matakot o manahimik."[24]**

> **"Hindi nalalambungan at hindi natatago, sa lahat ng panahon ay ipinapahayag ng Pinagkasalahang ito sa harap ng mukha ng lahat ng sambayanan sa daigdig yaong magiging susi upang mabuksan ang mga pinto ng mga agham, ng mga sining, ng kaalaman, ng mabuting kalagayan, ng kasaganaan at kayamanan. Ni hindi nagtagumpay ang mga kapinsalaang ipinalasap ng mga maniniil upang patahimikin ang matinis na tinig ng Pinakadakilang Panulat, ni hindi nagawang pigilan ng mga agam-agam ng mga balakyot o ng mga mapanghimagsik mula sa pagpapahayag Niya sa Pinakadakilang Salita."[25]**

Ilarawan sa inyong sariling mga salita kung paano tayo dapat kumilos kapag nahaharap sa suliranin habang nagpupunyaging itaguyod ang Kapakanan ni Bahá'u'lláh.

## BAHAGI 11

Ang Síyáh-Chál ang pangalan ng piitang pinagdalhan kay Bahá'u'lláh sa araw na iyon ng kapahamakan noong 1852, ay nangangahulugan ng "itim na balon". Dating imbakan ng tubig para sa isang paliguang-bayan ng Ṭihrán, sa panahong iyon ito ay ginawa nang bartolina sa ilalim ng lupa kung saan ang pinakamasamang mga kriminal ay ikinukulong.

Para makarating sa piitan, kailangang dumaan sa isang napakadilim na pasilyo at bababa sa tatlong matarik na palapag ng hagdan. Nababalot sa pusikit na karimlan, iyon ay napakalamig, at ang sahig ay nanlilimahid sa dumi at pinamumugaran ng daga at insekto. Si Bahá'u'lláh Mismo ang naglarawan sa napakasamang mga kalagayan ng pagkakabilanggo Niya:

> **"Sa Aming pagdating ay pinadaan muna Kami sa isang napakadilim na pasilyo, na mula roon ay bumaba Kami sa tatlong matarik na palapag ng mga hagdan tungo sa lugar ng piitang nakalaan sa Amin. Ang bartolina ay nababalot ng makapal na kadiliman, at ang Aming mga kapwa-bilanggo ay halos isang daan at limampung mga kaluluwa: mga magnanakaw, mga mamamatay-tao, at mga tulisan. Bagaman siksikan, wala itong ibang labasan liban sa pasilyo na Aming pinasukan. Walang panulat ang makapaglalarawan sa lugar na iyon, ni hindi maisasawika ng anumang dila ang kamuhi-muhing amoy niyon. Ang karamihan ng mga taong ito ay walang damit ni panlatag na mahihigaan. Ang Diyos lamang ang nakaaalam sa sinapit Namin sa pinakamabaho at mapanglaw na lugar na iyon!"[26]**

Sa ilalim ng ganitong malupit na mga kalagayan, si Bahá'u'lláh at ang ilang mga Bábí ay ipinakulong ng hari. Ang mga paa ni Bahá'u'lláh ay nakasuot sa pagitan ng dalawang tabla, at isang mabigat na tanikalang nagtitimbang ng humigit-kumulang 50 kilo ang nakapatong sa Kaniyang leeg. Sa unang tatlong araw at gabi hindi sila binigyan ng anumang pagkain o inumin. Ang pamilya ni Bahá'u'lláh ay naghahanda ng pagkain para sa Kaniya at hinihiling sa mga tanod na ibigay ito sa Kaniya. Bagaman sa simula ay tumatanggi sila, sa kalaunan ay pinagbigyan na rin nila ang kanilang mga samo. Gayumpaman, walang nakatitiyak kung ang pagkain ay nakararating sa Kaniya, o kung nagagawa Niyang kumain habang nananatiling nagugutom ang Kaniyang mga kapwa-bilanggo.

Si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang mga kasama, na nakasuot din ang mga paa sa pagitan ng dalawang tabla at ginapusan ng mga tanikala, ay nagsisiksikan sa isang selda. Sila ay

inilagay sa dalawang magkaharap na hanay. Tinuruan sila ni Bahá'u'lláh na ulit-ulitin ang ilang mga bersikulo, na gabi-gabi nilang dinadalit nang buong-alab. "Sapat na ang Diyos sa akin; Siya sa katunayan ang Lubos na Nakasasapat!" ang dadalitin ng isang hanay, at ang kabila naman ay sasagot ng: "Sa Kaniya hayaang magtiwala ang nagtitiwala." Hanggang sa madaling-araw, ang koro ng kanilang masayang mga tinig ay naririnig. Ganoong kalakas ang kanilang pagdadalit na umabot ito sa mga tainga ng hari, na ang palasyo ay hindi malayo sa Síyáh-Chál. "Anong ibig sabihin ng tunog na iyon?" ang tanong daw niya. "Iyon ang himnong inaawit ng mga Bábí sa kanilang bilangguan," ang tugon.[27] Ang hari ay tumahimik.

Araw-araw, papasok sa selda ang mga tanod at tatawagin ang pangalan ng isa sa mga Bábí, uutusan siyang tumayo at sundan sila hanggang sa paanan ng bitayan. Masiglang tutugon ang may-ari ng pangalan sa pagtawag na iyon. Nakalaya sa kaniyang mga kadena, palundag siyang tatayo, at sa isang kalagayang hindi mapigilan ang kaligayahan, lalapit kay Bahá'u'lláh at yayakapin Siya. Pagkatapos, isa-isa niyang yayakapin ang kaniyang mga kapwa-bilanggo at tutungo, nang tigib ng pag-asa at tuwa ang puso, upang harapin ang kamatayang naghihintay sa kaniya. Kaagad pagkatapos ng pagmamartir ng bawat isa sa magiting na mga kaluluwang ito, ang tagabitay, na naging tagahanga na ni Bahá'u'lláh, ay dadalaw sa Kaniya at iuulat sa Kaniya ang mga naganap sa pagbitay ng martir at sa kaligayahan nito sa pagharap hanggang sa wakas sa mga pagdurusang ipinalasap sa kaniya.

1. Ano ang pangalan ng piitan kung saan ikinulong si Bahá'u'lláh? ________________

   ______________________________________________________________

2. Ano ang ibig sabihin ng "Síyáh-Chál"? ______________________________

3. Saan dati ginagamit ang Síyáh-Chál? ________________________________

   ______________________________________________________________

4. Ilarawan ang mga kalagayan sa Síyáh-Chál.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Pagdating Niya sa Síyáh-Chál, ano ang inilagay sa leeg ni Bahá’u’lláh? __________

_______________________________________________________________

6. Ano ang ginawa sa Kaniyang mga paa? ________________________________

7. Paano inilagay sa selda si Bahá’u’lláh at ang Kaniyang mga kasama? __________

_______________________________________________________________

8. Ano ang itinuro ni Bahá’u’lláh sa kanila? ______________________________

_______________________________________________________________

9. Ano ang dinadalit ng isang hanay ng mga Bábí sa buong magdamag? __________

_______________________________________________________________

10. Ano naman ang itutugon ng kabilang hanay? ___________________________

_______________________________________________________________

11. Ano ang naging epekto ng kanilang pagdalit sa hari? _____________________

_______________________________________________________________

12. Araw-araw papasok sa selda ni Bahá’u’lláh at ng Kaniyang mga kasama at tatawagin ang pangalan ng isa sa mga Bábí. Ipaliwanag sa inyong sariling mga salita kung ano ang kasunod na nangyayari.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

13. Sa inyong palagay, bakit kaya napakaligaya ng mga Bábí sa kabila ng napakasamang kalagayan ng kanilang pagkakabilanggo? ____________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## BAHAGI 12

May isang napakalalim na konseptong kailangang maunawaan ng bawat mag-aaral ng kasaysayang Bahá'í—yaon ay, ang Kapakanan ng Diyos ay sumusulong sa pamamagitan ng isang serye ng mga krisis at tagumpay. Sa tuwing ang mga puwersa ng kamangmangan, kawalan ng katarungan, kalupitan, at panatisismo ay sumasalakay sa Kapakanan, na nagbubunga ng isang krisis, ang isang katumbas na sukat ng likas nitong kapangyarihan ay pinawawalan, at ang mga puwersang iyon ay nagagapi, na nagbubunsod sa panibagong mga tagumpay para sa Kapakanan, na sa malaon o madali, ay gumigising ng panibagong pagsilakbo ng pagsalungat na hindi pa nagunita noong nakaraan, na pinawawalan naman niyon, sa bahagi nito, ang karagdagang sukat ng Banal na kapangyarihan nito. Sa gayon, ang Kapakanan ng Diyos ay sumusulong mula sa krisis tungo sa tagumpay tungo sa krisis tungo sa tagumpay, at walang kapangyarihan sa lupa ang may kakayahang ihinto ang patuloy na pagsulong nito.

Ang maikling Ministeryo ng Báb ay dumaan na sa gayong landas. Subalit maaaring akalain ng karaniwang tagamasid na itong huling krisis ay hindi na mapagtatagumpayan: Ang Báb ay minartir na. Libu-libo sa Kaniyang mga tagasunod ay pinatay sa napakalupit na masaker. Ang pinakatanyag sa Kaniyang mga disipulo ay minartir na at Siya, na tanging muling makabubuhay sa pag-asa, ay nakatanikala sa pinakamapanglaw na bartolina. Tunay na malubha ang krisis, subalit ang tagumpay na sumunod ay napakaluwalhati.

Sa Síyáh-Chál ibinunyag ng Diyos kay Bahá'u'llá ang kadakilaan ng Kaniyang Katayuan. Habang nababalot sa karimlan, humihinga ng pinakamabahong hangin, ang Kaniyang mga paa nakasuot sa pagitan ng dalawang tabla, at ang Kaniyang leeg hinihila pababa ng mabigat na tanikala, natanggap ni Bahá'u'lláh ang unang mga pahiwatig ng Rebelasyon ng Diyos. Sa ilalim nitong nakapangingilabot na mga kalagayan, ibinunyag ng "Pinakadakilang Espiritu" ang sarili nito sa Kaniya, inatasan Siyang magbangon, at ipahayag ang Salita ng Diyos.

May mga pagkakataong nadarama Niyang waring may umaagos mula sa tuktok ng Kaniyang ulo hanggang sa Kaniyang dibdib, tulad ng isang malakas na agos na biglang bumabaha sa lupa mula sa tugatog ng isang mataas na bundok. Nakita Niya ang Mutya na Langit na nakalutang sa harap Niya, kinakausap ang Kaniyang panloob at panlabas na pagkatao, tinatawag Siyang ang Pinakamamahal ng mga daigdig, ang Kagandahan ng Diyos, at ang kapangyarihan ng paghahari ng Diyos. Tiniyak sa Kaniya na Siya ay gagawing magtagumpay sa pamamagitan ng Kaniyang Sarili at ng Kaniyang Panulat, at sa tulong nilang mga ibabangon ng Diyos.

Sa gayon, mula sa karimlan ng Itim na Balon ay sumikat ang Araw ng Katotohanan. Ang pangako ng Báb ay natupad na. Ang Rebelasyong Bahá'í ay isinilang na. Subalit hindi ipinaalam ni Bahá'u'lláh sa kaninuman ang mga naganap. Hinintay Niya ang takdang oras na itinadhana ng Diyos upang ipahayag ang Kaniyang Misyon.

1. Ilarawan sa inyong sariling mga salita kung gaano katindi ang krisis na hinarap ng pamaymanang Bábí sa panahon ng pagkabilanggo kay Bahá'u'lláh.

 ___________________________________________________________

 ___________________________________________________________

 ___________________________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang tagumpay na sumunod sa napakatinding krisis na ito? __________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## BAHAGI 13

Mapalad ang sangkatauhan na itong pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan ng relihiyon ay naitala sa sariling mga Salita ni Bahá'u'lláh. Basahin ang mga sipi sa ibaba mula sa Kaniyang mga Kasulatan at punuan ang mga patlang sa mga pangungusap na kasunod ng bawat isa.

Sa paggunita kung paano unang pinuspos ang Kaniyang kaluluwa ng Rebelasyon ng Diyos, sinasabi ni Bahá'u'lláh:

> **"Isang gabi, sa isang panaginip, ang mga salitang ito ay narinig sa bawat panig: 'Tunay na gagawin Ka Naming magtagumpay sa pamamagitan ng Iyong Sarili at ng Iyong Panulat. Huwag malumbay dahil sa sumapit sa Iyo, ni huwag matakot, sapagkat Ikaw ay ligtas. Hindi magtatagal ay ibabangon ng Diyos ang mga kayamanan ng daigdig—ang mga taong tutulong sa Iyo sa pamamagitan ng Iyong Sarili at ng Iyong Pangalan, na muling binuhay ng Diyos ang mga puso ng gayong mga kumilala sa Kaniya.'"[28]**

Sa siping ito, sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh na isang gabi, sa isang panaginip, ang mga salitang ito ay narinig mula sa bawat panig: "Tunay na gagawin Ka naming __________________ sa pamamagitan ng ______________ at ng ________________ . Huwag malumbay dahil sa _______________________ , ni huwag __________ , sapagkat Ikaw ay ______________ . Hindi magtatagal ay ______________ ng Diyos ang

____________________ ng daigdig—ang ___________ tutulong sa Iyo sa pamamagitan ng _______________ at ng ___________________ , na ___________________ ng Diyos ang mga puso ng gayong mga ____________________________ ."

Sa isa pang sipi, inilarawan ni Bahá'u'lláh ang epekto ng Rebelasyon ng Diyos sa Kaniyang pagkatao:

> **"Sa mga araw na Ako ay nasa piitan ng Ṭihrán, bagaman ang masaklap na timbang ng mga tanikala at ang mabahong hangin ay nagbigay ng kaunting tulog lamang sa Akin, gayumpaman sa madalang na mga sandaling iyon ng pagkatulog, sa pakiwari Ko ay may dumadaloy mula sa tuktok ng Aking ulo tungo sa Aking dibdib, tulad ng malakas na baha na ibinubuhos ang sarili nito sa lupa mula sa isang matayog na bundok. Bunga nito ang bawat bahagi ng Aking katawan ay nag-aapoy. Sa gayong mga sandali sinasambit ng Aking dila ang hindi kayang marinig ng sinumang tao. "[29]**

Sinasabi ni Bahá'u'lláh na sa mga araw na Siya ay nasa _____________ ng Ṭihrán, ang _________________________________ ng mga ________________ at ang __________________ ____________________ ay nagbigay ng kaunting _________________ lamang, gayumpaman sa __________________________________________ sa pakiwari Niya ay _____________________ ______________ mula sa __________________________________________ tungo sa _________ ___________________________________ . Bunga niyon ang bawat bahagi ng Kaniyang katawan ay __________________ . Sa gayong mga sandali sinasambit ni Bahá'u'lláh ang _____________ ___________________________________ .

At sa isa pang sipi ay inilalarawan Niya kung paanong lumitaw sa harap Niya ang Dilag, na sumasagisag sa "Pinakadakilang Espiritu":

> **"Samantalang sakmal ng mga pagdurusa, Aking narinig ang isang tinig na lubhang kahanga-hanga at malamyos, na nanawagan sa itaas ng Aking ulo. Sa pagbaling ng Aking mukha, Aking nasilayan ang isang Dilag—ang pinakadiwa ng paggunita sa pangalan ng Aking Panginoon—na nakalutang sa hangin sa Aking harapan. Lubos siyang nagagalak sa kaibuturan ng kaniyang kaluluwa na nagniningning ang kaniyang mukha sa palamuti ng mabuting kaluguran ng Diyos, at ang kaniyang mga pisngi ay kumikinang sa liwanag ng Lubos na Mahabagin. Sa pagitan ng lupa at langit inihihiyaw niya ang isang panawagang nakahalina sa mga puso at isipan ng mga tao. Ibinabahagi niya kapuwa sa Aking panloob at panlabas sa sarili ang balitang nagpaligaya sa Aking kaluluwa at sa mga kaluluwa ng mabunying mga tagapaglingkod ng Diyos. Habang itinuturo ng kaniyang daliri ang Aking ulo, nagsalita siya sa lahat ng nasa langit at ng lahat ng nasa lupa, sinasabing: Saksi ang Diyos! Ito ang Pinakamamahal ng mga daigdig, at gayumpaman ay hindi kayo nakauunawa. Ito ang Kagandahan ng Diyos sa kalagitnaan ninyo, at ang kapangyarihan ng Kaniyang paghahari sa loob ninyo, kung nakauunawa lamang kayo. Ito ang Hiwaga ng Diyos at ang Kaniyang Kayamanan, ang Kapakanan ng Diyos at ang Kaniyang luwalhati sa lahat ng nasa mga kaharian ng Rebelasyon at ng kinapal, kung kayo ay mga nakahihiwatig.'"[30]**

Sinasabi sa atin ni Bahá'u'lláh, na habang sakmal ng mga pagdurusa, narinig Niya ang isang __________ na ____________________________ , at ________________ , na nananawagan sa itaas ng Kaniyang ulo. Sa pagbaling ng Kaniyang mukha, nasilayan ni Bahá'u'lláh ang isang Dilag na nakalutang _______________________________________________________. Ang mukha ng Dilag ay nagniningning sa ______________________________________________________ . Ibinahagi ng Dilag kapuwa sa Kaniyang ____________________________________________ ang balitang nagpaligaya sa Kaniyang _________________ , at sa mga kaluluwa ng _______________ _____________________________ ng Diyos. Habang itinuturo ang kaniyang daliri sa ulo ni Bahá'u'lláh, nagsalita siya sa lahat ng nasa _______________ at ng lahat ng nasa ____________ sinasabing: "Saksi ang Diyos! Ito ang ____________________________________________________ , at gayumpaman ay hindi kayo nakauunawa. Ito ang ___________________________________ sa kalagitnaan ninyo, at ang _________________________________________________ sa loob ninyo, kung nakauunawa lamang kayo. Ito ang ________________________________________ at ang Kaniyang ______________________ , ang ______________________________ at ang Kaniyang ____________________ sa lahat ng nasa mga kaharian ng ________________________ at ng _________________ , kung kayo ay nakahihiwatig."

## BAHAGI 14

Napakahalaga ang konsepto ng krisis at tagumpay na makabubuti sa inyo ang tumigil pansamantala sa yugtong ito upang nilay-nilayin ang kapangyarihan ng Kapakanan, na nagtataglay ng kakayahang pagtagumpayan ang bawat balakid sa landas nito. Upang matulungan kayong gawin ito, iminumungkahing basahin ninyo ang mga sipi sa ibaba—na ang isa ay buhat sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at ang isa pa ay galing sa isang liham na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi—at pagkatapos ay sagutan ang mga katanungang kasunod nito.

> **"Masdan kung paano, sa Dispensasyong ito, buong-giliw na inakala ng mga walang-halaga at mga luko-luko, na sa pamamagitan ng gayong mga pamamaraang tulad ng pamumuksa, pandarambong at pagpapatapon ay masusubhan nila ang Ilawan na sinindihan ng Kamay ng Banal na kapangyarihan, o mapaglalaho ang Bituing-Araw ng walang-hanggang karingalan. Waring sila ay walang kabatirang ang gayong mga sakuna ay ang langis na nagpapaapoy sa ganitong Ilawan! Ganoon ang nakapagbabagong kapangyarihan ng Diyos. Binabago Niya ang anumang ninanais Niya; Siya, sa katunayan ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay."[31]**

> **"Ang Kapakanang ito, tulad ng bawat Kapakanang Banal, ay hindi maitatatag nang mabisa hanggang hindi nito sasagupain at tatalunin nang buong kagitingan ang mga hukbo ng pagsalungatang sumasalakay rito. Ang mismong kasaysayan ng Pananampalataya ay sapat na katibayan niyon. Ang mga pagsubok at mga pag-uusig ay laging naging, at patuloy na magiging, kapalaran ng mga pinili ng Diyos. Ngunit dapat nilang ituring ang mga ito bilang pagpapalang itinago sa kasawian, sapagkat sa pamamagitan ng mga iyon ang kanilang pananalig ay**

**mabubuhay, madadalisay, at mapalalakas. Inihahalintulad ni Bahá'u'lláh ang gayong masakit na mga pagsubok sa langis na nagpapaningas sa lampara ng Kapakanan ng Diyos."[32]**

Ang kamalayang sumusulong ang Pananampalataya sa pamamagitan ng serye ng mga krisis at mga tagumpay ay paano nakatutulong sa inyo sa inyong pagtatalagang tahakin ang landas ng paglilingkod sa Kapakanan at sa sangkatauhan?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

## BAHAGI 15

Samantalang nakatanikala si Bahá'u'lláh sa Siyáh-Chál, sinisikap ng Kaniyang mga kaaway na makuha ang hatol ng Kaniyang kamatayan mula sa hari. Ngunit mahal si Bahá'u'lláh ng kapuwa mataas at karaniwang tao at sa gayon ay hindi madaling ipapatay. Kailangan ng katibayang mag-uugnay sa Kaniya sa pagtatangka sa buhay ng hari. Habang higit silang nagsusumikap na makakuha ng gayong katibayan, higit na lumilinaw na lubos na wala Siyang kinalaman sa pangyayaring iyon. Nang mabigo sa hangaring ipabitay Siya, ipinasiya ng malupit na mga kaaway na lasunin ang Kaniyang pagkain. Subalit napakalakas ng lason, na ang unang mga epekto nito ay agad napuna at inihinto ni Bahá'u'lláh ang pagkain. Sa wakas ay wala nang ibang magawa ang mga nasa kapangyarihan kundi palayain Siya mula sa piitan; ito ay ginawa lamang nila sa kundisyong lilisanin Niya ang bansa bilang isang tapon.

Apat na buwan nagtiis si Bahá'u'lláh sa piitan. Sa panahong iyon Siya ay maysakit at pagod na pagod na. Ang di-makataong mga kalagayan ng piitan, ang tanikalang nagtitimbang ng humigit-kumulang 50 kilo sa Kaniyang leeg, at sa huli ang lason, ay lubusang nagpahina sa Kaniya na kinailangan Niyang manatili sa higaan habang maingat na inaalagaan. Ang mga kawing ng tanikala ay sumugat nang malalim sa Kaniyang leeg, at bagaman humilom ang mga ito sa paglipas ng panahon, ang mga bakas nito ay nanatili hanggang sa wakas ng Kaniyang buhay. Kaalinsabay nito, kinailangan ng pamilya ang maghanda para sa isang napakahirap na paglalakbay na isasagawa sa loob ng isang buwan. Binigyan si Bahá'u'lláh ng kalayaang piliin ang lugar ng Kaniyang pagkapatapon. Pinili Niya ang Baghdád, na sa panahong iyon ay isang lungsod sa Imperyong Ottoman, at sa ngayon ay punong-lungsod ng 'Iráq.

Ang paglalakbay ay nagtagal mula ng ika-12 ng Enero 1853 hanggang sa ika-8 ng Abril ng taon ding iyon. Iyon ay kalagitnaan ng taglamig, at kinailangang maglakbay ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang pamilya sa dakong kanluran ng Iran, kung saan napakaginaw ng mga taglamig.

Hindi sapat ang kanilang mga baon para sa paglalakbay, at kinailangan nilang pagkasiyahin ang kaunting pagkain. Ngunit itong maliit na grupo ng mga manlalakbay ay pinangalagaan ng Diyos Mismo, at sa pamamagitan ng Kaniyang walang-maliw na tulong, sila ay nakarating nang ligtas sa Baghdád.

Ipinagkait ng Iran sa sarili nito ang biyayang makapiling si Bahá'u'lláh at pinilit Siyang umalis, kailanman ay hindi na babalik sa Kaniyang lupang tinubuan. Ang 'Iráq na ngayon ang magiging tahanan ng pinakamahalagang Katauhan sa planeta. Ito ang mga salitang sinabi ng isang tanyag na mananalaysay ng Bahá'í tungkol sa pagkapatapon kay Bahá'u'lláh mula sa Iran:

> "Habang nalalapit si Bahá'u'lláh sa mga hangganan ng bansa, nagwakas ang isang panahon. Batid kaya ng mga tao ng Iran ang kawalan na sinapit nila? Nakalugmok sa kamangmangan, lubog sa panatisismo, nabulag ng mali at walang-batayang paniniwala, pinamumunuan ng makasariling mga tao, nalinlang ng mga kasinungalingan, hindi sa kanila ang makakita ni makaunawa. At sa gayon ang Manunubos ng daigdig ay lumisan sa kanilang piling. Siya na minsan ay minahal at iginalang ng kapuwa mayaman at mahirap, ng mabunyi at aba, ng prinsipe at ng magsasaka, ay itinakwil ng mismong mga taong binuhusan Niya ng awa, pagmamahal, katarungan, at kawanggawa sa lahat ng panahon. Nawala sa Iran ang makapiling si Bahá'u'lláh, ngunit maaari kayang mawala ang Kaniyang espiritu doon o sa alinmang lupain?"[33]

1. Bakit nabigo ang mga kaaway ni Bahá'u'lláh na makuha ang hatol ng Kaniyang kamatayan? ______________________________

2. Nabigo ang mga kaaway ni Bahá'u'lláh sa kanilang mga pakanang isangkot Siya sa pagtatangka sa buhay ng hari. Ano ang kasunod na ginawa nila? ______________________________

3. Ilang buwan nanatili si Bahá'u'lláh sa Síyáh-Chál? ______________________________

4. Ano ang mga kundisyon ng pagpapalaya sa Kaniya? ______________________________

5. Anong lungsod ang pinili ni Bahá'u'lláh na maging lugar ng Kaniyang pagkadisteryo? ______________________________

6. Sa panahong iyon, ang lungsod ng Baghdád ay bahagi ng aling imperyo? Punong-lungsod ito ng aling bansa sa kasalukuyan? ______________________________

7. Anong petsa sinimulan ni Bahá'u'lláh at ng Kaniyang pamilya ang kanilang paglalakbay patungo sa Baghdád? Anong petsa nagwakas ang kanilang paglalakbay, pagkalipas ng halos tatlong buwan? ______________________________

8. Ilarawan ang mga kalagayan ng paglalakbay.

## BAHAGI 16

Ang sumusunod na dalanging ipinahayag ni Bahá'u'lláh ay nagbibigay sa atin ng isang sulyap sa mga pagdurusang dinanas Niya sa Síyáh-Chál at ang mga pahirap na tiniis Niya sa mga buwang agad na kasunod niyon.

> **"Aking Diyos, Aking Panginoon, Aking Hangarin! … Iyong nilikha itong atomo ng alikabok sa pamamagitan ng lubos na lakas ng Iyong kapangyarihan, at inalagaan Siya ng Iyong mga kamay na walang sinuman ang maaaring makagapos … Iyong itinadhana para sa Kaniya ang mga pagsubok at mga pagdurusa na walang dila ang makapaglalarawan, ni maisasalaysay nang sapat ng alinman sa Iyong mga Tableta. Ang lalamunan na Iyong sinanay sa haplos ng sutla, sa katapusan, ay Iyong inipit ng matibay na tanikala, at ang katawan na Iyong pinaginhawa ng mga brokado at mga pelus, sa wakas, ay Iyong isinailalim sa paghamak ng isang bartolina. Ang Iyong utos ay sinagkaan Ako ng hindi mabilang na mga pataw sa paa, at inihagis sa Aking leeg ang mga tanikalang walang makapuputol. Isang bilang ng mga taon ang lumipas na sa panahong iyon, tulad ng mga ambon ng habag, ang mga pagdurusa ay umulan sa Akin … Napakaraming mga gabi na ang bigat ng mga tanikala at mga pataw sa paa ay hindi nagbigay sa Akin ng pahinga, at napakaraming mga araw na ang kapayapaan at katahimikan ay ipinagkait sa Akin, dahilan doon sa ipinalasap sa Akin ng mga kamay at mga dila ng mga tao! Kapuwa tinapay at tubig na Iyong ipinahintulot, mula sa Iyong habag na sumasaklaw sa lahat, sa mga hayop sa parang, ay ipinagbawal nila sa tagapaglingkod na ito, at ang mga bagay na tinanggihan nilang ipalasap doon sa gayong mga humiwalay sa Iyong Kapakanan, iyon din ang kanilang ginawa**

**upang ipalasap sa Akin, hanggang sa wakas, ang Iyong utos ay hindi mababawing itinakda, at sa Iyong utos tinawag ang tagapaglingkod na ito upang umalis sa Persiya, sinamahan ng ilang mga lalaking mahina ang katawan at mga batang nasa murang gulang, sa panahong ito na ang lamig ay lubhang matindi na hindi man lamang makapagsalita ang isang tao, at ang yelo at niyebe ay napakakapal na hindi maaaring makakilos."[34]**

Maaaring nanaisin ninyong isaulo ang dalangin sa itaas. Subalit kahit babasahin lamang ninyo ito nang ilang ulit, ang ilang mga pahayag tungkol sa pagdurusa ni Bahá'u'lláh ay maikikintal sa inyong isipan. Ano ang ilan sa mga ito?

## BAHAGI 17

Sa Baghdád, umupa si Bahá'u'lláh ng isang bahay sa lumang bahagi ng lungsod. Sa mga buwan kasunod ng Kaniyng pagdating, ang lumalaking bilang ng mga Bábí ay nagtungo sa Baghdád. Sa kasawiang-palad, marami sa kanila ay nalugmok sa isang kahabag-habag na kalagayan; sila ay tuliro at naguguluhan, at ang ilan ay gumagawa ng mga bagay na hindi karapat-dapat sa isang tagasunod ng Báb. Tinanggap ni Bahá'u'lláh ang lahat ng dumating taglay ang walang-hanggang pagmamahal, at tinulungan silang linisin ang kanilang mga puso at muling buhayin ang kanilang mga espiritu. Dulot ng Kaniyang impluwensiya, ang kalagayan ng pamayanang Bábí ay nagsimulang magbago at ang pag-asa ay muling namukadkad. Subalit nakalulungkot na nagsisimulang mabuo ang isang panibagong krisis. Sa pagkakataong ito, ang pinagmulan nito ay sa loob ng pamayanan mismo; ang sanhi ng kapahamakan ay walang iba kundi ang sariling kapatid sa ama ni Bahá'u'lláh, si Mírzá Yaḥyá, na inaangkin ang pagiging tagapagmana ng tungkulin ng Báb.

Sa katunayan, ang Báb ay walang nakitang pangangailangan upang humirang ng tagapagmana ng tungkulin, sapagkat alam Niyang hindi magtatagal ang Ipinangako sa Lahat ng Panahon ay darating. Ang Kaniyang ginawa, sa payo ni Bahá'u'lláh at ng isang tagasunod na pinagkakatiwalaan, ay ang imungkahi si Mírzá Yaḥyá bilang pinunong natuturingan lamang. Sa pamamagitan nito, maitataguyod ni Bahá'u'lláh ang Kapakanan nang medyo ligtas. Si Mírzá

Yaḥyá ay tumanggap ng lubos na pagmamahal at pagtatangkilik mula kay Bahá'u'lláh sa maagang yugto ng kaniyang buhay, subalit napatunayan siyang kapuwa mapaghangad at duwag. Labis siyang nasindak sa pagmamartir sa Báb na halos mawala ang kaniyang pananalig. Nagpagala-gala siya nang ilang panahon sa kabundukan ng Mázindarán bilang isang mongheng pagala, at ang kaniyang asal ay naging lubos na kahiya-hiya na ang ilang mga Bábí ng rehiyon ay tumalikod sa Kapakanan. Sa paggamit ng iba't ibang balatkayo, sa wakas ay nakarating siya sa Baghdád, at yamang nakakuha siya ng pera mula kay Bahá'u'lláh upang ipamuhunan sa pangangalakal, nanirahan siya sa isang purok ng lungsod sa ilalim ng bagong pangalan.

Ang lumalaking paggalang at pagmamahal na ibinibigay ng mga tagasunod ng Báb kay Bahá'u'lláh, at ang pagtaas ng Kaniyang karangalan sa mga pinuno ng lungsod, ay nagkaroon ng napakasamang epekto kay Mírzá Yaḥyá. Napukaw ang kaniyang inggit, at lumagablab ang apoy nito nang ganoong katindi na tinupok nito ang bawat bakas ng kagandahang-asal. Kasama ang isang higit na walang-hiya pa kaysa sa kaniya, si Mírzá Yaḥyá ay nagsimulang maghasik ng mga binhi ng pag-aalinlangan sa mga Bábí tungkol sa mga layunin ni Bahá'u'lláh. Muling bumalot sa pamayanang Bábí ang mga ulap ng paghihinala, takot, at walang-kabuluhang kathang-isip. Ang maikling panahon ng katiwasayan at katahimikan ay nagwakas at sa bawat araw ang mga paghihirap ni Bahá'u'lláh ay lalong tumindi.

Noong umaga ng ika-10 ng Abril 1854, sa paggising ng pamilya ni Bahá'u'lláh natuklasan nilang nakaalis na Siya. Siya ay umalis nang walang pasabi sa kaninuman tungkol sa Kaniyang layunin o paroroonan. Yamang nakikini-kinita na ni Bahá'u'lláh ang patutunguhan ng mga kilos ni Mírzá Yaḥyá, pinili ni Bahá'u'lláh ang magretiro sa kabundukan ng Kurdistán, sa hilagang-silangan ng Baghdád. "Ang nag-iisang layunin ng Aming paglayo," Siya Mismo ang nagsabi sa kalaunan, "ay upang iwasan ang maging sanhi ng hidwaan ng mga matapat, ang maging isang pagmumulan ng kaguluhan sa Aming mga kasamahan, ang maging daan ng pananakit sa alinmang kaluluwa, o ang maging sanhi ng kalungkutan sa alinmang puso."[35]

Doon sa kagubatan, na may kalayuan sa bayan ng Sulaymáníyyih, namuhay si Bahá'u'lláh nang nag-iisa sa pakikipagniig sa Diyos. Nasiyahan na Siya sa kaunting pagkain. May mga pagkakataong nakatatanggap Siya ng gatas mula sa mga pastol ng nakapalibot na mga lugar, at paminsan-minsan ay dumadalaw sa bayan upang makakuha ng ilang pangunahing mga pangangailangan sa buhay. Gayumpaman, kahit sa panandaliang mga pakikipag-ugnay na ito sa mga tao sa rehiyon, ang kadakilaan ni Bahá'u'lláh ay hindi maitago sa kanilang mga mata. Ang Kaniyang pagmamahal at karunungan ay umakit sa mga naninirahan sa Sulaymániyyíh at ang Kaniyang kabantugan ay nagsimulang kumalat sa mga karatig-pook. Ang balita tungkol sa isang taong taglay ang di-pangkaraniwang karunungan at kahusayan sa pananalita, na naninirahan sa dakong iyon ng Kurdistán, ay umabot sa wakas sa Baghdád. Natanto ng Kaniyang pamilya na ang Tao na iyon ay walang iba kundi si Bahá'u'lláh, at nagpapunta sila ng isang pinagkakatiwalaang mananampalataya upang sumamo sa Kaniya na umuwi na. Pinaunlakan ni Bahá'u'lláh ang kahilingan nila, at sa gayon natapos ang dalawang taon ng kusang paglayo Niya.

1. Ano ang kalagayan ng mga Bábí na nagtungo sa Baghdád pagkatapos dumating si Bahá'u'lláh sa lungsod na iyon? ______________________________________________
_______________________________________________________________

2. Bakit sila nasadlak sa ganoong kalagayan? ____________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Ano ang nagsimulang maganap sa pamayanang Bábí dulot ng impluwensiya ni Bahá'u'lláh? ____________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Humirang ba ang Báb ng tagapagmana ng tungkulin? Bakit hindi? _______________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Sino ang iminungkahi ng Báb na maging pinunong natuturingan lamang? _________
______________________________________________________________________

6. Ano ang relasyon ni Mírzá Yaḥyá kay Bahá'u'lláh? ____________________________

7. Ilarawan ang pagkatao ni Mírzá Yaḥyá: _______________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

8. Ano ang ginawa ni Mírzá Yaḥyá pagkatapos ng pagmamartir sa Báb? ____________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

9. Ano ang naging epekto kay Mírzá Yaḥyá ng lumalaking paggalang at pagmamahal na ibinibigay kay Bahá'u'lláh ng mga tagasunod ng Báb, at gayundin ang Kaniyang lumalaking kabantugan sa mga pinuno ng lungsod? ____________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

10. Ano ang ginawa ni Bahá'u'lláh nang makini-kinita Niya ang patutunguhan ng mga kilos ni Mírzá Yaḥyá? ______________________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

11. Sa anong rehiyon nagretiro si Bahá’u’lláh? ______________________

12. Sinasabi ni Bahá’u’lláh sa atin na ang nag-iisang layunin ng Kaniyang paglayo ay upang iwasan ang maging ______________________, ang maging isang pagmumulan ng ______________________ ______________, ang maging daan ng ______________________, o ang maging sanhi ng ______________________ .

13. Ano ang ginawa ni Bahá’u’lláh sa kagubatan ng Kurdistán? ______________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

14. Gaano katagal ang pagretiro ni Bahá’u’lláh mula sa Baghdád? ____________

15. Ano ang mga kalagayang nagbunsod sa Kaniyang pagbabalik? ____________

______________________________________________

______________________________________________

## BAHAGI 18

Ang bawat Kahayagan ng Diyos ay gumagawa ng Kasunduan sa Kaniyang mga tagasunod. Ang mga tagasunod ng Báb ay nagkaroon ng Kasunduan sa Kaniya na kanilang hahanapin at tatanggapin Siya na ihahayag ng Diyos at mamumuhay nang alinsunod sa Kaniyang mga utos. Bagaman hindi pa sinasabi ni Bahá’u’lláh na Siya Yaong ipinangako ng Báb, ang Kaniyang kadakilaan ay higit na nagiging hayag sa paglipas ng bawat araw, at nagsimula na ngang makilala ng ilan ang Kaniyang Katayuan. Si Mírzá Yaḥyá, na hindi naman bulag sa kadakilaan at kaluwalhatian ni Bahá’u’lláh, ay patuloy sa paggawa ng kalokohan sa mga Bábí. Sa sumunod na mga taon, tulad ng inyong makikita, ang kaniyang mga pakana laban kay Bahá’u’lláh ay lumala nang lumala, hanggang sa wakas lantaran siyang lalabag sa Kasunduan ng Báb. Tinutukoy ang kaguluhan at mga pagsubok na naghihintay sa kanila, binalaan ni Bahá’u’lláh at Kaniyang mga kasamang matapat:

> **“Ang mga araw ng pagsubok ay dumating na ngayon. Mga karagatan ng pag-aaway at kaguluhan ay dumadaluyong, at ang mga Bandila ng Alinlangan, sa bawat kubling dako at sulok, ay abala sa panunulsol ng kasamaan at sa pagdadala sa mga tao sa ganap na kapahamakan…. Huwag hayaan ang tinig ng ilang mga kawal ng pagkakaila ay maghagis ng alinlangan sa kalagitnaan ninyo, ni pahintulutan ang inyong mga sarili na maging pabaya sa Kaniya na Siyang Katotohanan, yayamang sa bawat Dispensasyon ang gayong mga pag-aaway ay**

**nagaganap. Gayumpaman, itatatag ng Diyos ang Kaniyang Pananampalataya, at ihahayag ang Kaniyang liwanag kahiman ang mga nanulsol ng paghihimagsik ay kinapopootan ito…. Magbantay kayo araw-araw alang-alang sa Kapakanan ng Diyos…. Lahat ay bihag sa Kaniyang mahigpit na kamay. Walang matatak-buhang pook para sa sinuman. Huwag isiping ang Kapakanan ng Diyos ay isang bagay na gayon-gayon lamang, na sinuman ay maaaring bigyang-kaluguran ang kaniyang mga kapritso. Sa iba't ibang lugar isang bilang ng mga kaluluwa, sa ngayon, ang nagsulong ng katulad na pahayag na ito. Ang oras ay paparating na kung kailan … ang bawat isa sa kanila ay mamamatay at mawawala, hindi lamang iyon, kundi darating sa kawalan at magiging bagay na hindi matatandaan, katulad ng alikabok mismo."[36]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

    a. Sinabi ni Bahá'u'lláh sa Kaniyang mga kasama na huwag hayaan ang ___________ ng ilang mga ________________________________ ay maghagis ng ___________ ______________________________________ .

    b. Binalaan Niya sila na huwag pahintulutan ang kanilang mga sarili na maging ____________________ sa __________________________________ .

    c. Tiniyak Niya sa Kaniyang mga kasama na itatatag ng Diyos ang ________________ _____________________ at ihahayag ang ________________________________ kahit na kinapopootan ito ng mga kaaway ng Kapakanan.

    d. Hindi dapat isipin ng sinuman na ang Kapakanan ng Diyos ay isang ___________ _____________________________ , na sinuman ay maaaring ________________ ang kaniyang mga _______________ .

    e. Ang oras ay paparating na kung kailan ang lahat ng lumaban sa Pananampalataya ay __________________ at _______________ . Tulad ng alikabok, silang lahat ay magiging bagay na _____________________________ .

2. Tinutukoy ni Bahá'u'lláh ang mga naghahasik ng alinlangan bilang "mga kawal ng pagkakaila". Ano ang ipinagkakaila nila?

## BAHAGI 19

Sa loob ng dalawang taong nawala si Bahá'u'lláh, ang kalagayan ng Pananampalataya ay umabot sa pinakamababang kalagayan sa kasaysayan nito. Tulad ng inaasahan, pinatunayan ni Mírzá Yaḥyá na wala siyang kakayahang mamuno sa kahit maliit lamang na pamayanan sa Baghdád. Sa iba't ibang dako, gumagawa ang ilang mga Bábí ng mga bagay na nagdudulot ng kahihiyan sa napakahalagang Kapakanan ng Báb. Kaya muling isinabalikat ni Bahá'u'lláh ang gawain ng muling pagbubuhay sa pamayanan. Ang Kaniyang pagdating noong Marso 1856 ay ibinalita sa mga mananampalataya, at ang Kaniyang pintuan ay ibinukas sa lahat ng nananabik

sa katotohanan. Ang pangkaraniwang tahanan kung saan Siya at ang Kaniyang pamilya ay naninirahan ay naging sentro ng pagtitipon ng mga nagsasaliksik at mga panauhin. Ang lahat ng makarating sa Kaniyang harapan ay binago ng kapangyarihan ng Kaniyang matamis at mapagmahal na mga salita. Sa pakiwari ng lahat ng nagtatamasa ng biyayang manirahan nang malapit sa Kaniya ay waring nasa paraiso sila. Sila ay naging isang bagong nilikha, lubos na nakawalay sa mga bagay ng daigdig na ito. Ganito ang paglalarawan ni Nabíl, ang dakilang mananalaysay ng maagang yugto ng Panahong Bahá'í, sa kalagayan ng mga kaluluwang iyon:

> "Maraming gabi na hindi kukulangin sa sampung tao ang nabuhay sa hindi hihigit sa isang sentimong halaga ng datiles. Walang nakaaalam kung kanino talaga ang mga sapatos, mga balabal, o ang mga kapang matatagpuan sa kanilang mga tahanan. Sinuman ang magpunta sa pamilihan ay maaaring angkining ang suot na sapatos ay sa kaniya; at bawat isang pumasok sa kinaroroonan ni Bahá'u'lláh ay maaaring magpatibay na ang balabal at kapang suot niya noon ay pag-aari niya. Nakalimutan nila ang sarili nilang mga pangalan, ang kanilang mga puso ay walang laman liban sa kanilang Minamahal … O, ang galak ng mga araw na iyon, at ang kasayahan at kababalaghan ng mga oras na iyon!"[37]

Pitong taong nanatili si Bahá'u'lláh sa Ba<u>gh</u>dád pagbalik Niya mula sa Sulaymáníyyih. Sa loob ng panahong iyon, patuloy Niyang inilihim ang Kaniyang Katayuan bilang Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito. Subalit ang Banal na pag-ibig ay dumadaloy mula sa Kaniya sa gayong sukat na hindi maiwasang madama iyon ng mga pusong handang tumanggap. Ang patnubay na ipinahayag Niya sa mga usapan at sa nasusulat na mga bersikulo at mga Tableta ay nagpabago sa ugali ng mga Bábí, na matagal naiwanang walang pastol. Ito ang ang mga taon kung kailan ipinahayag Niya ang Aklat ng Katiyakan, kung saan ipinaliwanag Niya ang likas na katangian ng Rebelasyon ng Diyos sa gayong napakalinaw na mga salita na ang mga saligan ng mga doktrinang likha ng tao noong nakaraan ay nawasak. Sa panahon ding ito, habang naglalakad Siya sa mga pampang ng ilog Tigris at dumog na dumog sa pagninilay-nilay, ipinahayag Niya ang Natatagong mga Salita, na minamahal ng bawat isa sa atin bilang isang gabay sa ating espiritwal na pag-unlad. Ang tulin ng pagdaloy ng Banal na mga bersikulo mula sa Kaniyang Panulat ay kamangha-mangha. Siya Mismo ay tumukoy sa panahong iyon ng bukod-tangang bisa:

> **". . . Kami ay nagpahayag, tulad ng malakas na ulan, sa tulong ng Diyos at ng Kaniyang Banal na biyaya at habag, ng Aming mga bersikulo, at ipinadala ang ito sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Pinaalalahanan Namin ang lahat ng sambayanan, at lalo na ang sambayanang ito, sa pamamagitan ng Aming mahusay na mga payo at mapagmahal na mga paalaala, at pinagbawalan silang gumawa ng paghihimagsik, pag-aaway, pagtatalo, at salungatan. Bunga nito, at sa biyaya ng Diyos, ang pagsusuwail at kalokohan ay naging pagkamadasalin at pag-uunawaan, at ang mga sandata ay ginawang mga instrumento ng kapayapaan."[38]**

Ang pitong taon ng pamumuhay ni Bahá'u'lláh sa Ba<u>gh</u>dád ay kumakatawan sa isang panahon ng kahanga-hangang mga tagumpay. Maaasahan, kung gayon, na may darating na krisis sa malaon man o madali, na iyon naman ay masusundan ng higit na malaki pang tagumpay. Ang lumalaking katanyagan ni Bahá'u'lláh ay hindi lumampas sa pansin ng mga kaaway ng Pananampalataya. Ang pinakamasugid sa kanila ay isang <u>Sh</u>ay<u>kh</u> na ginagamit ang lahat ng pamamaraan sa kaniyang kamay upang mahikayat ang mga opisyal ng kapuwa pamahalaang Persiyano at Ottoman, at gayundin ng klero, upang magbangon laban sa Kaniya.

Sa maraming taon, ang mga pagtatangka ng Shaykh ay nabigo dahil sa karunungan ni Bahá'u'lláh at sa karangalan ng Kaniyang mga salita at mga gawa. May isang pagkakataong tinipon ng Shaykh na ito ang nangungunang mga klerigo sa rehiyon sa layuning makuha ang kanilang nagkakaisang pagbatikos kay Bahá'u'lláh. Ang lahat ay handang maglunsad ng pananalakay laban sa maliit na pangkat ng mga disterado sa Baghdád upang lipulin ang Pananampalataya sa pinakaugat nito. Subalit ikinagulat nilang ang pinakamataas sa kanila, isang taong kilala sa kaniyang katarungan at kabanalan, ay tumangging ibigay ang hinihinging hatol laban sa mga Bábí. Sinabi niya sa grupo, na ayon sa kaniyang kaalaman, ang pamayanang Bábí ay walang nagawang karapat-dapat sa ganoong hatol at nilisan niya ang pagtitipon.

Dahil nabigo ang una nitong balak, ipinasiya ng grupong magpapunta ng isang taong dalubhasa kay Bahá'u'lláh upang iharap ang ilang mga tanong nang sa ganoon ay masubukan ang Kaniyang kaalaman. Nang marinig ang mga sagot ni Bahá'u'lláh sa mga katanungan, tinanggap ng naatasan, sa ngalan ng grupo ng klero, ang napakalawak Niyang kaalaman. Ngunit sinabi niyang, upang masiyahan ang lahat na totoo ang Kaniyang Misyon, dapat Siyang gumawa ng isang milagro para sa kanila. "Kahiman wala kayong karapatang hingiin ito," tugon ni Bahá'u'lláh, "sapagkat ang Diyos ang dapat sumubok sa Kaniyang mga nilikha, at hindi nila dapat subukin ang Diyos, Akin pa ring pahihintulutan ito at tinatanggap ang kahilingang ito."[39] Subalit binigyan Niya ang mensahero ng isang kundisyon: Ang klero ay dapat munang pumili ng isang milagro at isulat na kapag ito ay naisagawa na, hindi na sila kailanman mag-aalinlangan pa tungkol sa Kaniya at aamin at sasaksi sa katotohanan ng Kaniyang Kapakanan. Dapat nilang lagyan ng selyo ang dokumentong ito at dalhin ito sa Kaniya

Itong malinaw at mapanghamong sagot ay lubos na umantig sa mensahero. Kaagad siyang bumangon, humalik sa tuhod ni Bahá'u'lláh, at umalis. Inihatid niya ang pasabi ni Bahá'u'lláh sa grupo ng klero. Pinagtalunan nila ito sa loob ng tatlong araw, subalit hindi sila makabuo ng anumang pasiya. Sa wakas, wala silang ibang magawa kundi kalimutan na lang ang bagay na ito.

Subalit ang malupit na mga kaaway ng Pananampalataya ay hindi huminto sa kanilang mga pagsasabwatan laban kay Bahá'u'lláh. Patuloy pa rin sila sa pagpukaw ng kalokohan at pagbigay ng maling kahulugan sa Kaniyang mga layunin sa mga nasa kapangyarihan hanggang sa wakas, noong tagsibol ng 1863, ang kanilang mga pakana ay nagbunga, at ang kasunod na krisis ay dumating.

1. Ano ang kalagayan ng pamayanang Bábí nang bumalik si Bahá'u'lláh sa Baghdád?
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Napatunayan ba ni Mírzá Yaḥyá ang kaniyang kakayahang mamuno sa pamayanan?
   ____________________________________________

3. Ano ang naging epekto sa mga Bábí ng pagbalik ni Bahá'u'lláh sa Baghdád? ______
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

4. Batay sa inilarawan ni Nabíl, magbigay ng ilang mga salita tungkol sa kalagayan ng mga namumuhay nang malapit kay Bahá'u'lláh.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Ilang taon nanatili si Bahá'u'lláh sa Baghdád pagkabalik Niya mula sa Sulaymáníyyih?

____________________________________________________________

6. Bumanggit ng dalawang akdang ipinahayag ni Bahá'u'lláh sa loob noong pitong taon sa Baghdád: ____________________________________________________________

____________________________________________________________

7. Ano ang pangunahing tema ng Aklat ng Katiyakan? ______________________________

____________________________________________________________

8. Anong mga paksa ang tinatalakay sa Natatagong mga Salita? ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

9. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Sinasabi ni Bahá'u'lláh sa atin na sa ____________ ng Diyos at ng Kaniyang ____________ na ________________ at ________________ , nagpahayag Siya ng Kaniyang mga bersikulo tulad ng ______________________________ .

b. Ipinadala Niya ang mga bersikulong ito sa ______________________________ ____________________________________________________________ .

c. Sa mga bersikulong ito, ________________ Niya ang lahat ng mga sambayanan sa pamamagitan ng Kaniyang ______________________________ at ______________________________ .

d. Pinagbawalan Niya silang ________________ ng ________________ , ________________ , ________________ , at ________________ .

e. Bunga nito, at sa biyaya ng Diyos, ang ______________________________ at ____________ ay naging _________________________ at ______________________ , at ang mga _______________ ay ginawang mga ________________________ ng _________________________ .

10. Ano ang naging epekto sa mga kaaway ng Pananampalataya ng lumalaking katanyagan ni Bahá’u’lláh? ___________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

11. Ano ang ibig sabihin kapag makakuha ng “nagkakaisang pagbatikos”? ___________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

12. Isaysay sa inyong sariling mga salita ang kuwento ng grupo ng klero at ng mensaherong pinapunta nila kay Bahá’u’lláh sa Baghdád.

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

## BAHAGI 20

Sa inyong pag-aaral ng Pananampalataya, mababasa ninyo ang Aklat ng Katiyakan at ninilay-nilayin ang malalim na kahulugan ng marami nitong mga tema. Tiyak na bihasa na kayo sa Natatagong mga Salita. Ang aklat na ito ay magiging palagiang kasama ninyo sa inyong buong buhay, at ang banal na patnubay na nilalaman niyon ay magdudulot ng napakalaking

impluwensiya sa inyong espiritwal na pag-unlad. Sa yugtong ito, habang nagninilay-nilay kayo sa panahon ng buhay ni Bahá'u'lláh sa Baghdád, kung kailan ipinahayag ang dalawang mahalagang aklat na ito, maaaring nanaisin ninyong isaulo ang unang parapo ng bawat isa. Ang Aklat ng Katiyakan ay nagsisimula sa ganitong mga salita:

> **"Walang tao ang makararating sa mga dalampasigan ng karagatan ng tunay na pagkaunawa maliban kung siya ay maging tiwalag mula sa lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan. Gawing banal ang inyong mga kaluluwa, O kayong mga tao ng daigdig, upang harinawang marating ninyo yaong katayuang itinadhana ng Diyos para sa inyo at makapasok kung gayon sa tabernakulo, na sang-ayon sa mga kapahintulutan ng Maykapal, ay itinaas sa kalangitan ng Bayán."**[40]

At sa pambungad na parapo ng Natatagong mga Salita ay nakasaad:

> **"Ito yaong bumaba mula sa kaharian ng luwalhati, sinalita ng dila ng kapangyarihan at lakas, at inihayag sa mga Propeta ng unang panahon. Kinuha Namin ang buod niyon at binihisan ng damit ng kaiklian, bilang isang tanda ng biyaya sa mga makatarungan, upang sila sana ay manatiling matapat sa Kasunduan ng Diyos, tuparin sana sa kanilang mga pamumuhay ang Kaniyang tiwala, at sa larangan ng espiritu ay makamit ang hiyas ng banal na kapurihan."**[41]

## BAHAGI 21

Sa pagwawakas ng Kaniyang paninirahan sa Baghdád, nagsimulang tukuyin ni Bahá'u'lláh sa tuwi-tuwina ang mga pagsubok at kahirapang naghihintay. Ang isang panaginip na isinalaysay Niya sa Kaniyang mga kasama ay nagbunga ng lubhang pangangamba. "Aking nakita," isinulat Niya sa isang Tableta, "ang mga Propeta at ang mga Sugo na nagtipon at inilukluk ang kanilang mga sarili sa Aking paligid, tumataghoy, umiiyak, at malakas na tumatangis. Namangha, Aking tinanong ang dahilan sa kanila, sa gayon ang kanilang pagtangis at pag-iyak ay lalong lumakas, at sinabi nila sa Akin: 'Umiiyak kami para sa Iyo, O Pinakadakilang Hiwaga, O Tabernakulo ng Walang-hanggan!' Umiiyak sila nang gayong pag-iyak na Ako ay nakiiyak rin sa kanila. Kapagdaka ang Kalipunan sa itaas ay kinausap Ako, nagsasabi: '. . . Hindi magtatagal Iyong mamamasdan, ng Iyong sariling mga mata, yaong hindi namasdan ng sinumang Propeta . . . Maging matiyaga, maging matiyaga.' . . . Nagpatuloy silang kausapin Ako buong gabi hanggang sa malapit nang magbukang-liwayway."[42]

Noong maagang bahagi ng tagsibol ng 1863, ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Tableta ng Banal na Mandaragat, kung saan, sa matalinhagang wika, ay ibinadya ang mga pangyayari ng hinaharap at ng pagtataksil at paghihiwalay. Ang Tabletang ito ay binasa sa mga kaibigang nagtipon sa Kaniyang harapan. Dumaluyong sa kanilang mga puso ang mga karagatan ng pighati sa pagkahiwatig nilang Siya ay kukunin mula sa kanila. Sa kalaunan ng mismong araw na iyon, inihatid kay Bahá'u'lláh ng isang mensahero ang isang liham na humihiling na makapanayam Siya ng gobernador ng Baghdád. Kinabukasan, pagdating para sa panayam, ibinigay kay Bahá'u'lláh ang isang liham mula sa punong ministro ng Imperyong Ottoman, na inaanyayahan si Bahá'u'lláh, sa magalang na salita, na magtungo sa Constantinople, ang kabiserang Ottoman. Inatasan ang nakakabayong mga alagad na samahan Siya para sa Kaniyang kaligtasan. Sumang-ayon agad si Bahá'u'lláh sa kahilingan subalit tinanggihan Niya

ang inialok ng pamahalaan na salapi para sa Kaniyang paglalakbay. Nagpumilit ang kinatawan ng gobernador na tanggapin Niya ito, at sinabing mamasamain ng mga awtoridad kung hindi Niya ito tatanggapin. Sa wakas, tinanggap Niya ang malaking halaga at kagaad itong ipinamudmod sa mga mahirap ng lungsod.

Nayanig ang pamayanang Bábí sa balita ng napipintong pag-alis ni Bahá'u'lláh mula sa Baghdád. Ang tapat na mga kaluluwang iyon, na ang kanilang mga puso ay labis na nagmamahal sa Kaniyang maningning na sarili, ay nagapi ng kalungkutan. Sa simula wala sa kanila ang makatulog o makakain. Subalit, unti-unti silang napayapa ng mabait at mapagmahal na mga salita ni Bahá'u'lláh, at nagawang tanggapin na maipagkakait sa karamihan sa kanila ang biyayang sumama sa Kaniya sa kasunod na yugto ng Kaniyang pagkapatapon. Bilang tanda ng Kaniyang pag-ibig, lumiham Siya sa Kaniyang sariling sulat-kamay ng isang Tableta para sa bawat isang mananampalatayang naninirahan sa lungsod—lalaki, babae, at bata.

Karatig ng Baghdád ang isang magandang hardin na punong-puno ng mga rosas, at ang rosas ay paboritong bulaklak ni Bahá'u'lláh. Noong hapon ng ika-22 ng Abril, umalis Siya sa lungsod at pumasok sa hardin. Ang mga mananampalataya, at sa katunayan ang malaking bilang ng mga tao ng Baghdád, ay nagdadalamhati. Ang pamayanang Bábí, na muling binuhay ng masuyong pagkalinga ni Bahá'u'lláh, ay muling pumasok sa isa pang krisis. Ano ang magiging kinabukasan nitong bagong Pananampalataya, na ang tanging Pag-asa ay ipinatatapon sa isang lugar na napakalayo sa karamihan ng mga kasapi nito? Ang kasagutang naghihintay sa yaong namimighating mga kaibigan na nagtipon upang magpaalam sa Kaniya ay kagila-gilalas. Aalisin ni Bahá'u'lláh ang mga lambong na nagtatabing sa Kaniyang tunay na Katayuan at ipahahayag na Siya ang Ipinangako sa Lahat ng Panahon.

Tumigil si Bahá'u'lláh sa hardin, na kilala ngayon bilang Hardin ng Riḍván, nang labindalawang araw bago Siya umalis patungo sa Constantinople. Sinikap ng Kaniyang mga kaaway na bigyan ng nakamamatay na dagok ang Kapakanan sa pamamagitan ng paghiwalay sa Kaniya mula sa lupon ng mga tagasunod niyon. Subalit binago ng Diyos ang pamamaalam na iyon upang maging isang pagkakataong lipos ng kaligayahan. Ang Pagpapahayag ng Kaniyang Misyon ay nagbigay ng panibagong buhay sa mga kaluluwa ng Kaniyang mga kasama. Iyon ang Araw ng mga Araw na para doon ay inihanda sila ng Báb. Si Bahá'u'lláh Mismo ang nagsabing sa Araw na iyon ang "lahat ng nilikhang bagay ay inilubog sa karagatang nagpapaladalisay".[43]

Walang gaanong nalalaman tungkol sa mga detalye ng mga pakikipag-usap ni Bahá'u'lláh sa daloy ng mga panauhing tinanggap Niya sa Hardin ng Riḍván. Ang sumusunod na mga salita ng mananalaysay na si Nabíl ay makapagbibigay sa atin ng isang sulyap lamang sa kaluwalhatian ng mga araw na iyon:

> "Araw-araw bago magbukang-liwayway, pipitasin ng mga hardinero ang mga rosas na nakahanay sa apat na landas ng hardin, at ibubunton ang mga iyon sa gitna ng sahig ng Kaniyang pinagpalang tolda. Lubhang napakalaki ang bunton na kapag ang Kaniyang mga kasamahan ay nagtipon upang inumin ang kanilang pang-umagang tsaa sa Kaniyang harapan, hindi nila makita ang isa't isa sa kabila nito. Lahat ng mga rosas na ito ay ibibigay ni Bahá'u'lláh, nang Kaniyang sariling mga kamay, doon sa Kaniyang pinaalis sa Kaniyang harapan tuwing umaga, upang ibigay, sa ngalan Niya, sa Kaniyang mga kaibigang Arabe at Persiyano sa lungsod. . . . Isang gabi, ang ikasiyam na gabi ng lumalaking buwan, nagkataong ako ay isa roon sa nagbabantay sa tabi ng Kaniyang pinagpalang tolda. Habang papalapit ang oras ng hatinggabi, nakita ko Siya

na lumabas mula sa Kaniyang tolda, dumaan sa mga lugar kung saan ang ilan sa Kaniyang mga kasamahan ay natutulog, at nagsimulang magpalakad-lakad sa mga landas ng hardin na nagigilid ng mga bulaklak at naliliwanagan ng buwan. Napakalas ang pag-awit ng mga ruwisenyor sa lahat ng panig na yaong mga malapit lamang sa Kaniya ang maliwanag na mapapakinggan ang Kaniyang tinig. Nagpatuloy Siya sa paglalakad, huminto sandali sa gitna ng isa sa mga landas na ito, at pinuna Niya: 'Isipin ang mga ruwisenyor na ito. Napakalaki ang pagmamahal nila sa mga rosas, na walang tulog mula takipsilim hanggang bukang-liwayway, hinuhuni nila ang kanilang mga awit at nakikipagniig nang may nag-aapoy na silakbo ng damdamin sa pakay ng kanilang pagsamba. Paanong ang mga nagsasabing nag-aapoy sa malarosas na kagandahan ng Minamahal ay piniling matulog?' Sa tatlong sunod-sunod na gabi ako ay nagbantay at umikot sa paligid ng Kaniyang pinagpalang tolda. Tuwing dadaan ako sa hinihigaan Niya, matatagpuan kong gising Siya, at araw-araw, mula umaga hanggang gabi, makikita kong walang-tigil Siyang abala sa pakikipag-usap sa agos ng mga panauhin na patuloy na dumadaloy mula sa Baghdád. Ni minsan ay wala akong napansin sa mga salitang sinambit Niya ng anumang bahid ng pagkukunwari."[44]

Sa kasalukuyan, ang Pista ng Riḍván ay ipinagdiriwang bawat taon sa buong daigdig upang ipagdiwang ang Pagpapahayag ng Misyon ni Bahá'u'lláh. Nagtatagal ng labindalawang araw, ito ang pinakabanal at pinakamahalaga sa lahat ng mga pistang Bahá'í.

1. Isalaysay sa inyong sariling mga salita ang panaginip ni Bahá'u'lláh noong dakong huli ng Kaniyang pagtigil sa Baghdád.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang kahulugan ng panaginip? ____________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Kailan ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Tableta ng Banal na Mandaragat? __________

_______________________________________________

4. Ano ang ibinadya ng Tableta ng Banal na Mandaragat? ____________

_______________________________________________

5. Ano ang dinala kay Bahá'u'lláh ng isang mensahero mula sa pamahalaan sa araw na binasa ang Tableta sa mga kaibigan? ____________________

_______________________________________________

6. Ano ang ibinigay kay Bahá’u’llah sa kinabukasan? ____________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

7. Saang lugar ang ipinasiya ng pamahalaan na ipatapon si Bahá’u’lláh? ____________
______________________________________________________________________

8. Ano ang ginawa ni Bahá’u’lláh sa salaping inialok sa Kaniya para sa Kaniyang paglalakbay? ____________________________________________________________
______________________________________________________________________

9. Paano tinanggap ng pamayanan ng mga tagasunod ang balita ng napipintong pag-alis ni Bahá’u’lláh?__________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

10. Ano ang ginawa ni Bahá’u’lláh bilang tanda ng Kaniyang pagmamahal para sa mga mananampalataya sa Baghdád? _____________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

11. Sa anong pangalan nakikilala ngayon ang hardin kung saan ipinahayag ni Bahá’u’lláh ang Kaniyang Misyon? ____________________________________________________

12. Ilang araw Siya nanatili sa harding ito?________________________________________

13. Tinutukoy ang maluwalhating mga araw na iyon ng pagtigil ni Bahá’u’lláh sa Hardin ng Riḍván, sinasabi sa atin ni Nabíl na:

    a. Araw-araw bago magbukang-liwayway, ____________________________________
    ________________________________________________ , at ibubunton __________
    ______________________________________________________________________
    _____________________ .

    b. Lubhang napakalaki ang bunton na kapag ang mga kasamahan ni Bahá’u’lláh ____________________________________________________________________ sa Kaniyang harapan, hindi nila ____________________________________________ .

    c. Lahat ng mga rosas na ito ay ibibigay ni Bahá’u’lláh, nang Kaniyang sariling mga kamay, doon sa Kaniyang pinaalis sa Kaniyang harapan tuwing umaga, upang ibigay, sa ngalan Niya __________________________________________________ .

d. Isang gabi, nagkataong si Nabíl ay isa sa mga ______________________________ ______________________________ .

e. Habang papalapit ang oras ng hatinggabi, nakita ni Nabíl si Bahá'u'lláh na lumabas ______________________________ , dumaan sa ______________________________ ______________________________ , at nagsimulang ______________________________ ______________________________ .

f. Napakalakas ang ______________________________ ______________________________ na yaong mga malapit lamang kay Bahá'u'lláh ang ______________________________ .

g. Nagpatuloy si Bahá'u'lláh sa paglalakad hanggang, ______________________________ ______________________________ , at pinuna Niya: "Isipin ang mga ______________ na ito. Napakalaki ang ______________ nila sa mga ______________ , na ______________ mula ______________ hanggang ______________ , ______________ nila ang kanilang mga ______________ at ______________ nang may ______________ sa ______________ ng kanilang ______________ . Paanong ang mga nagsasabing ______________ sa ______________ na ______________ ng ______________ ay piniling ______________ ?"

h. Sa tatlong sunod-sunod na gabi si Nabíl ay ______________________________ ______________________________ .

i. Tuwing dadaan si Nabíl sa hinihigaan ni Bahá'u'lláh, matatagpuan niyang ______________ ______________ , at araw-araw, mula umaga hanggang gabi, makikita niyang ______________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ .

j. Ni minsan ay walang napansin si Nabíl sa mga salitang sinambit ni Bahá'u'lláh ng ______________________________ .

14. Ano ang mga sinikap ng mga kaaway ng Pananampalataya sa paghiwalay nila kay Bahá'u'lláh mula sa lupon ng mga mananampalataya, at ano naman ang niloob ng Diyos? ______________________________
______________________________
______________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

15. Anong pista ang ipinagdiriwang natin sa kasalukuyan bilang kaarawan ng Pagpapahayag ng Misyon ni Bahá'u'lláh? ______________________________

16. Gaano katagal ang Pista ng Riḍván, at kailan ito ipinagdiriwang? _______________

____________________________________________________________

17. Ngayong natapos na ninyo ang pag-aaral sa pagpapatapon kay Bahá'u'lláh mula sa Iran hanggang sa 'Iráq, maghanda at magbigay ng maikling talumpati tungkol sa bahaging ito ng Kaniyang buhay.

## BAHAGI 22

Sa ibaba ay mga sipi mula sa isang Tabletang ipinahayag ni Bahá'u'lláh. Basahin ang mga ito nang malakas sa inyong grupo. Habang ginagawa ninyo ito, isaisip ang Pagpapahayag ni Bahá'u'lláh sa Hardin ng Riḍván at tulutang ang Kaniyang mga salita ay puspusin ng ligaya ang inyong puso.

> **"Ang Banal na Tagsibol ay sumapit na, O Pinakadakilang Panulat, dahil ang Pista ng Lubos na Mahabagin ay mabilis na papalapit. Pakilusin ang iyong sarili, at dakilain, sa harap ng buong sangnilikha, ang ngalan ng Diyos, at ipagdiwang ang Kaniyang papuri, sa ganoong paraan na ang lahat ng nilikhang bagay ay muling magkakabuhay at magiging bago. Magsalita, at huwag pigilan ang iyong sarili. Ang bituing-araw ng kaligayahan ay sumisikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Aming pangalan, ang Maligaya, yamang ang kaharian ng ngalan ng Diyos ay pinalamutian ng palamuti ng ngalan ng iyong Panginoon, ang Maylikha ng mga langit. Bumagon sa harap ng mga bansa ng daigdig, at sandataan ang iyong sarili ng kapangyarihan nitong Pinakadakilang Pangalan, at huwag mabilang sa mga nag-aatubili. . . .**
>
> **"May matutuklasan ka bang iba liban sa Akin, O Panulat, sa Araw na ito? Nasaan ang sangnilikha at ang mga kahayagan nito? At nasaan ang mga pangalan at ang kanilang mga kaharian? Saan naparoon ang lahat ng nilikhang bagay, na nakikita man o di-nakikita? Nasaan ang natatagong mga lihim ng sanlibutan at ang mga kahayagan nito? Masdan, ang buong sangnilikha ay naglaho na! Walang naiwan liban sa Aking Mukha, ang Walang-Maliw, ang Maningning, ang Lubos na Maluwalhati.**
>
> **"Ito ang Araw na walang makikita liban sa mga karingalan ng Liwanag na sumisikat mula sa mukha ng Iyong Panginoon, ang Magiliw, ang Pinakabukas-palad. Tunay na ginawa Naming mamatay ang bawat kaluluwa sa bisa ng Aming paghaharing di-mapaglabanan at nakalulupig sa lahat. Sa gayon ay gumawa Kami ng bagong sangnilikha, bilang tanda ng Aming biyaya sa mga tao. Ako, sa**

**katunayan, ang Lubos na Mapagbigay-biyaya, ang Napakatanda sa mga Araw. . . .**

**"Sabihin: Ito ang Paraiso na sa mga dahon nito ang alak ng salita ay umukit ng patotoo na: 'Siyang itinago mula sa mga mata ng tao ay naihayag, na nasisinturunan ng paghahari at kapangyarihan!' Ito ang Paraiso na ang pagkaluskos ng mga dahon ay nagpapahayag: 'O kayong mga nananahan sa mga kalangitan at sa daigdig! Lumitaw na yaong hindi pa kailanman lumitaw. Siya na nagtago ng Kaniyang mukha mula sa paningin ng sanlinikha ay dumating na ngayon.' Mula sa bumubulong na hanging humihihip sa mga sanga nito ay dumarating ang tawag na: 'Siya na naghaharing Panginoon ng lahat ay naging hayag. Ang kaharian ay sa Diyos,' habang mula sa dumadaloy na mga tubig nito ay maririnig ang aliw-iw na: 'Ang lahat ng mga mata ay nagalak, dahil Siya na walang nakakita, na ang Kaniyang lihim ay walang nakatuklas, ay nagtaas ng lambong ng kaluwalhatian, at ipinakita ang mukha ng kaluwalhatian.'**

**"Sa loob ng Paraisong ito, at mula sa mga tugatog ng pinakamataas na mga silid nito, ang mga Dilag ng Langit ay tumawag at humiyaw ng: "Magdiwang, kayong mga nananahan sa mga kaharian sa kaitaasan, dahil ang mga daliri Niya na Siyang Napakatanda sa mga Araw, sa ngalan ng Lubos na Maluwalhati, ay bumabatingting ng Pinakadakilang Kampana sa kaibuturang puso ng mga kalangitan. Pinaiikot ng kamay ng biyaya ang kopa ng walang-hanggang buhay. Lumapit, at inumin ang inyong bahagi. Uminom nang may malusog na gana, O kayong mga pinakakinatawan ng pagnanasa, kayong mga pinakadiwa ng masidhing pagmimithi!'"[45]**

## BAHAGI 23

Si Bahá'u'lláh, ang Kaniyang pamilya, at ang maliit na grupong kasama nila ay nanatili sa Constantinople nang apat na buwan lamang. Ang pamahalaan ng Persiya ay nagpatuloy mula sa malayo ng pag-uusig nito sa Isa na ang Kaniyang lumalaking impluwensiya ay nakita nila bilang isang banta. Ang embahador nito sa korte ng Sultán—ang pinuno ng Imperyong Ottoman—ay nagsimula ng isang masistemang kampanya laban kay Bahá'u'lláh. Ang kapaligirang namamayani sa Sultán, sa kaniyang mga ministro, at sa kanilang mga kasamahan ay yaong pagtataksil, sabwatan, at pagkukunwari. Si Bahá'u'lláh ay tumangging magkaroon ng anumang kaugnayan sa mga miyembro ng korte at sa kanilang kahiya-hiyang mga layunin. Ginawa nitong maging mas madali para sa Persiyanong embahador na punuin ang mga isipan ng mga awtoridad ng mga paratang at mga kasinungalingan. Ang kaniyang walang tigil na mga pagsisikap ay naging mabisa at sa wakas inilabas ang isang kautusan na dapat ipatapon si Bahá'u'lláh sa lungsod ng Adrianople, na higit na malayo pa sa mga hangganan ng Persiya.

Ang tugon ni Bahá'u'lláh sa kautusan ay isang kilos na hindi pangkaraniwan ang tapang. Kaagad na nagpahayag Siya ng isang mahabang Tableta para sa Sultán mismo, pinagwikaan siya at ang kaniyang mga ministro, at ibinunyag ang kanilang pagiging isip-bata at kawalan ng kakayahan. Ang Tableta ay inihatid sa punong-ministro ng Sultán sa isang selyadong sobre. Naibalitang nang buksan niya ang liham at nagsimulang basahin ito, siya ay namutla at sinabing: "Waring ang Hari ng mga Hari ay nagbibigay ng kaniyang utos sa kaniyang pinakahamak na nasasakupang hari at itinutuwid ang kaniyang pagkilos."[46]

Ang labindalawang araw na paglalakbay mula sa Constantinople hanggang sa Adrianople ay napakahirap para kay Bahá'u'lláh at sa Kaniyang pamilya, na nagsimula na ngayon ng kanilang pangatlong pagkapatapon. Iyon ay sa buwan ng Disyembre, at ang panahon ay lubhang malamig. Upang makakuha lamang ng tubig sa mga bukal sa daan, kailangan nilang magsindi ng apoy upang tunawin ang yelo.

Dumating si Bahá'u'lláh sa Adrianople noong ika-12 ng Disyembre 1863 at nanatili sa lungsod na iyon ng apat at kalahating taon. Ang panahong iyon ay tigib din ng mahapding mga krisis at kahanga-hangang mga tagumpay. Habang lumalaki ang impluwensiya ni Bahá'u'lláh, ang apoy ng inggit ay lalong nagliyab sa puso ni Mírzá Yaḥyá. Siya ay naging higit at higit pang matapang sa kaniyang pagsalungat at ginawa niya ang lahat upang mapigilan ang mga Bábí mula sa pagtanggap sa Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito. Ang ligalig na ginawa niya ay hindi lamang lumikha ng kahirapan sa loob ng pamayanan mismo; binigyan din nito ang mga kaaway sa labas ng Pananampalataya ng munisyon na ginamit nila sa paglunsad ng karagdagang mga pananalakay kay Bahá'u'lláh at sa Kaniyang mga tagasunod. Waring walang hangganan ang kataksilan ni Mírzá Yaḥyá. Nagpasiya pa siyang lasunin si Bahá'u'lláh, at pagkaraan ng maraming pakana at pagsisikap, sa wakas ay natamo niya ang kaniyang layunin. Malubha ang naging epekto ng lason kay Bahá'u'lláh, at bagaman gumaling Siya, nanatili sa Kaniya ang nanginginig na kamay hanggang sa wakas ng Kaniyang buhay.

Tiyak na ang Adrianople ay hindi maaalaala dahil sa kahiya-hiyang mga kilos ni Mírzá Yaḥyá, kundi sa dakilang mga tagumpay na natamo ni Bahá'u'lláh sa lungsod na iyon. Mula roon ay ipinadala ni Bahá'u'lláh ang marami sa Kaniyang mga Tableta sa mga hari at mga namumuno sa daigdig at ipinahayag ang Kaniyang Pananampalataya sa malayo at malawak.

Ang Kaniyang lantarang pagpapahayag ay ang ikatlong yugto ng unti-unting proseso ng pagbubunyag ng Kaniyang Misyon sa sangkatauhan. Ang unang yugto ay nagsimula sa Síyáh-Chál sa Ṭihrán nang ipinamalas ng Banal na Espiritu ang sarili nito kay Bahá'u'lláh at ipinahayag sa Kaniya na Siya ang Tagapagdala ng Kalatas ng Diyos sa Araw na ito. Bagaman ang pagsilang ng Kaniyang Rebelasyon ay nalingid sa loob ng isang dekada, tulad ng bukang-liwayway, pinukaw nito ang natutulog na mga kaluluwa, ginising ang mga handang tumanggap at inihanda sila sa pagkilala kay Bahá'u'lláh. Ang pangalawang yugto ay nagbukas sa Hardin ng Riḍván, kung saan ipinahayag Niya ang Kaniyang Misyon sa ilang mga kaibigang nagsitipon upang magpaalam sa Kaniya. Sa pagkakataong iyon ay batid na ng isang maliit na bilang ng pinagpalang mga kaluluwa ang Kaniyang Misyon. Ang pangatlong yugto ay ang pangmalawakang pagpapahayag sa Kaniyang Misyon. Nagsimula iyon sa Constantinople, nagtamo ng malaki-laking buwelo sa Adrianople, at umabot sa rurok nito sa 'Akká, sa kasunod at huling lugar ng Kaniyang pagpapatapon.

1. Gaano katagal nanatili sa Bahá'u'lláh sa Constantinople? ______________________

2. Bakit napakaikli ng Kaniyang pagtigil sa Constantinople? ______________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Bakit si Bahá'u'lláh ay hindi nagkaroon ng ugnayan sa korte ng Sulṭán sa panahon ng Kaniyang pagtigil sa punong-lungsod? ______________________________________
______________________________________________________________________

4. Paano sinamantala ng Persiyanong embahador ang pagtanggi ni Bahá'u'lláh na magkaroon ng anumang ugnayan sa mga miyembro ng korte at ng kanilang imbing mga hangarin? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

5. Saan Siya kasunod na ipinatapon? ______________________________________________

6. Bakit ninais ng pamahalaang Persiyano na ipatapon Siya nang higit na malayo pa sa mga hangganan nito? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

7. Ano ang ginawa ni Bahá'u'llá nang matanggap ang balita ng pagpapatapon sa Kaniya mula sa Constantinople? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

8. Ano ang sinabi ng punong ministro ng Sultan pagkatapos niyang mabasa ang liham ni Bahá'u'lláh? ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

9. Kailan dumating si Bahá'u'lláh sa Adrianople? ______________________________

10. Gaano katagal Siya nanatili sa lungsod na iyon? ______________________________

11. Ano ang pinakamahalagang pangyayari na naganap sa Adrianople? ______________

______________________________________________

______________________________________________

12. Sa ilang yugto dumaan ang pagpapahayag ng Misyon ni Bahá'u'lláh sa sangkatauhan?

______________________________________________

13. Ano ang unang yugto? ______________________________________________

______________________________________________

14. Ano ang pangalawang yugto? ______________________________________________

______________________________________________

15. Ano ang pangatlong yugto? ____________________________________________

____________________________________________________________

## BAHAGI 24

Ang lantarang pagsalungat ni Mírzá Yaḥyá kay Bahá'u'lláh sa Adrianople ay nagdulot ng malaking kaguluhan sa maliit na grupo ng mga tapon, na ang karamihan sa kanila ay nagsisimula pa lamang masulyapan ang Katayuan ni Bahá'u'lláh. Ito ay nagbigay sa mga kaaway ng Kapakanan, na sinusuportahan ng kapangyarihan ng dalawang pamahalaan—ang Persiyano at ang Ottoman—ng pagkakataong kailangan nila upang magbigay ng isa pang dagok sa bagong silang na Pananampalataya ng Diyos. Isang umaga, bigla na lamang pinalibutan ng mga kawal ang bahay ni Bahá'u'lláh, at ang lahat ay sinabihang maghanda para sa agarang pag-alis. Sa loob ng ilang panahon ay walang nakaaalam kung ano ang kanilang magiging kapalaran. Ang pinakamalaking pangangamba sa puso ng karamihan ay ang mahiwalay sa kanilang Minamahal, sapagkat may mga sabi-sabing si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang pamilya ay ipapatapon sa isang lugar, samantalang ang lahat ng iba ay sapilitang paghihiwa-hiwalayin. Sa wakas, naging malinaw na si Bahá'u'lláh ay ipapatapon sa lungsod-piitan ng 'Akká, at si Mírzá Yaḥyá sa pulo ng Cyprus. Ang karamihan ng mga tapon, na nasa pitumpu ang bilang, ay ipinadala sa 'Akká, kasama ang dalawang napakabuktot na tagapagtaguyod ni Mírzá Yaḥyá. Ang apat naman na mga kasama ni Bahá'u'lláh ay ipinatapon kasama ng grupo ni Mírzá Yaḥyá sa Cyprus.

Si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang pamilya ay umalis sa Adrianople noong ika-12 ng Agosto 1868, at pagkatapos ng isang mahirap na paglalakbay sa lupa at dagat, ay dumating sa 'Akká noong ika-31 ng Agosto. Ang mga naninirahan sa 'Akká ay sanay sa pagdating ng mga bilanggo, sapagkat ang lungsod ay ginagamit ng mga Ottoman bilang pook kung saan itinatapon ang mga kriminal at mga manunulsol. Sa pagkakataong iyon, ibinalita sa kanilang ang mga bagong dating ay mga kalaban ng Estado, ng Diyos, at ng Kaniyang relihiyon. Iniutos ng Sulṭán ang mahigpit na pagkabilanggo sa kanila, nagtitiwalang ang malupit na mga kalagayan ng 'Akká ay hahantong sa wakas sa kanilang pagkalipol. Ang utos ng Sulṭán ay binasa sa moske para sa kaalaman ng lahat, at naging malinaw na ang mga Persiyanong ito ay hinatulan ng panghabang-buhay na pagkabilanggo at ang anumang pakikipag-ugnay sa kanila ay mahigpit na ipinagbabawal.

Sa paglunsad sa 'Akká, ang mga tapon ay dinala sa kuwartel ng hukbong-sandataan, na ang isang bahagi niyon ay naging kanilang piitan. Pinagkaitan sila ng pagkain at inumin noong unang gabi, at pagkalipas niyon, araw-araw binigyan ang bawat isa ng tatlong tinapay na mababang kalidad. Sa maikling panahon ang lahat, liban sa dalawa, ay nagkasakit, at hindi nagtagal ang tatlo sa kanila ay namatay. Ang mga guwardiya ay tumangging ilibing ang mga namatay kapag hindi binabayaran ang kinakailangang gastos. Ang isang maliit na alpombrang ginagamit ni Bahá'u'lláh sa pagdasal ay ipinagbili, at ang pera ay ibinigay sa mga guwardiya. Sa kalaunan ay natuklasang hindi sila tumupad sa usapan at inilibing ang mga namatay nang hindi pinaliliguan, hindi binalot ng telang panlibing, at hindi inilagay sa mga kabaong. Sa katunayan sila ay binayaran ng doble sa halagang kailangan sa paglilibing.

Bagaman ang mga kalagayan ng pagkapiit sa kanila ay unti-unting bumuti, ang unang mga taon sa 'Akká ay isang panahon ng matinding pahirap para kay Bahá'u'lláh. Ang tiniis Niya sa Síyáh-Chál ay ipinalasap sa Kaniya ng mga kaaway mula sa labas ng Pananampalataya.

Ang kaguluhan sa Adrianople ay panloob ang katangian. Subalit, ang krisis ng unang mga taon sa ‘Akká ay buhat sa mga puwersang kapuwa panlabas at panloob. Siya Mismo ay tumutukoy sa panahong iyon sa mga salitang tulad ng sumusunod:

> **“Iyong alamin na sa Aming pagdating sa Pook na ito, pinili Naming tawagin ito bilang ang ‘Pinakamatinding Bilangguan.’ Kahiman dati nang isinailalim sa mga tanikala at mga pataw sa ibang lupain, subalit tumanggi Kaming tawagin iyon sa pangalang ito. Sabihin: Nilay-nilayin ito, O kayong pinagkalooban ng pag-unawa!”**[47]

Sa kabila ng utos ng Sulṭán na walang dapat makipag-ugnay kay Bahá’u’lláh at sa Kaniyang pamilya, isinagawa ng ilang mga mananampalataya sa Persia ang mahabang paglalakbay sa ‘Akká, na karamihan ay naglalakad, sa pag-asang makapasok sila sa Kaniyang kinaroroonan. Sa kanilang pagdating, itong mga kaluluwang matapat, yamang hindi makalapit, ay tatayo nang may kalayuan habang nakaharap sa Kaniyang piitan, at masisiyahan nang masulyapan man lamang ang Kaniyang anyo sa likod ng mga kabilya ng Kaniyang bintana. Ang isang kaway mula sa Kaniyang banal na kamay ay sapat nang gantimpala sa maraming buwan ng paglalakbay, at ang karamihan ay babalik na pauwi, lubos na nagpapasalamat sa biyayang natanggap nila.

Ang pinakamalungkot na pangyayari sa panahong ito ay ang biglang pagkamatay ng anak na lalaki ni Bahá’u’lláh, si Mírzá Mihdí, na tinaguriang ang Pinakadalisay na Sanga. Isang gabi, siya ay nasa bubong ng kuwartel at lumalakad nang paroon at parito habang nananalangin at nagninilay-nilay, nang siya ay nahulog sa butas na dinadaanan ng liwanag at bumagsak sa isang kahong gawa sa kahoy na nasa sahig sa ibaba. Ang kaniyang mga tadyang ay natusok, at bagaman tumawag ng doktor ay wala nang magagawa pa. Sa loob ng dalawampu’t dalawang oras ay namatay siya. Bago siya pumanaw, itinanong ni Bahá’u’lláh sa Pinakadalisay na Sanga kung may kahilingan siya. Siya ay tumugon, “Nais ko sanang makarating ang mga tao ni Bahá sa Iyong harapan.” “At iyon ay mangyayari,” sinabi ni Bahá’u’lláh. “Ipagkakaloob ng Diyos ang iyong kahilingan.”[48]

Matindi man ang mga pagdurusa ni Bahá’u’lláh sa Pinakamatinding Piitan, dapat tandaang ang pagpapatapon sa Kaniya sa ‘Akká ay ang katuparan ng mga propesiya ng nakaraan. Sumikat ang Araw ng Katotohanan sa ‘Akká sa loob ng dalawampu’t apat na taon sa sukdulang kaluwalhatian niyon. Sa loob ng panahong iyon, sa pagdalaw sa Bundok Carmel na nasa karatig-bayan ng Haifa, itinuro ni Bahá’u’lláh kay ‘Abdu’l-Bahá ang lugar kung saan itatayo sa dakong huli ang Dambana ng Báb. Ang Kaniyang sariling libingan sa Bahjí, na malapit na sa labas ng ‘Akká, ang naging Pinakabanal na Pook sa lupa, na tungo doon ay humaharap ang Kaniyang mga tagasunod sa buong daigdig sa araw-araw na panalangin. Malapit sa Banal na Dambana ng Báb ay doon itinatag ang Luklukan ng Universal House of Justice. Ang kambal na lungsod ng Haifa at ‘Akká ang naging espiritwal at pampangasiwaang sentro ng Pananampalatayang Bahá’í. Sa gayon, sa pamamagitan ng sumusunod na mga salita, na isinulat sa isang Tabletang ipinahayag sa unang mga taon ng pagtigil sa Adrianople, ay nagpahiwatig si Bahá’u’lláh tungkol sa Kaniyang pagpapatapon sa ‘Akká:

> **“Sa Aming pagdating, Kami ay sinalubong ng mga bandila ng liwanag, pagkatapos ang Tinig ng Espiritu ay humiyaw nang nagsabi: ‘Hindi magtatagal ang lahat ng naninirahan sa kalupaan ay aanib sa ilalim ng mga bandilang ito.’”**[49]

1. Paano ginamit ng panlabas na mga kaaway ng Pananampalataya para sa sarili nilang kapakinabangan ang kaguluhang ginawa ni Mírzá Yaḥyá sa Adrianople? ________

________________________________________________________________

2. Saan kasunod na ipinatapon si Bahá'u'lláh? ____________________________

3. Saan ipinatapon si Mírzá Yaḥyá?____________________________________

4. Ilang tao ang sumama kay Bahá'u'lláh sa 'Akká?_________________________

5. Sa inyong palagay, bakit ipinadala ang ilang mga tagasunod ni Bahá'u'lláh sa Cyprus kasama ni Mírzá Yaḥyá at ang dalawang tumatangkilik kay Yaḥyá ay ipinasama sa 'Akká? ___________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

6. Sa anong petsa umalis si Bahá'u'lláh sa Adrianople?______________________

7. Sa anong petsa Siya dumating sa 'Akká? ________________________________

8. Anong utos ang ibinigay ng Sulṭán kaugnay ng pagkulong kay Bahá'u'lláh at sa mga kasama Niya? ____________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

9. Paano nalaman ng mga tao ng 'Akká ang tungkol sa utos? __________________

________________________________________________________________

10. Saan dinala si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang mga kasama sa pagdating nila sa 'Akká?

________________________________________________________________

11. Ilarawan sa ilang mga salita ang mga kalagayan ng kanilang unang mga araw sa piitan:

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

12. Ano ang ipinangalan ni Bahá'u'lláh sa 'Akká? ____________________________

13. Ano ang pinakamalungkot na pangyayaring naganap sa unang mga taon sa ‘Akká? _

______________________________________________________________________

14. Sa anong mga kalagayan nagtungo ang unang mga peregrino sa ‘Akká?___________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

15. Sa inyong sariling mga salita, ilarawan ang mga kalagayan ng pagkamatay ng Pinakadalisay na Sanga.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

16. Ilang taon nanatili si Bahá’u’lláh sa ‘Akká at sa mga kapaligiran nito? ____________

17. Ano ang itinuro ni Bahá’u’lláh kay ‘Abdu’l-Bahá sa pagdalaw sa Bundok Carmel sa Haifa? ____________________________________________________________

18. Ano ang Pinakabanal na Pook sa lupa at saan ito matatagpuan?__________________

______________________________________________________________________

19. Saan matatagpuan ang Luklukan ng Universal House of Justice? ________________

______________________________________________________________________

20. Nasaan ang espiritwal at pampangasiwaang pandaigdig na sentro ng Pananampalatayang Bahá’í? ______________________________________________

______________________________________________________________________

21. Alam ba ninyo kung ano ang ginagawa ng mga peregrino sa kasalukuyan kapag dumadalaw sila sa Haifa at ‘Akká? Maaaring nanaisin ninyong humiling sa isang kaibigan sa inyong pamayanan na nakapagperegrinasyon na sa Banal na Lupain ang ikuwento ang tungkol dito.

## BAHAGI 25

Sa ‘Akká, ipinagpatuloy ni Bahá’u’lláh ang Kaniyang pangkalahatang pagpapahayag. Narito ang ilang mga sipi na isinulat Niya sa Adrianople at sa ‘Akká para sa mga hari at mga pinuno ng daigdig:

Sa Emperador ng Pransiya, si Napoleon III:

**“O Hari sa Paris! Sabihin sa pari na huwag nang bumatingting sa mga kampana. Saksi ang Diyos, ang Siyang Tunay! Ang Pinakamakapangyarihang Kampana ay lumitaw na sa anyo Niya na Siyang Pinakadakilang Pangalan . . .”**[50]

Kay Nicolaevitch Alexander II, ang Czar ng Russia:

**“Magbangon ka sa kalagitnaan ng mga tao sa ngalan nitong Kapakanang lubos na kapani-paniwala, at tawagin, kung gayon, ang mga sambayanan patungo sa Diyos, ang Mataas, ang Dakila.”**[51]

Kay Reyna Victoria ng Inglatera:

**“Isaisantabi ang iyong pagnanasa, at idako, sa gayon, ang iyong puso tungo sa iyong Panginoon, ang Napakatanda sa mga Araw. Binabanggit ka Namin alang-alang sa Diyos at nais maipagbunyi ang iyong pangalan dahil sa iyong paggunita sa Diyos, ang Maykapal ng lupa at langit.”**[52]

Kay William I, ang Hari ng Prusya:

**“Mag-ingat na hindi makahadlang ang kapalaluan sa iyong pagkilala sa Pamimitak ng Banal na Rebelasyon, na hindi masarhan ng makalupang mga pagnanasa, tulad ng isang lambong, mula sa Panginoon ng Trono sa itaas at ng lupa sa ibaba.”**[53]

Kay Francis-Joseph, ang Emperador ng Austria:

**“Buksan ang iyong mga mata, upang iyong makita itong maluwalhating Pangitain, at makilala Siyang tinatawag mo sa araw at sa gabi, at masilayan ang Liwanag na sumikat sa itaas nitong maningning na Sugpungang-guhit.”**[54]

Kay Sulṭán ‘Abdu’l-‘Azíz ng Imperyong Ottoman:

**“Huwag isaisantabi ang takot sa Diyos, at maging kasama ka nilang mga kumikilos nang matuwid. Tipunin sa palibot mo ang gayong mga ministrong mababatid mula sa kanila ang halimuyak ng pananalig at katarungan, at makipag-sanggunian sa kanila, at piliin ang anumang pinakamabuti sa iyong paningin, at maging kabilang sa kanilang mga mapagbigay kumilos.”**[55]

Kay Náṣiri’d-Dín Sháh ng Persiya:

**“Ipinagdarasal Namin na mula sa Kaniyang biyaya—dakilain nawa Siya—na bunga nitong pagkapiit ay palalayain Niya ang mga leeg ng mga tao mula sa mga**

**kadena at mga tanikala, at gawin silang makabaling, nang taimtim ang mga mukha, tungo sa Mukha Niya na Siyang Makapangyarihan, ang Mapagpala. Handa Siyang sumagot sa kaninumang tumawag sa Kaniya, at malapit Siya sa gayong nakikipagniig sa Kaniya. ”**[56]

Sa mga namumuno sa America at sa mga pangulo ng mga republika niyon:

**“Bigkisan ninyo ang mga nawasak sa pamamagitan ng kamay ng katarungan, at durugin ang maniniil na yumayabong sa pamamagitan ng pamalo ng mga kautusan ng inyong Panginoon, ang Nagtatadhana, ang Maalam sa Lahat.”**[57]

Kay Papa Pius IX:

**“Ang Salitang inilihim ng Anak ay pinaging hayag na. Ito ay pinababa sa anyo ng taong templo sa araw na ito. Purihin ang Panginoong Ama! Siya, sa katunayan, ay dumating sa mga sambayanan sa Kaniyang pinakadakilang kamahalan. Ibaling ang inyong mga mukha tungo sa Kaniya, O kalipunan ng matuwid!”**[58]

Sa buong lupon ng mga monghe ng Simbahang Kristiyanismo:

**“Sabihin: O kalipunan ng mga monghe! Huwag ihiwalay ang inyong mga sarili sa inyong mga simbahan at mga kumbento. Lumabas kayo sa mga iyon sa Aking pahintulot, at pagkaabalahin, kung gayon, ang inyong mga sarili doon sa mapakikinabangan ninyo at ng mga iba.”**[59]

## BAHAGI 26

Apat na buwan pagkalipas ng biglang pagkamatay ng Pinakadalisay na Sanga, kinailangang ilipat si Bahá’u’lláh at ang Kaniyang mga kasama mula sa kuwartel dahil gagamitin iyon ng ilang mga tropa ng kawal. Siya at ang Kaniyang pamilya ay inilagay sa ilang mga bahay sa maiikling mga panahon at sa wakas ay inilipat sa isang bahay na kilala ngayon bilang ang Tahanan ni ‘Abbúd. Nanatili silang binabantayan at napaliligiran ng mga taong, dahil sa utos ng Sulṭán, ay hindi nakikipagkaibigan at galit sa kanila.

Gayumpaman, sa paglipas ng panahon, napagtanto ng mga tao ng ‘Akká na walang sala itong maliit na pangkat ng mga tapon mula sa Persiya, at ang mga kalagayan ng kanilang pagkakulong ay lumuwag. Ang malaking bahagi ng pagbabago ay dahil kay ‘Abdu’l-Bahá, na Siya ay laging nakikipag-ugnay sa mga nananahan sa lungsod at nagawang ipakilala sa kanila ang tunay na mga hangarin ng mga Bahá’í at ang diwa ng mga katuruan ng Kaniyang Ama. Sa wakas, nagagawa na ni Bahá’u’lláh ang lumabas sa lungsod ng ‘Akká at dumalaw sa malapit na mga lugar. Pagkaraan ng napakatagal na pagkakapiit Niya sa loob ng bakuran ng isang mapanglaw na lungsod, nagagawa na Niyang magpalipas ng panahon sa kabukiran at tamasahin ang kagandahan at kaluntian ng kalikasang lubos Niyang minamahal.

Ang huling mga taon ng buhay ni Bahá’u’lláh ay ginugol sa Mansiyon ng Bahjí, na nasa labas lamang ng ‘Akká. Itinayo habang Siya ay nakakulong pa sa loob ng mga pader ng lungsod, iniwan ito ng may-ari nang lumaganap sa lugar na iyon ang isang epidemya. Nakuha

ito ni ‘Abdu’l-Bahá para sa Kaniyang Ama, una ay inupahan at sa kalaunan ay tuluyan nang nabili.

Sa panahong ito ang saloobin ng mga tao, hindi lamang ng ‘Akká kundi gayundin ng mga karatig rehiyon ng Syria at Lebanon, tungo kay Bahá’u’lláh at sa Kaniyang mga tagasunod ay nagbago nang lubusan. Kahit nagpapatuloy pa rin ang bisa ng utos ng Sulṭán, at sa usaping pormal Siya ay isa pa ring bilanggo sa ilalim ng mahigpit na pagkakulong, sa katunayan, Siya ay pinagpipitagan at iginagalang nang tulad sa isang hari. Kahit ang mga opisyal ng rehiyon ay dumadalaw upang hingiin ang Kaniyang pangaral at payo. Ganoon ang kapangyarihan ng Rebelasyon ni Bahá’u’lláh upang baguhin ang puso ng tao.

Sa mga taon na ginugol sa ‘Akká at Bahjí, ipinahayag ni Bahá’u’lláh ang napakaraming mga aklat ng patnubay na magbibigay-daan upang magawa ng sangkatauhan ang itatag ang isang maluwalhating kabihasnang pandaigdig. Ang pinakamatindi sa mga akdang dumaloy buhat sa Kaniyang Panulat ay ang Kitáb-i-Aqdas, ang Pinakabanal na Aklat ng Kaniyang Dispensasyon, na ipinahayag sa Tahanan ni ‘Abbúd noong dakong 1873. Sinabi ni Shoghi Effendi, sa pagtukoy sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh sa Banal na Lupain, na:

> **“Ang mga kasulatan ni Bahá’u’lláh sa panahong ito, habang tinatanaw natin ang napakalawak na larangan na sinasaklaw niyon, ay waring maaaring hatiin sa tatlong maliwanag na uri. Ang una ay binubuo ng mga kasulatang bumuo ng pagpapatuloy sa pagpapahayag ng Kaniyang Misyon sa Adrianople. Kasama sa pangalawa ay ang mga batas at mga kautusan ng Kaniyang Dispensasyon, na sa malaking bahagi ay naitala na sa Kitáb-i-Aqdas, ang Pinakabanal na Aklat Niya. Dapat italaga sa ikatlo yaong mga Tableta na bahagyang ipinapahayag at bahagyang pinagtitibay muli ang pangunahing mga turo at mga simulain na pinagsasaligan ng Dispensasyong iyon. ”**[60]

Ang malawakang paglaganap ng Pananampalataya ni Bahá’u’lláh sa daigdig ng Kanluran ay hindi nagsimula noong Siya ay nabubuhay pa; kinailangan nitong hintayin ang panahon ng Paglilingkod ni ‘Abdu’l-Bahá. Subalit ang Kaniyang mga Turo ay nababanggit na sa mga bansa ng Kanluran, at alam na ng ilan ang tungkol sa Bilanggo ng ‘Akká na nagtataglay ng kamangha-manghang impluwensiya sa mga nakikipagkita sa Kaniya. Noong tagsibol ng 1890, ilang taon bago pumanaw si Bahá’u’lláh, si Edward Granville Browne, isang kilalang pantas mula sa Cambridge, Inglatera, ay dumating upang makipagkita sa Kaniya. Ang sumusunod na sipi ay mula sa kaniyang ulat tungkol sa makasaysayang panayam na iyon :

> “. . . ang naghatid sa akin ay huminto nang sandali habang tinanggal ko ang aking sapatos. Pagkatapos, sa isang mabilis na kilos ng kamay, siya ay tumabi, at sa pagdaan ko, ibinalik ang kurtina; at natagpuan ko ang aking sarili sa isang malaking silid, kung saan, sa dulo niyon ay naroroon ang isang mababang diban, habang sa gilid na katapat ng pinto ay nakalagay ang dalawa o tatlong upuan. Kahiman hindi malinaw ang aking sapantaha kung saan ako ay tutungo at sino ang aking makikita (dahilan sa walang malinaw na pahiwatig ang ibinigay sa akin), isa o dalawang sandali ang lumipas, nang may sikdo ng pagkamangha at sindak, nakatiyak ako na may tao sa silid. Sa sulok kung saan ang diban ay nakadikit sa dingding, nakaupo ang isang kamangha-mangha at kagalang-galang na tao, na may putong na yari sa piyeltro sa uring tinaguriang *taj* ng mga mongheng pagala (subalit pambihira ang taas at gawa) na palibot sa puno nito ay nakapulupot ang isang maliit at puting turban. Ang mukha niya na tinititigan ko ay hindi ko kailanman malilimot, kahiman hindi ko ito mailarawan. Ang nanunuot na mga

matang iyon ay waring nababasa ang kaibuturan ng kaluluwa ng isang tao; lakas at kapangyarihan ang naroroon sa malapad niyang noo; habang ang malalim na mga kunot sa noo at mukha ay nagpapahiwatig ng isang edad na waring pinabubulaanan ng napakaitim na buhok at balbas na dumadaloy sa di-mapagkaibang kalaguang halos hanggang baywang. Hindi na kailangan pang tanungin kung kaninong harapan ako nakatayo, habang yumuko ako sa harap niya na pakay ng isang pagmamahal at pag-ibig na maaaring kainggitan ng mga hari at walang saysay na pinagmimithian ng mga emperador!

"Isang malumanay at marangal na tinig ang nag-utos sa aking maupo, at pagkatapos ay nagpatuloy:—**'Purihin ang Diyos na ikaw ay nakarating! Ikaw ay dumating upang makipagkita sa isang bilanggo at tapon. . . . Wala kaming hangarin liban sa kabutihan ng daigdig at kaligayahan ng mga bansa; ngunit inakala nilang kami ang pasimuno ng kaguluhan at pag-aalsa na karapat-dapat na ibilanggo at ipatapon. . . . Na ang lahat ng mga bansa ay magkaisa sa iisang pananalig at ang lahat ng tao bilang magkakapatid; na ang mga bigkis ng pagmamahal at pagkakaisa sa mga anak ng tao ay dapat pagtibayin; na ang pagkakaiba ng relihiyon ay dapat mahinto; at ang hidwaan ng mga lahi ay pawalang-bisa—ano ang kasamaan nito? Gayumpaman ito ay mangyayari; itong mga alitang walang ibubunga, itong mapangwasak na mga digmaan, ay lilipas, at ang "Pinakadakilang Kapayapaan" ay darating. . . . Hindi ba kailangan din ninyo ito sa Europa? Hindi ba ito ang ipinangako ni Kristo? . . . Gayumpaman ay nakikita namin ang inyong mga hari at mga pinuno na ibinubulagsak ang kanilang kayamanan sa mga paraan ng pagwasak sa lahi ng tao kaysa sa makapagtataguyod ng kaligayahan ng sangkatauhan. . . . Itong mga away at itong pagdanak ng dugo at salungatan ay dapat tumigil, at ang lahat ng tao ay maging tulad ng isang kaanak at isang pamilya. . . . Huwag ikarangal ng tao na mahal niya ang kaniyang bansa; sa halip ay ikarangal niya ito, na mahal niya ang kaniyang kapwa-tao.'"[61]**

1. Sa anong kalagayan inilipat si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang mga kasama mula sa kuwartel? ____________________

2. Ano ang pangalan ng bahay sa 'Akká kung saan sa wakas ay inilipat si Bahá'u'lláh at ang Kaniyang pamilya? ____________________

3. Paano nagbago ang kalagayan ng kanilang buhay sa 'Akká? ____________________

   ____________________

4. Ano ang dahilan ng pagbabagong ito? ____________________

   ____________________

   ____________________

5. Ano ang pangalan ng mansiyon kung saan ginugol ni Bahá'u'lláh ang huling mga taon ng Kaniyang buhay? ____________________

   ____________________

6. Sa anong mga kalagayan nakuha ni ‘Abdu’l-Bahá ang Mansiyon ng Bahjí? ________

________________________________________________________________________

7. Ano ang pinakamahalagang akdang ipinahayag ni Bahá’u’lláh sa mga taon noong nasa ‘Akká Siya? ____________________________________________________________

________________________________________________________________________

8. Saan ito ipinahayag at kailan? _____________________________________________

________________________________________________________________________

9. Sang-ayon kay Shoghi Effendi, ano ang tatlong kategorya ng mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh sa panahong ito?

   a. ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

   b. ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

   c. ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

10. Ano ang ilan sa mga batas ng Dispensasyon ni Bahá’u’lláh? ____________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

11. Ano ang ilan sa mga katuruan at mga simulain ng Kaniyang Dispensasyon?________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

12. Sino si Edward Granville Browne? _______________________________________

________________________________________________________________________

13. Ano ang mga salitang ginamit ni Edward Granville Browned sa paglalarawan ng kaniyang mga damdamin sa pagyuko sa harap ni Bahá'u'lláh? ________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

14. Sang-ayon sa mga salitang itinala ni Edward Granville Browne:

– Ano ang sinabi ni Bahá'u'lláh na Kaniyang hangarin? ____________________

______________________________________________________________

– Ano ang sinabi Niyang dapat mangyari sa lahat ng mga bansa? ____________

______________________________________________________________

– Ano ang gusto Niyang makitang pagtibayin? ___________________________

______________________________________________________________

– Ano ang hinihingi Niyang mahinto? ________________________________

– Ano ang hinihingi Niyang pawalang-bisa? ____________________________

– Ano ang ipinapangako Niyang mangyayari? ___________________________

______________________________________________________________

– Ano ang sinasabi ni Bahá'u'lláh na dapat nating lahat ikarangal? ___________

______________________________________________________________

## BAHAGI 27

Ang Kitáb-i-Aqdas ay hindi mahabang aklat; binubuo lamang ito ng 190 parapo. Subalit nakapaloob dito ang pangunahing mga batas at mga ordinansa ng kabihasnang pandaigdig ng hinaharap. Tinutukoy ito ni Shoghi Effendi bilang Inang Aklat ng Dispensasyon ni Bahá'u'lláh at ang Karta ng Kaniyang Bagong Kaayusang Pandaigdig. Paulit-ulit ninyong pag-aaralan ang mga sipi mula sa Kitáb-i-Aqdas sa kahabaan ng inyong buhay habang sinisikap ninyong iayon ang inyong mga kaisipan at mga kilos sa mga kautusan ng Diyos. Para sa ngayon, iminumungkahing sikapin ninyong isaulo ang unang limang parapo nito:

**"Ang unang tungkuling iniutos ng Diyos para sa mga tagapaglingkod Niya ay ang pagkilala sa Kaniya na Pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon at Bukal ng Kaniyang mga batas, Siyang kumakatawan sa Diyos kapuwa sa Kaharian ng Kaniyang Kapakanan at sa daigdig ng sangnilikha. Sinuman ang makagawa ng tungkuling ito ay natamo ang lahat ng kabutihan; at sinuman ang pinagkaitan niyon ay naligaw, kahiman siya ang may-akda ng lahat ng makatarungang gawa. Nararapat sa lahat ng nakarating sa pinakamataas na katayuang ito, itong rurok ng nangingibabaw na kaluwalhatian, na sundin ang bawat alituntunin Niya na Mithiin ng daigdig. Ang kambal na tungkuling ito ay hindi maipaghihiwalay. Ang**

**isa ay hindi tatanggapin kung wala ang isa. Sa gayon, ito ay iniutos Niya na Pinagmumulan ng Banal na inspirasyon.**

**"Silang pinagkalooban ng Diyos ng malalim na pag-unawa ay kaagad mauunawaang ang mga utos na ibinigay ng Diyos ay ang bumubuo sa pinakamataas na pamamaraan para sa pagpapanatili ng kaayusan sa daigdig at sa kaligtasan ng mga tao nito. Siyang tumalikod sa mga iyon ay nabibilang doon sa mga kahabag-habag at hangal. Kami, sa katunayan, ay nag-uutos sa inyo na tanggihan ang mga utos ng inyong masamang simbuyo at katiwalian ng inyong mga hangarin, at huwag lumampas sa mga hangganang itinakda ng panulat ng Pinakamataas, sapagkat ito ang hinga ng buhay sa lahat ng nilikhang bagay. Ang mga karagatan ng Banal na karunungan at Banal na pananalita ay pumailanlang sa ilalim ng hinga ng simoy ng Lubos na Mahabagin. Magmadali upang inumin ang inyong bahagi, O mga taong may pang-unawa! Silang lumabag sa Kasunduan ng Diyos dahilan sa paglabag sa Kaniyang mga utos, at sa kanilang paglabag ay tumalikod at lumayo, ang mga ito ay malubhang nagkamali sa paningin ng Diyos, ang Nagmamay-ari ng Lahat, ang Pinakamataas.**


**"O kayong mga tao ng daigdig! Alamin nang may katiyakan na ang Aking mga utos ay ang mga tanglaw ng Aking mapagmahal na pagkupkop sa Aking mga tagapaglingkod, at ang mga susi ng Aking habag sa Aking mga nilalang. Sa gayon ito ay pinababa mula sa kalangitan ng Kalooban ng inyong Panginoon, ang Panginoon ng Rebelasyon. Sinumang tao ang makatitikim sa katamisan ng mga salitang ninanais bigkasin ng mga labi ng Lubos na Mahabagin, gagawin niya, kahiman siya ang nagmamay-ari ng mga kayamanan ng kalupaan, na itakwil ang mga iyon nang isa-isa at lahat, upang magawa niyang mapatunayan ang katotohanan ng kahit isa sa Kaniyang mga utos, na nagniningning sa ibabaw ng Pamimitak ng Kaniyang mapagpalang pangangalaga at mapagmahal na kagandahang-loob.**

**"Sabihin: Mula sa Aking mga batas, ang kalugud-lugod na halimuyak ng Aking damit ay masasamyo, at sa pamamagitan ng tulong ng mga iyon ang mga bandila ng Tagumpay ay ititirik sa pinakamataas na mga bundok. Ang Dila ng Aking lakas, mula sa kalangitan ng Aking pinakamabisang luwalhati, ay sinabi sa Aking nilikha ang ganitong mga salita: "Sundin ang Aking mga utos, dahil sa pag-ibig sa Aking kagandahan." Maligaya ang mangingibig na nalanghap ang banal na halimuyak ng kaniyang Pinakamamahal mula sa mga salitang ito, tigmak ng pabango ng isang pagpapala na walang dila ang maaaring makapaglarawan. Saksi ang Aking buhay! Siyang nakainom ng piling alak ng katarungan mula sa mga kamay ng Aking mapagpalang kabutihang-loob ay iikot sa paligid ng Aking mga utos na nagniningning sa ibabaw ng Pamimitak ng Aking nilalang.**

**"Huwag isiping nagpahayag Kami ng isa lamang talaan ng mga batas. Hindi, kundi binuksan Namin ang piling Alak sa pamamagitan ng mga daliri ng kapangyarihan at lakas. Dito ay sumasaksi yaong ipinahayag ng Panulat ng Rebelasyon. Nilay-nilayin ito, O mga taong may pang-unawa."[62]**

## BAHAGI 28

Ang sunud-sunod na mga pagpapatapon kay Bahá'u'lláh, bagaman isinagawa sa utos ng dalawang maniniil, kasabwat ang balakyot na mga pinuno ng relihiyon, sa katunayan ay sang-ayon sa paggiya ng Kamay ng Mismong Diyos na Lubos na Makapangyarihan. Ang mga puwersang pinawalan ng Kahayagan ng Diyos habang lumilipat Siya mula sa isang lugar patungo sa isa pang lugar—mula sa Kaniyang tinubuang lupa hanggang sa mga dalampasigan ng 'Akká, na karatig sa pook kung saan itatatag ang espiritwal at pampangasiwaang sentro ng Kaniyang Pananampalataya—ay hindi maaaring masukat. Mula sa inyong pag-aaral ng Aklat 2, bihasa na kayo sa mapa sa ibaba, kung saan ipinakikita ang ruta ng Kaniyang mga pagpapatapon. Kaugnay ng malalim na mga pag-unawang natamo ninyo sa yunit na ito, maglaan ngayon ng ilang panahon upang nilay-nilayin ang espiritwal na kahalagahan ng naganap sa bawat isa sa pinakamahalagang lugar. At habang nililimi ninyo ang napakaraming mga pangyayaring nauugnay sa Kaniyang buhay at nagkakaroon ng karagdagang sulyap sa Kaniyang kadakilaan at kaluwalhatian, sa Kaniyang kapangyarihan at kamahalan, gunitain ang Kaniyang mga salita: "Siyang natatago magpakailanman mula sa mga mata ng tao kailanman ay hindi makikilala liban sa pamamagitan ng Kaniyang Kahayagan, at ang Kaniyang Kahayagan ay hindi makapagbibigay ng higit na malaking katibayan ng katotohanan ng Kaniyang Misyon bukod sa katibayan ng Kaniyang sarili."[63]




## BAHAGI 29

Sa mga taon kung kailan ang isang Kahayagan ng Diyos ay lumalakad sa kalagitnaan natin, ang Kaniyang bukod-tanging mga kapangyarihan ay pinalalaganap sa buong daigdig, na nagsasanhi ng napakalalim na pagbabago sa realidad ng lahat ng nilikhang bagay. Sa maluwalhating Araw na ito, ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Salita ng Diyos sa sangkatauhan sa loob ng halos apatnapung taon, pinagkalooban ang daigdig ng nilalang ng walang-hanggang

mga natatagong kakayahan, na ang pamumukadkad ng mga iyon ay magbubunga ng isang kabihasnang di-malirip ang kagandahan. Ang walong dekadang iyon ng nagpapatuloy na Rebelasyong banal ay nagwakas noong ika-29 ng Mayo 1892.

Siyam na buwan bago Siya pumanaw, sinabi ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang hangaring lisanin ang daigdig na ito. Mula noon, naging higit na malinaw mula sa tono ng Kaniyang mga sinasabi na nalalapit na ang pagwawakas ng Kaniyang buhay sa lupa. Sa gabi ng ika-8 ng Mayo 1892, Siya ay nagkaroon ng sinat. Tumaas ang lagnat nang sumunod na araw ngunit pagkatapos ay tila nawala ito. Patuloy Niyang pinahihintulutan ang mga kaibigan at mga peregrino na makipagkita sa Kaniya. Gayumpaman, hindi nagtagal ay naging malinaw na hindi mabuti ang kalagayan Niya. Bumalik ang Kaniyang lagnat, nang higit na matindi kaysa sa nakaraan, at ang Kaniyang kalagayan ay lumala. Sa oras ng madaling araw ng ika-29 ng Mayo 1892, sa ikapitumpu't limang taon ng Kaniyang buhay, ang Kaniyang espiritu ay sumakabilang buhay.

Anin na araw bago Siya pumanaw, tinawag Niya sa Kaniyang harapan ang lahat ng mga mananampalatayang nagtipon sa Mansiyon ng Bahjí, para sa magiging huli nilang pakikipagkita sa Kaniya. Habang Siya ay nakahiga, at inaalalayan ng isa sa Kaniyang mga anak na lalaki, sinabi Niya sa kanila: "Ako ay lubhang nasisiyahan sa inyong lahat. Nakapagbigay kayo ng maraming paglilingkod, at naging lubhang masipag sa inyong mga gawain. Nagpunta kayo rito tuwing umaga at tuwing gabi. Harinawang tulungan kayo ng Diyos na manatiling nagkakaisa. Harinawang tulungan Niya kayo upang dakilain ang Kapakanan ng Panginoon ng tao." [64] Dumadaloy ang mga luha mula sa mga mata ng mga natitipon sa palibot Niya.

Ang balita ng Kaniyang pagpanaw ay kaagad ipinadala sa Sulṭán sa pamamagitan ng isang telegrama. Ang mensahe ay nag-umpisa sa mga salitang "ang Araw ni Bahá ay lumubog na" at nagpatuloy na ipaalam sa Sulṭán ang planong ilibing ang banal na mga labi malapit sa Mansiyon. Isang maliit na silid sa bahay sa kanluran lamang ng Mansiyon ang pinili, at hindi nagtagal pagkalipas ng takipsilim ng araw din ng Kaniyang pagpanaw, ang Kaniyang labi ay inilibing. Inilarawan ni Nabíl ang matinding dalamhati ng mga araw na iyon sa ganitong mga salita: "Wari kong ang espiritwal na kaguluhang naganap sa daigdig ng alabok ay naging dahilan upang mayanig ang lahat ng mga daigdig ng Diyos. . . . Ang aking panloob at panlabas na dila ay walang kakayahang ilarawan ang kalagayan namin. . . . Sa gitna ng namamayaning katarantahan, isang napakalaking bilang ng mga naninirahan sa 'Akká at mga karatig nayon, na nagsisiksikan sa mga bukid na nakapalibot sa Mansiyon ang nakitang lumuluha, pinapalo ang kanilang mga ulo, at malakas na isinisigaw ang kanilang pighati."[65]

Sa buong isang linggo, walang patid ang daloy ng mga nagluluksang dumating upang ipahayag ang kanilang pagdadalamhati sa pamilya ni Bahá'u'lláh. Ang tanyag na mga tao mula sa lahat ng bahagi ng lipunan, kabilang ang mga Muslim, mga Kristiyano, at mga Hudyo, mga makata, mga klero at mga opisyal ng pamahalaan, ay sumama sa pananangis sa pagkawala Niya at sa pagpuri sa Kaniyang mga kabutihan at kadakilaan. Marami sa kanila ay nagbigay pa ng nasusulat na parangal sa Kaniya. Ang kahalintulad na mga parangal ay natanggap mula sa mga lungsod sa kahabaan ng rehiyon, na ang lahat ng mga iyon ay ibinigay kay 'Abdu'l-Bahá, na Siya na ngayon ang kinatawan ng Kapakanan ni Bahá'u'lláh. Subalit, itong mga paghahayag ng dalamhati, sa mga salita ng Guardian, "ay isang patak lamang kung ihahambing sa karagatan ng pighati at ang napakaraming mga katibayan ng walang-hanggang pagmamahal, na sa oras ng paglubog ng Araw ng Katotohanan, ay dumaloy mula sa mga puso ng di-mabilang na libu-libong nagtataguyod sa Kapakanan Niya, at nagtitikang dalhin nang nakataas ang bandila nito sa Persiya, India, Rusya, 'Iráq, Turkiya, Palestine, Ehipto, at Syria."[66]

Ngayon, pagkatapos nilay-nilayin sandali ang mga parapo sa itaas, bumuo ng paris sa isa pang miyembro ng inyong grupo at maghalinhinan kayo sa pagsasaysay ng pagyao ni Bahá'u'lláh sa sarili ninyong mga salita.

## BAHAGI 30

Pagkatapos ng pagyao ni Bahá'u'lláh, si Nabíl ay inatasan ni 'Abdu'l-Bahá upang piliin ang mga siping bumubuo sa teksto ng Tableta ng Pagdalaw. Ang Tabletang ito ay binibigkas sa mga Dambana ni Bahá'u'lláh at ng Báb. Madalas din itong ginagamit upang ipangilin ang Kanilang mga anibersaryo. Ang pagyao ni Bahá'u'lláh ay ipinapangilin sa madaling araw ng ika-29 ng Mayo. Habang kayo ay nakikilahok sa gayong mga pagtitipon sa inyong pamayanan, kayo ay magiging bihasa, kung sakaling hindi pa, sa teksto ng Tabletang ito na sukdulan ang kagandahan. Nararapat lamang, kung gayon, na wakasan natin ang kursong ito tungkol sa buhay ni Bahá'u'lláh sa inyong pagbasa at pagnilay-nilay sa Tabletang iyon:

> **"Ang papuring nagliwayway buhat sa Iyong kamahal-mahalang Sarili, at ang kaluwalhatiang sumikat buhat sa Iyong maningning na Kagandahan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kahayagan ng Kamaharlikaan, at Hari ng Kawalang-hanggan, ang Panginoon ng lahat ng nasa langit at nasa lupa! Pinatutunayan kong sa pamamagitan Mo ang paghahari ng Diyos at ang Kaniyang kaharian, at ang kamaharlikaan, ay nahayag, at ang Bituing-Araw ng matandang karilagan ay nagpalaganap ng ningning niyon sa langit ng Iyong di-mababaling kautusan, at ang Kagandahan ng Di-nakikita ay sumikat sa itaas ng guhit-sugpungan ng santinakpan. Higit dito ay pinatutunayan kong sa isa lamang kilos ng Iyong Panulat, ang Iyong utos na, "Ikaw ay maging" ay naipatupad, at ang nakatagong Lihim ng Diyos ay naihayag, at lahat ng nilikhang bagay ay tinawag sa pagkabuhay, at lahat ng mga Rebelasyon ay ipinapanaog.**
>
> **"Higit dito ay pinatutunayan ko na sa pamamagitan ng Iyong kagandahan, ang kagandahan ng Sinasamba ay inalisan ng takip, at sa pamamagitan ng Iyong mukha, ang mukha ng Hinahangad ay sumikat, at sa pamamagitan ng isang salita buhat sa Iyo, nakapamili Ka sa lahat ng mga bagay na nilalang; yaong mga matapat sa Iyo ay tinulutan Mong makaakyat sa tuktok ng kaluwalhatian, at ang mga walang pananampalataya ay mahulog sa pinakamalilim na bangin.**
>
> **"Pinatutunayan ko na ang nakakilala sa Iyo ay nakakilala sa Diyos, at ang nakarating sa Iyong harapan ay nakarating sa harapan ng Diyos. Dakila samakatwid, ang pagpapala niyang nanampalataya sa Iyo, at sa Iyong mga tanda, at nagpakababa sa harap ng Iyong kapangyarihan, at naging karangalan ang pakikipagtagpo sa Iyo, at nakaabot sa mabuting kasiyahan ng Iyong kalooban, at nakaligid at Iyo, at nakatayo sa harap ng Iyong trono. Kapighatian ay mapapasa kaniya na sumalansang sa Iyo, at tumanggi sa Iyo, at nagpawalang-saysay sa Iyong mga tanda, at tumutol sa Iyong paghahari, at nagbangon laban sa Iyo at nagpalalo sa harap ng Iyong mukha, at pinakipagtalunan ang Iyong kaharian, at nabilang sa mga walang pananampalataya, na ang mga pangalan ay itinitik ng mga daliri ng Iyong utos sa Iyong mga banal na Tableta.**

**“Itulak Mo kung gayon patungo sa akin, O aking Diyos at aking Mahal, buhat sa kanang kamay ng Iyong kahabagan at Iyong mapagmahal na kaawaan, ang mga banal na hininga ng Iyong mga pagtatangkilik, nang upang ako ay mailayo ng mga iyon sa aking sarili at sa daigdig patungo sa mga liwasan ng pagkalapit sa Iyo at pagkaharap sa Iyo. May kakayahan Kang gumawa ng ikinasisiya Mo. Tunay na Ikaw ay nakapangyayari sa lahat ng bagay.**

**“Ang pag-alaala sa Diyos at ang pagpuri sa Kaniya at ang kaluwalhatian ng Diyos at ang Kaniyang karigalan, ay nananahan sa Iyo, O Ikaw na Kaniyang Kagandahan! Saksi ako na ang mata ng santinakpan ay di-kailanman nakamalas ng isang pinagkasalahan na tulad Mo. Nakalubog Ka sa lahat ng araw ng Iyong buhay sa karagatan ng mga paghihirap. May isang panahong Ikaw ay nakatanikala; sa isa pang panahon ay pinagbantaan Ka ng mga tabak ng Iyong mga kaaway. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, iniutos Mo sa lahat ng tao na sundin yaong sa Iyo ay iniatas Niya na Nakababatid ng Lahat, ang Lubos na Marunong.**

**“Ang aking espiritu ay maging hain nawa sa mga kasamaang pinagdusa Mo, at ang aking kaluluwa ay maging panubos nawa sa mga kasawiang-palad na dinanas Mo. Sumasamo ako sa Diyos sa pamamagitan Mo at nilang ang mga mukha ay tinanglawan ng kaluningningan ng liwanag ng Iyong kaanyuan, at silang sa pag-ibig sa Iyo ay nagsagawa ng lahat ng iniatas sa kanila, na alisin ang mga lambong na nakapagitan sa Iyo at sa Iyong mga nilalang, at dulutan ako ng mga mabuting bagay sa daigdig na ito at sa daigdig na darating. Ikaw sa katotohanan, ang Lubos na Makapangyarihan, ang Kataas-taasan, ang Lubos na Maluwalhati, ang Laging Nagpapatawad, ang Pinakamahahabagin.**

**“Pagpalain Mo, O Panginoon kong Diyos, ang Banal na Punong-Luto at ang mga dahon niyon, at ang malaking mga sanga niyon, at ang maliit na mga sanga niyon, at ang mga tangkay niyon, at ang mga supang niyon, hanggang ang Iyong pinakamagaling na mga taguri at ang Iyong kamahal-mahalang mga katangian ay mananatili. Ipag-adya iyon, kung gayon, sa pamiminsala ng mapanunggali at sa mga pangkat ng manlulupig. Tunay na Ikaw ang Lubos na Makapangyarihan, ang Pinakamalakas. Pagpalain Mo rin, O Panginoon kong Diyos, ang Iyong mga tagapaglingkod at ang Iyong mga kawaksing babae na nakarating sa Iyo. Tunay na Ikaw ang Lubos na Mapagpala, na ang biyaya ay walang hanggan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Laging-Nagpapatawad, ang Pinakamagandang-loob.”[67]**

## BAHAGI 31

Mula sa inyong sariling karanasan, alam ninyong magkakaroon kayo ng maraming mga pagkakataon sa darating na mga taon upang isaysay ang kuwento ng buhay ni Bahá’u’lláh. Tiyak na ibinahagi na ninyo ang kuwento sa maraming pagkakataon mula nang matapos ang Aklat 2, na naghain sa inyo ng maikli subalit kumpletong kasaysayan ng Kaniyang buhay, bilang isa sa mga paksa ng pagpapalalim na maaaring saliksikin kasama ang mga kaibigan at mga kapitbahay sa serye ng pagdalaw sa kanilang mga tahanan. Ang kuwentong pinag-aralan ninyo ngayon ay higit na detalyado kaysa sa inilahad doon sa Aklat 2, at magagawa ninyong maibahagi sa inyong mga talakayan tungkol sa katauhan ni Bahá’u’lláh ang bagong kaalamang natamo ninyo kaugnay ng mga pangyayari sa Kaniyang buhay, sang-ayon sa hinihingi ng mga


kalagayan. Subalit higit na mahalaga pa ay ang malalim na mga pag-unawang natamo ninyo mula sa gayong mga pangyayari ukol sa likas na katangian ng Kaniyang Rebelasyon, sa katangian ng Kaniyang Misyon, sa sukat ng mga puwersang pinawalan ng Kaniyang pagdating, at sa kahalagahan ng panahong ito sa kasaysayan ng tao. Maging anupaman ang mga kalagayan—maging isang maikling usapan sa isang bago pa lamang sa Pananampalataya o sa isang pagtatanghal na ginagawa habang dumadalaw sa isang tahanan sa inyong nayon o kapitbahayan—itong malalim na mga pag-unawa, sa huling pagsusuri, ang magkakaroon ng impluwensiya sa paraan ng inyong pananalita tungkol sa katauhan ni Bahá'u'lláh at kung ano ang ibinabahagi ninyo sa tagapakinig. Mangyari pa, magkakaroon ng mga pagkakataon kung kailan ang isang payak na pagtatanghal ang kinakailangan, at ang sumusunod na mga pahina ay maaaring makatulong sa inyo kaugnay nito.

# Bahá’u’lláh

*Ang Luwalhati ng Diyos*




**Si Bahá'u'lláh ay isinilang noong ika-12 ng Nobyembre 1817 sa Ṭihrán, ang kabisera ng Iran. Mula sa Kaniyang pagkabata, nagpamalas Siya ng mga palatandaan ng kadakilaan. Tumanggap Siya ng ilang pagtuturo sa tahanan, subalit hindi kinailangang pumasok sa paaralan dahil pinagkalooban Siya ng Diyos ng likas na kaalaman.**



**Isang gabi, nanaginip ang Kaniyang ama kung saan nakita niya si Bahá’u’lláh ay lumalangoy sa karagatan Ang liwanag mula sa Kaniyang katawan ay nagtanglaw sa tubig. Ang mahaba Niyang itim na buhok ay lumulutang sa lahat ng dako, at sumusunod sa Kaniya ang isang kawan ng isa, bawat isa nakakapit sa dulo ng isang buhok. Kumikilos Siya nang malaya at walang sagabal. Ang panaginip ay isang palatandaan ng dakilang tadhanang naghihintay kay Bahá’u’lláh.**



**Sa kalaunan, nang Siya ay nagbinata na, inalok sa Kaniya ang isang mataas na puwesto sa korte ng Hari, subalit tinanggihan Niya ito. Hinangad Niyang gugulin ang Kaniyang panahon sa pagtulong sa mga api, sa maysakit, at sa maralita, at ipaglaban ang kapakanan ng katarungan.**



**Nang Siya ay 27 taong gulang, tumanggap si Bahá’u’lláh ng isang pergamino ng mga Kasulatan mula sa Báb, ang bagong Sugo ng Diyos, na Siya ang naghahanda sa mga tao para sa pagdating ng Ipinangako sa Lahat ng Panahon. Tinanggap ni Bahá’u’lláh ang Mensahe ng Báb at naging isa sa Kaniyang pinakamasigasig na tagasunod.**



**Ang mga awtoridad, na ayaw tanggapin ang katotohanang ipinahayag ng Báb, ay nagsimula ng pag-uusig sa mga naniniwala sa Kaniya, at sa gayon nagsimula ang mga pagdurusa ni Bahá'u'lláh. Noong taong 1852, Siya ay dinakip at nilagyan ng tanikala sa isa sa lubhang kakila-kilabot na bilangguan sa Ṭihrán.**



**Sa bilangguang ito, inihayag ng Diyos kay Bahá’u’lláh na Siya ang ipinangako ng Báb at ng lahat ng mga Propeta ng nakaraan. Mula sa madilim na bartolinang ito ay sumikat ang Araw ng Katotohanan, tinanglawan ang daigdig at isinilang ang isang bagong Araw sa buhay ng sangkatauhan.**



**Pagkaraan ng apat na buwan ng pagkabilanggo, ipinatapon ng pamahalaan si Bahá’u’lláh mula sa Kaniyang lupang tinubuan. Sa panahon ng matinding ginaw ng taglamig, si Bahá’u’lláh at ang Kaniyang pamilya ay nagsagawa ng mahabang paglalakbay mula sa Ṭihrán patungong Baghdád.**



**Sa Ba<u>gh</u>dád, lumaganap ang katanyagan ng karunungan ni Bahá’u’lláh sa lahat ng dako. Dumagsa ang mga taong iba’t iba ang pinangmulan sa Kaniyang tahanan, hinhingi ang Kaniyang tulong at payo. Natakot ang pamahalaan sa impluwensiya ni Bahá’u’lláh at ipinasiyang ipatapon Siya nang mas malayo pa mula sa Kaniyang inangbayan.**



# *Hardin ng Riḍván*
## *Abril 1863*

**Bago lisanin ang Ba<u>gh</u>dád, ginugol ni Bahá'u'lláh ang labindalawang araw sa isang hardin sa labas ng lungsod kung saan patuloy ang daloy ng mga panauhing nagpapaalam sa Kaniya. Sa harding ito, ipinahayag ni Bahá'u'lláh na Siya ang Kahayagan ng Diyos para sa Araw na ito. Sa darating na mga siglo, itong labindalawang araw sa Abril ay ipagdiriwang bilang Pista ng Riḍván, ang anibersaryo ng Pagpapahayag ni Bahá'u'lláh ng Kaniyang Misyong nakasasaklaw sa buong daigdig.**


Sulṭán ‘Abdu’l-‘Aziz
ng Imperyong Ottoman


Nicolaevitch Alexander II,
ang Czar ng Rusya



Francis-Joseph,
Emperador ng Austria


Napoleon III,
Emperador ng Pransya


Náṣiri’d-Dín <u>Sh</u>áh
ng Persiya


Papa Pius IX


Reyna Victoria
ng Inglatera


William I,
Hari ng Prusya

**Ang kasunod na pinagtapunan kay Bahá’u’lláh ay sa Constantinople, at sa kalaunan, sa Adrianople, mga lungsod na kapuwa nasa Turkiya sa kasalukuyan. Mula sa Adrianople, si Bahá’u’lláh, na bilanggo at tapon, ay lumiham sa mga hari at pinuno ng daigdig, inatasan silang itaguyod ang katarungan at gamitin ang kanilang kapangyarihan upang wakasan ang pagdurusa at digmaan.**



**Sa Adrianople, tulad ng dati, ang kabantugan ni Bahá'u'lláh ay lumaganap sa mga naninirahan sa rehiyon, at ipinasiya ng pamahalaan na ipatapon Siya nang mas malayo pa, sa piitang-lungsod ng 'Akká. Ito ang piitan kung saan ang pinakamasamang mga kriminal at manunulsol ay ipinadadala, at hindi na muling nababalitaan pa.**



**Ang mga kalagayan ng pagkabilanggo ay napakalupit. Ang ilang mga tagasunod ni Bahá’u’lláh ay naglakbay ng mahabang mga distansiya patungong ‘Akká, subalit hindi pinahintulutang makaharap Siya. Maaari lamang nilang masulyapan Siya mula sa malayo habang kumakaway Siya mula sa bintana ng Kaniyang bilangguan.**



**Unti-unting bumuti ang mga kalagayan habang nakilala ng lumalaking bilang ng mga tao sa rehiyon ang kapangyarihan at karingalan ni Bahá’u’lláh. Sa huling mga taon ng Kaniyang buhay, tumira Siya sa Mansiyon ng Bahjí sa labas ng mga pader ng lungsod. Sa ‘Akká ipinahayag ni Bahá’u’lláh ang mga aklat ng patnubay para sa sangkatauhan, kabilang ang Kitáb-i-Aqdas, ang Kaniyang Pinakabanal na Aklat.**



**Sumakabilang-buhay si Bahá'u'lláh noong Mayo 1892. Ang Kaniyang himlayan sa Bahjí, na napapalibutan sa ngayon ng magandang mga hardin, ay ang Pinakabanal na Pook sa lupa. Bawat taon, libu-libo mula sa buong daigdig ay dumadalaw sa Kaniyang himlayan upang magbigay-pitagan at magdasal at magnilay-nilay sa matiwasay na kapaligiran.**

## MGA REPERENSIYA


1. Mula sa isang talumpating ibinigay noong ika-18 ng Abril 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), par. 2, p. 34.

2. *The Summons of the Lord of Hosts: Tablets of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006), no. 3.14–15, p. 248.

3. Ibid., no. 3.16–17, mp. 248–49.

4. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway: Ang Salaysay ni Nabíl tungkol sa mga Unang Panahon ng Rebelasyong Bahá'í* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2018), mp. 116-117.

5. Ibid., p. 117.

6. Bahá'u'lláh, *Epistola sa Anak ng Lobo* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), ¶11, p.13.

7. *Abdul Baha on Divine Philosophy* (Boston: The Tudor Press, 1918), p. 53.

8. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 95.

9. Ibid., mp. 101-102.

10. Ibid., mp. 102–103.

11. Ibid., mp. 103.

12. Ibid., p. 104.

13. Ibid.

14. Ibid., p. 105.

15. Ibid., p. 106.

16. *Selections from the Writings of the Báb* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2014 printing), no. 3:8.1, mp. 106–107.

17. Ibid., no. 3:27.1, mp. 126–127.

18. Ibid., no. 5:21.3, p. 193.

19. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 111.

20. Ibid., p. 114.

21. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CXXIX, par. 1–2, mp. 316–317.

22. Mula sa isang talumpating ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá noong ika-22 ng Mayo 1912, inilathala sa *The Promulgation of Universal Peace*, par. 6, mp. 193–194.

23. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway,* mp. 607–608.

24. *Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2017), p. 47.

25. Ibid., p. 110.

26. *Epistola sa Anak ng Lobo*, ¶32, mp. 25–26.

27. *Ang mga Nagsimula ng Bukang-liwayway*, p. 605.

28. *Epistola sa Anak ng Lobo*, ¶34, mp. 26-27.

29. Ibid., ¶36, p. 28.

30. *The Summons of the Lord of Hosts*, no. 1.6-1.8, mp. 6–7.

31. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, XXIX, par. 5, p. 80.

32. Mula sa isang liham ng ika-24 ng Hunyo 1936 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi, sa "Crisis and Victory: A Compilation of Extracts from the Bahá'í Writings", tinipon ng Research Department ng Universal House of Justice, inilathala sa *The Compilation of Compilations* (Maryborough: Bahá'í Publications Australia, 1991), vol. 1, no. 287, p. 148.

33. H. M. Balyuzi, *Bahá'u'lláh: The King of Glory* (Oxford: George Ronald, 1991, 2018 printing), p. 106.

34. Bahá'u'lláh, sinipi ni Shoghi Effendi, *Nagdaraan ang Diyos* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2019), mp. 119–120.

35. Bahá'u'lláh, *Ang Kitáb-i- Íqán: Ang Aklat ng Katiyakan* (Parañaque: Bahá'í Publishing Trust, 2021), par. 278, p. 286.

36. Bahá'u'lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, mp. 126–127.

37. Nabíl-i-A'zam, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos,* p. 151.

38. *Epistola sa Anak ng Lobo*, ¶35, p. 27.

39. Bahá'u'lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, p. 159.

40. *Ang Kitáb-i-Íqán*, par. 1, p. 3.

41. Bahá’u’lláh, *Ang Natatagong mga Salita* (Parañaque: Bahá’í Publishing Trust, 2017), p. 1.

42. Bahá’u’lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, p. 162.

43. Bahá’u’lláh, *Ang Kitáb-i-Aqdas: Ang Pinakabanal na Aklat* (Manila: Bahá’í Publishing Trust, 2003), par. 75, p. 60.

44. Nabíl-i-A‘zam, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, mp. 169-170.

45. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, XIV, par. 1, 4–5, 11–12, mp. 29–34.

46. *Nagdaraan ang Diyos*, p. 177.

47. Bahá’u’lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, p. 204.

48. H. M. Balyuzi, *Bahá’u’lláh: The King of Glory*, mp. 317–19.

49. Bahá’u’lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, p. 204.

50. *The Proclamation of Bahá’u’lláh to the Kings and Leaders of the World* (Haifa: Bahá’í World Centre, 1967, 1972 printing), p. 17.

51. Ibid., p. 28.

52. Ibid., p. 33.

53. Ibid., p. 39.

54. Ibid., p. 43.

55. Ibid., p. 47.

56. Ibid., p. 60.

57. Ibid., p. 63.

58. Ibid., p. 84.

59. Ibid., p. 95.

60. *Nagdaraan ang Diyos*, p. 226.

61. Edward Granville Browne, ulat ng mga salita ni Bahá’u’lláh, sinipi ni H. M. Balyuzi, *Bahá’u’lláh: The King of Glory*, mp. 378–380.

62. Bahá’u’lláh, sa *Ang Kitáb-i-Aqdas*, par. 1–5, mp. 25–27.

63 *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh*, XX, par. 1.

64. Bahá'u'lláh, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, mp. 245.

65. Nabíl-i-A'zam, sinipi sa *Nagdaraan ang Diyos*, mp. 245–246.

66 Shoghi Effendi, *Nagdaraan ang Diyos,* p. 246.

67. Bahá'u'lláh, sa *Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalangin na ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ang Báb, at 'Abdu'l-Bahá* (Manila: Bahá'í Publishing Trust, 2008), mp. 128–36.